



PHILIPPINE
NORMAL
UNIVERSITY



Graduate Theses

NORTH LUZON

March 2018

Antas ng Kahusayan sa Pagsulat ng Komposisyon: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo

Irene C. Lazaro

Philippine Normal University - North Luzon

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Lazaro, I.C. & Sario, M.L.P. (2018)

Antas ng Kahusayan sa Pagsulat ng Komposisyon: Batayan sa Pagbuo ng
Kagamitang Pampagtuturo

(Master's Thesis, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1314



**ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON: BATAYAN SA
PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO**

IRENE C. LAZARO

**FAKULTI NG GRADWADONG PAG-AARAL AT
PANANALIKSIK SA EDUKASYONG PANGGURO
SA EDUKASYON NG MGA KATUTUBO
PAMANTASANG NORMAL NG PILIPINAS
NORTH LUZON CAMPUS
ALICIA, ISABELA**

MARCH 2018



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON: BATAYAN SA
PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO

Isang TESIS na iniharap sa
Fakulti ng Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik
sa Edukasyong Pangguro sa Edukasyon ng mga Katutubo
PAMANTASANG NORMAL NG PILIPINAS
Sentrong Nasyonal ng Edukasyong Pangguro
Edukasyon ng mga Katutubo
North Luzon – Campus
Isabela

Bilang bahagi ng katuparan
sa mga pangangailangan sa titulong
DALUBHASA SA SINING NG EDUKASYON
Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino

IRENE C. LAZARO

March 2018



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay may pamagat na **ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON: BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO**, na inihanda at iniharap ni **IRENE C. LAZARO** bilang bahagi ng pagtupad sa mga pangangailangan para sa titulong **DALUBHASA SA SINING NG EDUKASYON, espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino**, ay nasuri at itinagubiling tanggapin at pagtibayin para sa isang pasalitang pagsusulit.

MA. LINA P. SARIO
Adviser

Pinagtibay bilang bahagi ng katuparan sa mga pangangailangan sa titulong **Dalubhasa sa Sining ng Edukasyon, espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino** ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit.

VIRGILIO F. REYES, JR.
Kagawad

VIVIEN R. MAURICIO
Kagawad

MARISSA R. GUIAB
Tagapangulo

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng mga pangangailangan sa titulong **Dalubhasa sa Sining ng Edukasyon, espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino**.

JANE N. CARIAGA
Katuwang na Dekano, Fakulti ng Gradwadong
Pag-aaral at Pananaliksik sa Edukasyong
Pangguro sa Edukasyon ng mga Katutubo

MARIE GRACE S. CABANSAG
Dekana, Akademiko at Edukasyon
ng mga Katutubo



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

sa

Poong Maykapal,

sa lakas, tibay ng loob at karunungan ipinagkaloob

kay **Randy** na kapilas ng aking buhay,

sa walang sawang pagmamahal at pagsuporta

upang maging matagumpay ang pananaliksik,

kina **Rayne** at **Adriel**, aking mga minamahal na supling,

inspirasyon upang magpatuloy,

lalong magsikap at pagbutihin ang sarili;

sa aking mga magulang at kapatid na laging handang umalalay ...

ang tesis na ito ay para sa inyo...



PASASALAMAT

Sa kagustuhan ng mananaliksik na matapos ang manuskritong ito, maraming tao ang naging katuwang at dahil sa kanilang walang sawang pagsuporta, pagtuturo, paglalaan ng oras at kadalubhasaan ay naging matagumpay ang pag-aaral na ito kaya naman taos pusong pasasalamat ang ipinaabot ng mananaliksik:

Dr. Marissa R. Guiab, dating Katuwang na Dekana, Fakulti ng Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro sa Edukasyon ng mga Katutubo, Tagapangulo ng panel, walang maliw na pagtanaw ng utang na loob at pasasalamat sa kanyang kadalubhasaan sa pananaliksik at walang sawang paggabay sa pagbuo ng manuskrito mula sa simula, sa kanyang pagsusuri at mga mungkahi upang mapagbuti ang pananaliksik at sa pag-eedit ng manuskrito;

Dr. Ma. Lina P. Sario, tagapayo ng mananaliksik, sa kanyang mga payo, paalala at pagmamalasakit sa mananaliksik upang magpatuloy na tapusin ang manuskrito;

Prof. Vivien R. Mauricio, Kagawad ng Lupon, sa kanyang pagiging eksperto sa istadestika, at di-pagkakait ng kanyang kaalaman sa pagsusuri ng mga datos upang mapagbuti ang pananaliksik sa kanyang pagmamalasakit at pag-alalay

Prof. Virgilio F. Reyes, Jr., Kagawad ng Lupon, sa kanyang mga mahahalagang paalala sa ikabubuti ng pag-aaral;

Dr. Jane N. Cariaga, kasalukuyang Katuwang na Dekano, Fakulti ng Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro sa Edukasyon ng mga Katutubo, sa kanyang magiliw na pag-asikaso sa mananaliksik upang makatupad sa mga kailanganin sa kurso;

Sa mga magulang ng mananaliksik, **Estanislao** at **Angelita**, at mga kapatid na walang sawang sumuporta at umalalay nang makapagpatuloy at matapos ang pananaliksik;

Sa pamilya ng mananaliksik, sa kabiya ng kanyang puso, **Randy**, at mga supling **Rayne Ivanna** at **Adriel Savannah** na nagsilbing inspirasyon, ilaw at lakas ng mananaliksik na magpatuloy at mapagbuti ang sarili para sa magandang kinabukasan;

Sa mga kaibigan na laging nagpapalakas ng loob upang magpatuloy at matapos ang pananaliksik;

Higit sa lahat sa **Mahal na Panginoon**, sa walang maliw na pagpapala nang maisakutaparan ang pag-aaral na ito...

Maraming salamat sa inyong lahat!

Irene Castro-Lazaro



TALAAN NG NILALAMAN

	Pahina
PAMAGAT.....	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY.....	ii
PAGHAHANDOG.....	iii
PASASALAMAT.....	iv
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN.....	viii
TALAAN NG MGA APENDIKS.....	xi
ABSTRAK.....	xii
ABSTRAK (English).....	xiv
Kabanata 1 Ang Suliranin at Kaugnay na Literatura.....	1
1.1 Saligan ng Pag-aaral.....	1
1.2 Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral	8
1.3 Saligang Teoretikal.....	43
1.4 Paglalahad ng Suliranin.....	51
1.5 Haypotesis.....	52
1.6 Lawak at Delimitasyon	52
1.7 Mga Terminolohiyang Ginamit.....	52
Kabanata 2 Metodolohiya ng Pananaliksik.....	55
2.1 Disenyo ng pananaliksik	55
2.2 Mga kalahok sa Pag-aaral	56
2.3 Instrumento sa pangangalap ng datos.....	56
2.4 Proseso ng Pangangalap ng Datos.....	57
2.5 Kagamitang Istatistikal.....	60



Kabanata 3 Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapakahulugan sa mga Datos	64
3.1 Karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga mag-aaral.....	64
3.1.1 Mga mag-aaral na lantad sa social networking sites.....	64
3.1.2 Mga Mag-aaral na hindi lantad sa social networking sites.....	71
3.2 Antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon	81
3.3 Social Networking Sites na kinabibilangan.....	82
3.3.1 Dalas ng paggamit ng Social Networking sites.....	83
3.3.2 Kagamitang Pampag-aaral sa tahanan ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites.....	85
3.3.3 Dalas ng paggamit sa mga Kagamitang pampagtuturo ng mga lantad sa Social Networking Sites.....	78
3.3.4 Dalas ng paggamit sa mga Kagamitang pampagtuturo ng mga di-lantad sa Social Networking Sites.....	78
3.4 Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga Social Networking Sites sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.....	88
3.5 Kaugnayan ng dalas ng paggamit multimedia at limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.....	98
3.5.1 Mga mag-aaral na lantad sa <i>social networking sites</i>	98
3.5.2 Mga mag-aaral na di-lantad sa <i>social networking sites</i>	110
3.6 Kaibahan ng antas ng kahusayan sa pagsulat batay sa Exposure sa Social Networking Sites.....	120
3.7 Rasyunal ng pagbuo ng modyul sa pagsulat.....	121



Kabanata 4 Lagom, Konklusyon, at Rekomendasyon	133
4.1 Natuklasan sa Pag-aaral.....	133
4.2 Konklusyon	149
4.3 Rekomendasyon.....	150
4.4 Limitasyon.....	150
 SANGGUNIAN.....	152
MGA APENDIKS.....	161
A. Sulat pahintulot sa Schools Division Superintendent ng Isabela	162
B. Sulat pahintulot sa Principal ng Reina Mercedes Vocational And Industrial School.....	163
C. Sulat pahintulot para sa magulang ng mag-aaral/respondent.....	164
D. Survey Questionnaire para sa mga respondent.....	165
E. Tally sheet para sa karaniwang kamalian sa pagsulat.....	168
F. ESL Komposisyon Rubric.....	170
G. Resulta ng kaibahan ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga lantad at di-lantad sa social networking sites.....	175
 CURRICULUM VITAE.....	176

ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

TALAAN NG TALAHAANAYAN

Bilang	Pahina
1	Karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i>79
2	Antas ng kahusayan sa pagsulat komposisyon ng lantad at di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i>81
3	<i>Social Networking Sites</i> na kinabibilangan ng mga mag-aaral lantad na mag-aaral.....82
4	Dalas ng paggamit sa mga <i>Social Networking Sites</i>83
5	Mga kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i>85
6	Dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa tahanan ng mga lantad sa <i>Social Networking Sites</i>86
7	Dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa tahanan ng mga mag-aaral na di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i>87
8	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng <i>Social Networking Sites</i> sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon (Nilalaman).....89
9	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng <i>Social Networking Sites</i> sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyo (Organisasyon).....91
10	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng <i>Social Networking Sites</i> sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon (Bokabularyo).....92
11	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng <i>Social Networking Sites</i> sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon (Gamit ng Wika).....94

ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

12	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng <i>Social Networking Sites</i> ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. (Mekaniks).....	96
13	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. (Nilalaman).....	98
14	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. (Organisasyon).....	100
15	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. (Bokabularyo).....	103
16	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. (Gamit ng Wika).....	106
17	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i> . (Mekaniks).....	108
18	Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa <i>Social Networking Sites</i> . (Nilalaman).....	110

ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

- 19 Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa *Social Networking Sites*.
(Organisasyon).....112
- 20 Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa *Social Networking Sites*. (Bokabularyo).....113
- 21 Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa *Social Networking Sites*.
(Gamit ng Wika).....115
- 22 Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa *Social Networking Sites*. (Mekaniks).....116
- 23 Kaugnayan ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon na
lantad at di-lantad sa *Social Networking Sites*.....120



TALAAN NG MGA APENDIKS

Apendiks	Pahina
A. Sulat pahintulot sa Schools Division Superintendent ng Isabela	162
B. Sulat pahintulot sa Principal ng Reina Mercedes Vocational And Industrial School.....	163
C. Sulat pahintulot para sa magulang ng mag-aaral/respondent.....	164
D. Survey Questionnaire para sa mga respondent.....	165
E. Tally sheet para sa karaniwang kamalian sa pagsulat.....	168
F. ESL Komposisyon Rubric.....	170
G. Ang resulta ng kaibahan ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga lantad at di-lantad sa social networking sites.....	175



Key words: gramatika, komposisyon, pagsulat, social networking sites

Abstrak

Ang pagsulat ay kasanayang nararapat na mahasa sa isang tao sapagkat ito ay kanyang magagamit upang maisatitik at maipahayag ang kanyang ninanais. Sinasabing ang pagsulat ang output ng lahat ng makrong kasanayan kaya naman mula sa pinakamababang antas ng pag-aaral hanggang magkolehiyo ay itinuturo na ito. Ngunit sa kabila ng mga pagtuturong ito, nananatili pa ring nagkakamali ang mga mag-aaral sa pagsulat. Kaya naman naglayon ang mananaliksik na matukoy ang karaniwang kamalian at antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon nang magsilbing gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Palarawang pamamaraan ang ginamit na paraan ng mananaliksik upang ilarawan ang karaniwang kamalian sa pagsulat. Nagsagawa ng pag-aaral ang mananaliksik sa sulatin ng 60 mag-aaral na hinati sa dalawang grupo, lantad sa social networking sites at ang isa ay hindi. Gumamit ng survey questionnaire ang mananaliksik upang matukoy ang mga respondent na lantad at di-lantad sa social networking sites. Mula sa mga komposisyon ng mga mag-aaral ay tinukoy ng mananaliksik ang mga karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat gamit ang ESL Komposisyon Rubric. Lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad ay kapwa nagkamali sa kayariang gramatikal tulad ng paggamit ng paulit-ulit at di-kinakailangang panghalip, maling aspekto ng pandiwa, pangatnig tulad ng gamit ng *ng* at *nang*, pagbuo ng pangungusap at mekaniks tulad ng

ANTAS NG KAHUSAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYON



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

maling paggamit ng malaking titik, ispelang, bantas, at pagtatalata. Natuklasan din na kapwa nasa antas na medyo mahusay ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites. Walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga mag-aaral sa social networking sites sa kanilang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. Kaya naman, ang pagbuo ng modyul ay kinakailangan upang matugunan o di naman kaya mabawasan at tuluyang maiwasan ang mga kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral.



Key words: grammar, composition, writing, social networking sites

Abstract

Writing is an essential skill that everyone has to develop because it is also our medium in expressing our thoughts and opinions. Writing says to be the end output of the macro skills, that's why to train and develop the skill, writing is taught from primary school to tertiary level. However, errors in writing are still prevalent among students. Hence, the researcher sought to identify the common errors and proficiency level in composition writing of the students as a guide in developing suggested materials in teaching. Descriptive design was used by the researcher to describe the common errors and level of proficiency in composition writing of the students. Tally sheet and ESL Composition Rubric were used to identify the common errors and proficiency level in composition writing. The researcher studied the 60 compositions of the students that were divided into two groups; the first group was exposed to social networking sites while the other group was not. Survey questionnaire was used to identify the respondents who were exposed and not exposed to social networking sites. Based from the results, both groups had grammatical errors, *i.e wrong usage of pronoun, tenses of verb, conjunctions, complex and erroneous sentences*; and errors in mechanics *i.e. wrong usage of capital letters, spelling, punctuations, and writing paragraph*. Both groups' proficiency level was found to be fair to poor. Also, the frequency of using social networking sites has no significant relationship in their proficiency level in composition writing. From the results, it showed



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

that developing a module in writing is a need to address to lessen and to avoid errors in composition writing among students.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

KABANATA I

ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA LITERATURA

1.1 Saligan ng Pag-aaral

Wika ang pangunahing behikulo ng tao sa pakikipag-ugnayan na maaring pasalita o pasulat. Sa pamamagitan ng wika nakapaglalahad ang tao ng kanyang naiisip, nadarama at pananaw ukol sa mga bagay – bagay. Ang ugnayang namamagitan sa mga tao ay napagtitibay ng wikang kanilang ginagamit. (Constantino,1996 binanggit nina Guiab, Palting at Sario, 2006)

Sa kabilang dako, ang karikitan ng wika ay hindi lamang makikita sa pamamagitan nang mahusay na paggamit na pasalita kundi pati na rin sa pagsulat ng mga likhang-sining. Hindi lahat ay may kakayahang sumulat ng mga maituturing na obra, ngunit ito ay isang pangunahing kasanayang nararapat matutunan ng bawat isa. Ekstensyon ng wika ang pagsulat mula sa mga karanasan na natamo ng mag-aaral sa kanyang pakikinig, pagsasalita at pagbabasa. (Alcaraz, Jocson, at Villafuerte,2005).

Tunay na mahalaga ang pagsulat. Sa pamamagitan nito, ang mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig at iba't ibang panahon ay nagkakalapit, nagkakaunawaan at nagkakaisa at napananatiling buhay ang aspetong kultural dahil sa mga limbag na wika. Naitatala ang kasaysayan at mahahalagang pangyayari sa pamamagitan ng pagsulat, maging ang mga imbensyon ay nakarekord upang huwag malimutan at mapagbatayan pa tungo sa pagbabago at pag-unlad (Dingsalan, 2011.)

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang pagsusulat ay lundayan ng lahat ng iniisip, nadarama at pinapangarap ng tao. Sa pamamagitan nito, naisasalin sa mga titik ang mga saloobin, damdamin, o pananaw ng tao sa mga bagay- bagay. Malaki ang maitutulong ng pagsulat sa paghubog ng damdamin at isipan ng tao. Gamit ito, naipahahayag ng tao ang kanyang damdamin, mithiin, pangarap, agam-agam, bungang-isip at mga pagdaramdam. (Royo, 2001 banggit kina Alcaraz, et.al., 2005)

Samakatuwid, ang pagsulat ay isang kasanayang kailangan ng tao sa kanyang buhay, hindi lamang sa kanyang pag-aaral o pagsusumite ng mga kailanganin sa kanyang mga asignatura kundi pati na rin sa trabahong kasasangkutan. Ilan sa mga kailangang kasanayan sa pagsulat ay ang paggawa ng reports na kailangan sa opisina, paggawa ng mga sulat, proposal, atpb.

Ang pagsulat ay isang kasanayang mahirap ngunit dapat hubugin dahil kahit ang mga taal na gumagamit ng wika o *native speakers* ay may mga kamalian pa rin sa pagsulat. Nagpapatunay na ito ay isang komplikadong proseso na nangangailangan nang lubos na kawastuhan sa gramatika at mekaniks (Tizon, 2009).

Sa paaralan, patuloy na pinagtitibay ng mga guro ang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral: ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, panonood at pagsulat. Ang pagsulat bilang isang makrong kasanayan ay pormal na pinag-aaralan. Sinasabing ito ang pinakamahirap na matutunan sa limang kasanayang pangwika. Natututo munang magsalita, makinig magbasa ang tao bago pa man siya matutong sumulat. Sa madaling salita, ang pagsulat ang katapusan ng mga kasanayang pangwika. Sa pamamagitan ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

wikang kanyang ginagamit at natutunang basahin, ito ay kanyang isinusulat sa pamamagitan ng mga simbolo at sagisag ng binabasang wika.

Ang pagkakaroon ng pagkakamali ay natural na pangyayari sa larangan ng pagkatuto. (Robinson, 1998; Tizon, 2009). Sa kabila ng paulit-ulit na pagtukoy at pagwawasto rito ng mga guro, patuloy at paulit-ulit pa rin na nagkakamali ang mga mag-aaral. Hindi pare-pareho ang mga pagkakamali ngunit tila nakasama na ang mga kamalian sa mga gawaing pasulat sa iba't ibang pagkakataon, kaya dapat marunong ang mag-aaral sa pagwawasto ng sariling sinulat.

Sa kabilang dako, ang kakayahang matukoy ng mga mag-aaral ang mga kamalian ay maaring makatulong sa pagkatuto sa pagsulat ayon sa mga sumusunod na dahilan: Una, napagtitibay nito ang mga istruktura ng gramatika, mga idyoma at mga talasalitaang naituro na sa mag-aaral. Ikalawa, sa tuwing susulat ang mag-aaral, ito ang pagkakataon na magkalakas ng loob na gamitin ang wika. Ikatlo, sa pagsulat, magagamit ng mag-aaral ang pinag-aaralang bagong wika. (Raimes, 1983 banggit kina Fathema, Hakim, & Karim, 2015).

Marami ng pag-aaral ang isinagawa at nagpatunay na ang pagsulat ay talagang mahirap. Kaya naman nililinig na ang kasanayan sa pagsulat mula kindergarten hanggang sa magkolehiyo ang isang tao sapagkat likas na kailangan ng tao ang kasanayang ito. Totoo na ang ilang mag-aaral ay napapailing at lihim na nagrerebelde ang damdamin tuwing sila ay pinapasulat ng isang akademikong papel o komposisyon bilang kailanganin sa kanilang asignatura kahit na ang pagsulat ay bumubuhay at humuhubog sa pagiging ganap ng tao (Acopra, Cantillo, Lazaro, Guttan, at dela Cruz, 2014).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kasalukuyan, ang kabataan ay lantad na sa iba't ibang uri ng media, mga gadyet tulad ng *cellphone*, *ipad*, *tablet* at iba pa. Gamit ang iba't ibang teknolohiyang ito, maari itong makatulong sa pagdebelop ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Bukod dito, tinatawag ng *21st century learners* ang mga mag-aaral ngunit hindi pa rin nawawala sa mga kompetensi ang paghubog sa kasanayan sa pagsulat. Lalo pa itong pinaigting kaya naman kabi-kabila rin ang ang mga pagsasanay sa mga guro upang gamitin ang iba't ibang uri ng media sa pagtuturo.

Karamihan sa mga mag-aaral mula sa elementarya hanggang sekondarya ay mayroon ng *mobile phones*, kaya gustuhin man natin o hindi mayroon na nito sa loob ng klasrum. Sa katunayan, 77% ng mga *teen-ager* ay may *cellphone*. Sa sarbey na isinagawa ng Pew Internet at American Life Project noong 2010, lumabas sa pag-aaral na 75% ng mga bata na nasa edad na 12 hanggang 17 ay may *cellphone*. Ayon din sa isang sarbey na isinagawa ng The Telegraph Newspaper, nagkakaroon ng unang cellphone ang mga bata sa edad na walo. (Edudemic,2013; Valentino 2011; Adams 2009; dela Mora 2014).

Sa kabilang dako, marami ng pag-aaral ang isinagawa upang tayain ang pagiging epektibo ng *media* sa pagtuturo. Kaya naman patuloy na pina-iigting ng *Department of Education* ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo sapagkat naniniwala ito na higit ang pagkatutong natatamo ng mag-aaral tuwing gagamit ng *multimedia* sa pagtuturo ang guro. Sa panahon ngayon, tinatawag ng *digitally native* ang mga mag-aaral at naniniwala ang mga eksperto sa maraming kakayahan ng mga kabataan sa paggamit ng iba't ibang uri ng media. Halimbawa na lamang ay ang

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng isang tula, *movie clip*, sanaysay at maikling kuwento upang ibahagi ito sa iba't ibang *social media sites* at mabasa ng iba.

Itinuturing ding *millennial* ang mga kabataan dahil sa kanilang pagiging aktibo sa mga *social networking sites*. Kaya naman napakainam na magamit ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagsulat upang maging makabuluhan ang kanilang pakikipag-ugnayan gamit ang mga *social media*. Idagdag pa ang karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag kaya naman hindi maiiwasan na bawat katagang itinitipa sa *keyboard* ay mababasa ng buong mundo. Dahil dito, napakahalagang mahasa ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat upang maging makabuluhan ang kanyang pagpapahayag ng saloobin sa mundo ng mga *social media sites* at maiwasan ang mga di-pagkakaunawaan.

Sa kasalukuyang henerasyon na ang mga mag-aaral ay lantad na sa lahat ng uri ng media, mapapansin na alam ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng mga ekspresyon na pinalalaganap ng mga maimpluwensyang personalidad sa lipunan at ginagamit nila ang mga ito sa kanilang pakikipag-ugnayan. Kaugnay nito, inaasahan na ang mga mag-aaral na mahusay sa pagsasalita ay mahusay rin sa pagsulat. Mainam na maisalin din ng mga mag-aaral ang kanilang kahusayan sa pagsasalita sa pagsulat.

Ang mga mag-aaral ay tinuturuan na magsulat hindi para matuto lamang kundi dahil ang pagsulat ay isa sa mahalagang sangkap ng pakikipag-ugnayan. Isa itong midyum na magiging madali para sa isang tao na ipaalam ang kanyang nadarama, naiisip o palagay sa isang bagay. Sa kabila ng mga pagsisikap ng guro na maituro nang mabisa ang pagsulat, marami pa ring mag-aaral ang maraming kamalian sa pagsulat ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

komposisyon. Ilan sa mga kamalian ay gamit ng panghalip, ispelang, bantas at gamit ng malalaki o maliliit na titik.

Ang teknolohiya ay may potensyal na epekto sa motibasyon ng mga mag-aaral sa domeyn ng literasi. Ito ay naglalaan ng pag-unawa sa tradisyunal na pagbasa at pagsulat (Sylvester at Greenridge 2009; Fox 2014). Maaring hindi batid ng mga guro ang mga epekto ng teknolohiya sa pagkatutong panliterasi at kung paano ito gamitin sa pagtuturo kaya naman dapat mamulat ang mga guro sa mabubuting dulot ng teknolohiya sa mga mag-aaral at kung paano ito gamitin nang mahusay sa pagtuturo.

Sa kasalukuyan, ang mga mag-aaral ay itinuturing ng *technologically savvy*, higit na mabuti kung magagamit nila ang kanilang kakayahan sa pagsulat nang mahusay gamit ang teknolohiya. Sumusulat ang tao dahil mayroon itong nais sabihin sa pamamagitan ng pagte-text, pagpo-post sa *social networking sites* at upang mangyari ang nais ipahatid, kailangan maisatitik ang mensahe. Kung gayon, nararapat lamang na mayroong sapat na kakayahan sa pagsulat ang isang tao upang maipahayag nang tiyak ang anumang bagay na kanyang naiisip. Kaya naman napakahalaga na matutukan ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat nang maging mabisa at epektibo ang kanyang magiging pakikipag-ugnayan- pasalita man o pasulat.

Sa mga pagkakataon na nagpo-post sa *social networking sites* ang mag-aaral, karaniwan na ang layunin ay magpahayag o magbulalas ng naiisip o nadarama, hindi alintana kung tama ang gramatika at mekaniks sa pagsulat. Isa ito mga dapat isaalang-alang ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat na gamit ang *social media*.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, sa kabila ng mataas na porsiyento ng mga kabataan na may sarili ng *cellphone*, may mga kabataan pa rin na wala nito dahil sa kahirapan ng buhay at ayaw ng magulang na makasagabal ang *gadget* sa pag-aaral ng kanilang anak. Kaya may mga mag-aaral na hindi pa rin lantad sa *social networking sites*.

Kaugnay sa exposyur ng mga mag-aaral sa *social networking sites* dahil sa gamit na gadyet, kapansin-pansin din sa klasrum ng mananaliksik na mayroon ding mga mag-aaral na walang *access sa social networking sites* dahil wala silang *cellphone* o *tablet*. Bunga nito, naisip ng guro kung may kaugnayan kaya ang paggamit ng mga makabagong gadyet at eksposyur sa *social media* sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Nagpasya ang guro na tukuyin ang kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na lantad (exposed) at di-lantad (hindi exposed) sa *social networking sites*. Isa itong magandang pagkakataon upang matiyak ang bisa ng iba't ibang *social networking sites* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Batid ng guro na ang pagtuturo ng pagsulat ay isang mahirap na gawain sapagkat ito'y nangangailangan ng ibayong pagsisikap at pag-iingat. Kailangang ng guro ang sapat na kaalaman sa interes, kakayahan at pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral. Ang pagsusuri sa kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ay pumukaw sa interes ng mga guro na nagtuturo ng pagsulat. Makatutulong ang pag-aaral sa pagtaya ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagtukoy ng gagamiting metodolohiya sa pagtuturo na tugon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Mahalagang matukoy at masuri ang tunay na antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral upang maging mabisa ang interbensyon o mga istratehiyang gagawin ng isang guro para sa kanyang mga mag-aaral.

Karaniwan na ang isang guro ay nagpapasulat hindi upang tayain ang kahusayan o kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat kundi upang mataya ang kanilang natutunan tungkol sa isang paksa kaya kadalasang hindi napagtutuunan nang pansin ang kawastuhan ng gramatika. Kaya naman napapanahon na tukuyin ang mga kamalian at ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral upang mapagbuti pa ang kanilang kasanayan.

Dahil sa mga nabanggit na sitwasyon sa itaas, ang mananaliksik ay nagnais na magsagawa ng pag-aaral sa karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na lantad at hindi lantad sa *social networking sites* bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo. Layunin ng mananaliksik na masuri ang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral na lantad at hindi lantad sa *social networking sites* at matukoy ang antas ng kahusayan sa pagsulat at mataya ang kaugnayan nito sa dalas ng paggamit ng *social networking sites*.

1.2 Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral

Pagsulat

Napakahalaga ng wikang umiiral sa isang lipunan dahil ito ang behikulo ng pag-unlad ng ekonomiya ng lipunan at ng mga taong kabilang dito.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Wika ang ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng bawat isa, maaring pasulat o pasalita (Penman, 1998 banggit kay Tizon, 2009) kaya napakahalaga na ang bawat isa ay alam ng mga tuntuning panggramatika upang magamit nang mahusay ang isang wika. Sa pakikipag-usap, maaring maitama ang mga pagkakamali sa gramatika sapagkat mayroon itong kabilaang proseso ngunit sa mga limbag na teksto ay hindi maari sapagkat ito ay may iisang direksyon lang. Mahirap nang iwasto ang mali sa limbag na dokumento na naging dahilan nang maling pakahulugan dito. Upang ang mga nais ipabatid o ipahayag nang epektibo ay matamo at maiwasan ang hidwaang maaring mamagitan dahil sa hindi malinaw na mensahe ng sulatin, napakahalagang malinang ang kakayahan sa pagsulat.

Bagaman ang pagsulat ay isang kompleks na gawain, sa pamamagitan nito, napagsasama-sama at napagtutibay ang mga natamong makrong kasanayan tulad ng pagbabasa, pakikinig at pagsasalita. Ito ay isang gawaing nagsisimula sa pagtatamo ng kasanayan hanggang sa aktuwal itong magamit. Nagsisimulang ituro ang makrong kasanayan sa pagsulat sa paaralan kung paano humawak ng lapis at kung paano igalaw ang mga kamay upang makasulat. Mula preschool hanggang sa kolehiyo ay patuloy na hinahasa ang kasanayan sa pagsulat (Rivers, 1975 binanggit nina Acopra et.al., 2014).

Sina Acopra et.al (2014) ay nagbigay ng ilang kahalagahan ng pagsulat.

1. Sa mag-aaral. Ito ay isang bahagi o gawain upang makapasa sa isang asignatura.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

2. Sa manunulat. Liban sa ito ay kanilang pinagkakakitaan, kalakip na nito ang kanilang masidhing kagustuhan na maipamalas ang kanilang obra sa kanilang mga mambabasa.
3. Ito ay pang-ugnayang sosyal na ginagawang daan upang maipahayag ang kuro-kuro na hindi kayang sabihin ng harapan.
4. Ito ay nakapagbibigay ng saya at nakapagpupuno sa mga kakulangan sa pagkatao ng isang indibidwal.

Ang pagsulat ay ginagamit upang makuha ang mga materyal na pangangailangan, manghikayat, magmungkahi, magpakita ng kaasalan at pagtugon, magpatatag ng pakikipag-ugnayan, magparating ng iniisip bilang isang tao, magtanong, tumuklas, magbigay-linaw at bumuo ng mga kaisipan, magnilay, maglapat ng imahinasyon, magbahagi ng impormasyon, magtasa, manlibang, at magbigay ng talaan ng mga pangyayari o mga ideya (Browne, 1993 binanggit ni Angeles, 2012). Sinusugan ito ng pahayag nina E.B. White at William Strunk (1981 binanggit nina Acopra et.al, 2014), na ang mga katagang “*make every word tell*” ay nangangahulugang hindi basta-basta ang pagsulat, mahirap ito at napakaraming bagay ang dapat isaalang-alang kaya naman nangangailangan ng tiyaga at tibay ng loob.

Ang mataas na kalidad ng sulatin ay matatamo lamang sa pamamagitan nang matiyagang pag-aaral at pagsasanay sa iba’t ibang paraan ng pagsulat. Kaya naman ang mananaliksik ay nagnais na masuri ang mga sulatin ng mga mag-aaral upang matiyak ang

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat at makabuo ng isang kagamitang pampag –aaral na maaring makatulong upang magbuti ang kanilang kasanayan dito.

Social Networking Sites

Laganap na sa kasalukuyan ang iba't ibang uri ng mga social networking sites, at hindi rin mapigilan lalo na ang mga kabataan na gumamit nito sapagkat ito na ang itinuturing na kalakaran sa kasalukuyan.

Samantala, malaking papel ang ginagampanan ng iba't ibang *social networking sites* sa buhay ng mga kabataan sa kasalukuyan. Bahagi na ito ng kanilang pamumuhay, sapagkat sa pamamagitan ng mga *websites o application*, nagkakaroon sila ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa kanilang mga kaibigan saan mang bahagi ng mundo. Nagiging daan din ito upang makabuo ng sariling pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paglalagay ng ilang detalye sa kanyang profayl. Nakapagpapahayag din ng saloobin sa pamamagitan ng mga *micro blog o status* gamit ang *facebook, twitter, WhatsApp* at iba pa.

Ang mga sumusunod ay paglalarawan ng mga *Social Networking Sites* na karaniwang kinabibilangan ng mga mag-aaral.

Ang *Google* ay isang *search engine* na katatagpuan nang halos lahat ng impormasyong nais malaman ng isang tao. Ang mga detalye ng mga bagay-bagay na nais malaman ay maaring mabasa rito. Maaring magbigay ng mga impormasyon ang *google* sa mga impormasyong nais mong malaman.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Samantala, ang *facebook* naman ay isang *site* kung saan maaring mahanap at makakonekta sa mga kaibigan, katrabaho at mga kamag-anak na nasa iba't ibang panig ng mundo. Karaniwang nakatuon ito sa pagbabahagi ng mga larawan, *link* at mga naiisip. (Milanovic, 2015)

Lumabas sa sarbey na isinagawa ng Mastrodicasa at Kepic (2005) na 85% ng mga mag-aaral sa isang malaking pamantasan ng pananaliksik ay may *account* sa *Facebook*, na pinakapopular sa lahat ng *social networking site*. Ayon din sa pag-aaral na isinagawa ng ComScore (2016) ang *Facebook* ang pinakamadalas gamitin sa lahat ng *social media application*. (www.smartinsights.com)

Nag-ulat din ang (HERI) Higher Education Research Institute (2007) na 94% umano ng mga nasa unang taon ng kolehiyo ay gumagamit ng *social networking websites*. Sa katunayan, ayon din sa pag-aaral ng Pew Research Center (2017), kabilang ang Pilipinas sa mga nangunguna sa paggamit ng *Facebook* sa Asya.

Ang *twitter* naman ay sinasabing pinakasimpleng *social media application* at isa sa mga kinatutuwaan at pinag-iinteres. Limitado sa 140 titik, ngunit sapat na upang makapag-post ng *link*, makapagbahagi ng larawan o di-kaya ay magbahagi ng kaisipan. Madaling gamitin ang *twitter*, ilang minuto lamang ang gugugulin sa pagseset-up ng panibagong profayl. Maari ding sundan o i-follow ang profayl ng mga iniidolong artista o interes. (Milanovic, 2015)

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa pamamagitan naman ng *Instagram*, nagiging madali para sa mga may *account* sa *facebook*, *twitter* at iba pa na makapagbahagi ng kanilang mga larawan at manghikayat na maglagay ng comment ang kanilang mga kaibigan sa mga ito.

LinkedIn naman ang tanging *social networking site* na ang linya ay higit na nakatuon sa negosyo. Kung nais na bumuo ng mainam na profayl at imahe upang mapadali ang pagkuha ng trabaho ang application na ito ay makakatulong. (Milanovic, 2015). Sa pamamagitan din nito maaring makapag-*download* ng mga *powerpoint presentation* na maaring magamit sa mga aralin.

Nagpahayag nina Stewart at Grover (2010) na nakapagpapatibay sa resulta ng pag-aaral ang *LinkedIn* at iba pang *social networking*. Maari itong gamitin upang mapataas ang pakikiisa, pakikilahok at pagiging aktibo sa klase at maging pagkatapos nito sa kadahilanang makakakonekta ang mag-aaral sa *LinkedIn* sa isang pindot lamang. (Cooper at Naatus, 2014).

Katulad na pahayag naman ang ibinigay nina Cooper at Naatus (2014), nakatutulong umano ang *LinkedIn* sa pagbuo ng mga mag-aaral sa kanilang personal na pagkakakilanlan at pinapayagan silang sumulat ng mensahe na kanilang i-sesend na ayon sa kanilang kagustuhan.

Ang *Youtube* ay isang *website* kung saan maaring magbahagi ng sariling *video* o di naman kaya ay panooran ng mga *video*. Sinasabing ito ay popular dahil sa iba't ibang *video* na matatagpuan dito. Nakilala din ito bilang “*world’s second – largest search engine.*” (Milanovic, 2015)

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, ang Wattpad ay isang social website para sa mga mahilig magbasa at magsulat ng mga iba't ibang uri ng panitikan, dito maaring makabasa ng mga kuwentong naaayon sa interes ng isang tao, at maari ring magbahagi ng sariling akda.

Samantala, ang WhatsApp ay isang application kung saan maaring makapagpadala ng mensahe sa kahit na kanino ng libre. Dahil dito, mahigit 700 milyon na ang fan nito kaya naman itinuturing na rin itong pinakapopular na *messaging platform*. (Milanovic, 2015)

Batay sa pag-aaral ni Awada (2016), ang paggamit ng WhatsApp ay lumabas na epektibo sa pagtuturo sa pagpapabuti ng kahusayan sa pagsulat ng pagsusuri ng mga mag-aaral at nakadaragdag din sa kanilang motibasyon sa pag-aaral.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga *social networking sites* na kinabibilangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Karaniwang bahagi na ng kanilang araw-araw na pamumuhay na gamitin o bisitahin ito. Samaktuwid, bahagi na ito ng *life style* ng mga tao at napakainam na maging daan ito sa mas makabuluhang pagkatuto ng isang mag-aaral.

Sa kasalukuyang panahon, napakarami ng paraan na maaring gamitin ng guro upang maging magaan at kaiga-igaya sa mga mag-aaral ang pagsusulat. Ang *Facebook* ay maaring idagdag bilang isang dimensiyon sa mundo ng pag-aaral ng pangalawang wika bilang ambag sa *interactive space* na nagtataguyod sa pag-unlad ng kamalayan at pangkatang gawain. Gayundin, ang *facebook* bilang kagamitan ay makapagpapatibay ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral habang nagkakaroon ng pakiramdam na siya ay

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kabilang sa isang pangkat at may kakayanan. Minsan nagiging guro ang mga mag-aaral at ang mga guro ay nagiging mag-aaral dahil kailangan nilang sumabay sa mga bagong *code*, mga kumbensyon at mga hamon na inilalaan ng *digital* na mundo. (Modern English Teacher, Vol.22 #3, 2013). Sabi nga ni Steven Pinker (2010) "*Internet technology are the only things that will keep us smart*".

Ipinahayag din ni Dapne Bavelier (2011), na maaring nawala ang kakayanan ng tao sa mabisang pagsasalita na pinapahalagahan ng mga Griyego noong naimbento ang pagsulat, ngunit natutunan naman natin ang karagdagang kakayanan sa pagbabasa at pagsusuri ng teksto. Nangangahulugan lamang na hindi man sanay ang mga tao ngayon na matandaan ang lahat ng detalye tungkol sa isang bagay o impormasyon ay mayroon pa rin naman itong kakayanan na magsuri at mag-isip ng kritikal ayon sa pangangailangan.

Samantala, sa pananaliksik na isinagawa ni Moritz (2016), kanyang napatunayan na sa kabila ng mga negatibong ulat sa epekto ng teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nakita pa rin ang mabuting dulot nito sa pagkatuto sa pagsulat dahil ayon sa kanyang mga mag-aaral mas nagiging madali para sa kanila na ma-access ang kanilang sulatin, ma-edit at mapagbuti pa ito.

Ang pag-aaral na ito ay kaiba sa pag-aaral na isinagawa pagkat ito ay nakatuon lamang sa persepsyon sa paggamit ng teknolohiya at epekto nito sa pagsulat samantalang ang pananaliksik na ito ay nagsuri ng mga karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat at iniugnay ito sa dalas ng paggamit ng mga *social networking sites* ng mga mag-aaral na lantad dito.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Samantala, sa pag-aaral ni Yadegarfar at Simin (2016) lumabas na ang paggamit ng *Instagram* ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral nang may kawastuhan sa gramatika. Nagresulta rin ang pag-aaral na isinagawa ni Kelly (2015), na epektibong kagamitan ang *Instagram* sa paglinang ng bokabularyo at kawastuhan sa gramatika. Natuklasan din na ang *Instagram* ay maaring maging epektibong kagamitang pedagogikal kung tama ang pagkakagamit dito. Ayon nga kay Al-ali (2014), ang paggamit ng *Instagram* sa loob ng klasrum ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na makabuo ng mga ideya para sa kanilang mga pagsasanay sa pagsulat at makasulat ng mga sulating may kaugnayan sa paksa. Daan umano ito sa nakagaganyak na paraan ng pagkatuto.

Ang mga pag-aaral na nabanggit ay may kaibahan sa pag-aaral na isinagawa pagkat gumamit ang mga ito ng experimental na pamamaraan sa pagtukoy ng pagiging epektibo ng *Instagram* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa gramatika samantalang ang isinagawang pag-aaral ng mananaliksik ay pagtaya sa antas ng kahusayan sa pamamagitan ng ESL Rubric nina Jacobs, H.L. Hartfiel, V.F., Hughey, J.B., at Wormuth, D.R., (1981) sa pagsulat ng mga mag-aaral at iniugnay ito sa dalas ng paggamit ng *social networking site* katulad ng *Instagram* at palarawang disenyo ang ginamit.

Kaugnay nito, ang **Blog** bilang gamit sa pagsusulat ay nakatutulong sa mga mag-aaral na pag-isipang mabuti ang kanilang sulatin dahil alam nilang babasahin ito hindi lamang ng kanilang guro kundi maging ng kanilang mga kaibigan. (Vurdein, 2013; Moritz 2016). Iniulat din na ang mga *online tools* ay nakadaragdag ng kahusayan sa pagsulat,

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

naglalaan ito ng mga kagamitan sa mainam na pagpapalano sa pagsusulat at napananatili nito ang interes sa pagsulat. Samantala, sa pag-aaral ni Shih (2011) binanggit ni Moritz (2016) ang mga online tools ay tumutulong sa mga mag-aaral upang mapagbuti ang kanilang organisasyon, bokabularyo at ispelang dahil sila ay nakakukuha ng pidbak at lakas ng loob mula sa kanilang mga kaibigan.

Samantala, gumamit si Stannard (2014), ng blog sa kanyang pagtuturo at nakita ang ilang kahalagahan nito: una, may pokus ang mga mag-aaral sa paggawa at napahalagahan ng mga ito ang awdyens na babasa sa kanilang blog. Ayon nga kina Bhattacharya at Chaucan (2010) na binanggit ni Stannard (2014), ang blog ay daan ng pagiging independent. Pinagtutuunan din nila ng pansin ang pag-eedit, pag-iisip sa layunin ng blog at sa mambabasa nito. Naniniwala din sina Arena at Jefferson (2008) banggit ni Stannard, 2014) na may mga pagkakataong ang *blogging* bilang diskursong pangwika sa klasrum ay maaring umunlad at hindi lamang magiging mahusay na tagapagsalita ang mga mag-aaral kundi 21st century netizens din. Ikalawa, sa pamamagitan nito, hindi lamang ang kasanayan sa pagsulat ang pinaunlad ng *blogging* kundi higit pa rito. Nabubuo ng mga mag-aaral ang kanilang awdiyens sa pagbabahagi ng kanilang *blog* sa *FB*, *Twitter*, dahil dito nagkakaroon ng *blog roll* at nakapagbibigay ng komento sa *blog* ang ibang tao kaya nagiging bahagi sila ng isang aktibong komunidad. Ikatlo, ang pagsusulat o paggawa ng *blog* ay nagiging daan din sa pagdebelop ng mas mataas na antas ng kasanayang mapanuring pag-iisip (*Higher Order Thinking Skills*) na binalangkas ni Bloom (businessballs.com, 2013; Stannard 2014). Minsan, lumalampas pa sa istandard ng pagsulat na maaring matamo sa mga gawain katulad ng pagbibigay ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

mga komento at pagsagot sa mga ito mula sa kanyang mga *blog entry* na nagbibigay ng repleksiyon, analisis at sintesis. Nakita ni Stannard (2014), na mula sa kanyang mga *blog entry* na tinaya ay kinakitaan niya ito ng *Higher Order Thinking Skills* na nasa antas ng 4 at 5 ni Bloom's Taxonomy, lalo na sa paraan ng pagdidisenyo ng kanilang *blog* at pag-iisip sa organisasyon at pagsulat na isinasaalang-alang ang kanilang awdyens. (Modern English Teacher Vol. 22 # 3. 2013)

Sa pamamagitan ng *blogging* natutulungan ang mga mag-aaral na mahasa ang kakayahan sa pagsulat at maari din itong gamitin ng guro sa assessment o pagtataya.

Upang matukoy ang impluwensya ng mga elektronikong kagamitan sa pagdebelop ng kasanayan at bisa nito sa pagsulat, pinag-aralan ang paggamit ng *blog* sa paghasa ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Pinasulat ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng *blog*. Ayon sa resulta, nagiging epektibo ang paggamit ng *blog* sa pagdebelop ng kasanayan sa pagsulat. Maging ang pananaw sa pagsusulat at pagpapahayag ng naiisip ay kinakitaan din ng pagiging positibo sa pagtugon sa mga pidbak sa *online* at sa posibilidad na mailimbag ang kanilang mga sulatin sa internet (Cequeña, 2013; Ramos Jr., 2015).

Ang mga pag-aaral na nabanggit ay kaiba sa pag-aaral ng mananaliksik sapagkat direktang nagpasulat ang mananaliksik sa *blog* ng kanilang mga komposisyom samantalang ang kasalukuyang mananaliksik ay nagpasulat ng komposisyon sa papel at tinaya ang antas ng kahusayan nito gamit ang ESL komposisyon rubric nina Jacobs et.al.,(1981) saka ito iniugnay sa dalas ng paggamit ng *social networking sites*.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Kaugnay nito, sa survey na isinagawa nina Buchanan, Friedrich at Purcell (2013), sa 2,462 *Advance Placement (AP) at Natonal Writing Project (NWP)*, natuklasan ng mga guro na ang mga teknolohiyang digital ay humuhubog sa kakayahang sumulat ng mga mag-aaral sa maraming paraan. Itinuturing din itong mainam na tulong sa pagtuturo ng pagsulat sa mga highschool. Nakikita ng mga guro na ang mga digital na teknolohiya tulad ng *social networking sites, cellphones* at pagte-text ay nagpapagaan sa personal na pagpapahayag at pagkamalikhain ng mga mag-aaral. Pinalalawak nito ang kanilang awdiyens para sa kanilang mga sulatin, hinihikayat din nito ang mga mag-aaral na sumulat nang mas madalas sa iba't ibang pormat. Sa kabilang dako, inilarawan din nila ang hamon sa pagtuturo ng pagsulat sa *digital age* kasama na rito ang pagsulat sa istilong impomal patungong pormal at ang pagbibigay kaalaman sa mga mag-aaral tungkol sa mga isyu ng *plagiarism* at responsableng paggamit nito.

Samantala, ninais tuklasin nina Ahmed at Yousaf (2013) ang epekto ng SMS sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa University ng Pakistan. Lumabas sa kanilang pag-aaral na kung gaano kataas ang eksposyur sa SMS ng mga mag-aaral ay mataas din ang negatibong epekto nito sa kasanayan ng pagsulat. Ang labis na paggamit umano ng SMS ay nagbubunga ng maling pagbabaybay at pagdadaglat sa SMS na hindi istandard sa pagsusulit at pang-araw-araw na gawaing pang-akademiko ay lubhang nakapipinsala sa akademya. Sa kabilang banda, ayon kay Woullven, isang English teacher sa West Lake High School sa Austin, Texas, nakakikita siya ng ilang salitang ginagamit sa *Twitter* tulad ng FWIW o “ur” sa papel, Stern (2013). Ngunit karamihan sa mga pagkakataong siya ay nagbibigay ng takdang-aralin at nalalaman nilang maari itong ibahagi sa *Twitter*,

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

lalo nila itong pinagbubuti. Idinagdag pa niya na mas pinahahalagahan ng isang tao ang pag-angkin sa kanilang sulatin kung ito ay makikita hindi lamang bilang isang pangangailangan sa klase. Hindi lamang mga mag-aaral ni Woullven ang kinakitaan ng motibasyon sa pagsulat gamit ang teknolohiyang digital. Isang pag-aaral din ang inilunsad ng *Pew Research Center's Internet, American Life Project at National Writing Project* at kanilang natuklasan na 78% ng mga guro sa sekondarya ay umaayon na ang paggamit ng digital na teknolohiya ay “nakahihikayat ng pagkamalikhain at personal na ekspresyon ng mga mag-aaral”. Samantala, 96% naman ang sumasang-ayon na “pinapayagan ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sulatin sa mas malawak at iba’t ibang awdiyens” gamit ang digital na teknolohiya. Ipinahayag din nina Thurairaj S., Hoon, E.P., Roy S.S. at Fong P.K. (2015), na ang *twitter* ay nagbibigay ng positibong pagkatuto . Napapaunlad nito ang kakayahan ng mag-aaral sa wika at maging kakayahan sa pagsulat.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay katulad ng pag-aaral na tinukoy ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon sa aspeto ng mekaniks. Samantala naiiba naman ang kasalukuyang pag-aaral sapagkat hindi lamang mekaniks ang pinagtuunan ng pag-aaral ng mananaliksik, tinaya din nito ang antas ng kahusayan sa pagsulat at iniugnay ito sa dalas ng kanilang paggamit o pagbisita sa *social networking sites*.

Mula naman sa pidbak ng mga mag-aaral ang *Facebook* ay positibong nagresulta habang pinagtitibay nito ang motibasyon ng mag-aaral at ipagpatuloy ang aktibong

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

pakikilahok sa proseso ng akwisisyon ng wika. Samakatuwid, ang *computer-based* na konteksto na tinukoy sa artikulong ito ay naglalaan ng bagong gampanin sa mga mag-aaral bilang mga interesado at determinadong arkitekto sa paghahanap ng mga karanasang kapupulutan ng mga aral sa tunay na buhay (Modern English Teacher Vol. 22 #3, 2013).

Sa resulta ng pag-aaral nina Ariana at Mirabela (*nd*), lumalabas na mayroong makabuluhang kaugnayan ang pagpapaunlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral na aktibo sa paggamit ng facebook.

Mula naman sa pag-aaral ni Widiyani (2016), lumabas na mas mababa ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral na tinuruan gamit ang *youtube* kaysa sa mga mag-aaral na tinuruan gamit ang larawan. Salungat naman sa naging resulta ng pag-aaral ni Kabooaha at Elyas (2015), na ang mga mag-aaral na lantad (*exposed*) sa *youtube* ay mas mahusay sa bokabularyo kaysa sa mga hindi lantad (*not exposed*). Lumabas din sa resulta na may makabuluhang istadistikal na kaugnayan sa pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay gumamit ng experimental na pamamaraan upang matiyak ang kaugnayan ng *facebook* at *youtube* sa pagkatuto ng mga mag-aaral partikular sa paglinang ng bokabularyo. Samantala sa kasalukuyang pananaliksik, ginamit ang disenyong palarawan upang maipaliwanag at masuri ang mga kondisyong nararanasan habang isinasagawa ang pag-aaral. Tinukoy ang mga mag-aaral na lantad at hindi-lantad sa *social media*; tinukoy ang antas ng kahusayan sa pagsulat at tinaya ang

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kaugnayan nito sa mga *social networking sites* na ginagamit ng mga mag-aaral tulad ng *facebook* at *youtube*.

Sa pag-aaral ni Liu at Tsai (2013 banggit nina Reinders at Lakarnchua, 2014) na kailangang makumpleto ang isang maikling campus tour, kung saan ang mga bagay ay may *tag* na impormasyong *digital* at kinapapalooban ng mga impormasyon ukol sa bagay, bokabularyo at ekspresyon. Batay sa resulta, nakita na ang mga kabilang sa pag-aaral ay ginamit ang mga bokabularyo na nakita sa *campus tour* sa kanilang mga isinulat na sanaysay. (Modern Teacher Vol.23 #2, pp.42., 2014)

Sa kabilang dako, sa pag-aaral na isinagawa nina Xu, Park at Back (2011) binanggit ni Ramos, Jr., 2015), ang mga mag-aaral sa Korean University ay ginamitan ng *virtual story telling* gamit ang *Windows Movie Maker*. Napatunayan na ang paggamit ng *virtual learning environment* ay may malaking ambag sa pagtaas ng positibong asal o gawi ng mga mag-aaral sa pagsulat at tiwala sa sarili.

Ang mga pag-aaral ay kapwa naglayong matukoy ang kabutihang dulot ng *digital* na mga kagamitan sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral at maging sa asal ng mga ito. Samantala, magkaiba ng instrumentong ginamit sa pag-aaral sapagkat direktang gumamit ng teknolohiya sa kanilang mga pagtuturo saka tinaya ang pagiging epektibo nito, samantala sa kasalukuyang pag-aaral ay komposisyon ng mga mag-aaral ang pangunahing instrumento sa pag-aaral.

Mula sa pag-aaral ni Ciampa (2012 na tinukoy ni Fox, 2014), ang pagbabasa ng *e-book* ay nagbubunga ng mas mataas na motibasyon na magbasa at magsulat tuwing

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

magbabasa ang mga ito gamit ang *e-book*. Ayon pa kay Fox (2014), habang ang mga mag-aaral ay may positibong karanasan sa pagbabasa at pagsusulat sa tahanan, ang kanilang kakayahang panliterasi ay maaring mapaunlad. Samantala, si Fox (2014), ay naglayong tukuyin kung paano nakaaapekto ang teknolohiya sa pagkatutong panliterasi at motibasyon sa pagsulat at pagbasa ng mag-aaral. Ayon sa resulta, maituturing din na epektibo ang tradisyunal at makabagong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat sa pagpapabuti ng kakayahang panliterasi.

Inobserbahan ng mananaliksik ang teknolohiya sa pagtuturo at ang kanilang motibasyon sa pagbasa at pagsulat. Nagsagawa ang mananaliksik nang pag-oobserba, pakikipanayam, at muling pagsasalaysay o *retelling* sa pangangalap ng datos. Sa pag-aaral ng mananaliksik, maari umanong ang teknolohiya ay epektibo para sa nagsisikap na mambabasa at manunulat at itinuturing na *digital natives*.

Ang mga inilahad na impormasyon at pag-aaral ukol sa mga *social networking sites* ay mga patunay lamang na malaki ang bahaging ginagampanan nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil narito na ang mga nasabing kagamitan, maari na itong maging karagdagang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit ang pagkatutong natatamo ng mga mag-aaral kung ang mga *social networking sites* ay kanilang nailalapat sa tunay na buhay.

Error Analysis at Antas ng Kahusayan sa pagsulat

Sa kabila ng iba't ibang pahayag ng mga manunulat ukol sa kahalagahan ng pagsulat sa buhay ng tao at sa lipunang ginagalawan nito, hindi parin maiwasan na

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

magkamali ang mga taong gumagamit ng wika sa pagsulat. Ito ay nangyayari nang paulit-ulit.

Kaugnay nito, hindi dapat maging hadlang ang kabiguan at kahirapan ng unang karanasan ng mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon bagkus, ito ay dapat na pagkunan ng interes, magsilbing inspirasyon at kasiyahan upang di maging matamlay at kayamutyamot ang pagsulat ng isang sulatin. (Belvez, 1997 binanggit ni Maglangit, 2000). Sa ganitong pananaw, ang pag-aaral sa mga kamalian sa pagsulat ng komposisyon ay isa sa mga napapapanahong pananaliksik upang matukoy, maipaliwanag at malapatan ng lunas kung kinakailangan ang mga kamalian.

Ang pagtukoy sa kamalian o *error analysis* ay isang proseso o teknik upang mag-oberba, maglista, mag-klasipika, magsuri at magpaliwanag sa paglihis sa mga tuntunin ng ikalawang wika gamit ang anumang prinsipyo o pamamaraang inilaan ng lingwistika at isiwalat ang mga sistemang binuo ng mga mag-aaral. (Brown, 1980; Crystal, 1987 binanggit ni Angeles, 2012).

Ang pagtuturo at pagkatuto ng wika gamit ang *error analysis* ay isang teknik upang matukoy, mauri at sistematikong maipaliwanag ang mga di-tanggap na istrukturang nabubuo ng mag-aaral ukol sa banyagang wika gamit ang mga tuntunin at pamamaraang inilaan ng lingwistika. Ang mga kamalian ay inaasahang magpapakita at magpapakahulugan ng lebel ng kakayahang natamo ng isang mag-aaral; samantala, ang ‘pagkakamali’ ay mga limitasyon sa kakayahan ng mag-aaral na maaring iwasto. (Crystal, 1999 binanggit ni Bain, 2005).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang pag-aaral sa mga kamalian ay bahagi ng pagsusuri sa proseso ng pagkatuto sa wika. Sa pamamagitan nito, makikitang may kahawig ito sa pamamaraan sa pag-aaral ng pagkatuto sa unang wika. Maglalaan ito ng tiyak na larawan ng lingwistikong pag-unlad at magpapakita ng senyales ng proseso ng pagkatuto ng mag-aaral ng wika (Corder, 1974; Tizon, 2009).

Nanguna ang mga mananaliksik na pag-aralan ang pag-iral ng wika upang alamin ang mga paraan ng pagkatuto nito. Kung nalalaman ito ng guro at nagagamit nang mahusay sa pagtuturo, ang pagtukoy sa kamalian ng mga mag-aaral ay magpapadali sa pagtuturo ng wika sa maraming paraan. (Edrogan, 2005; Tizon, 2009)

Sa pag-aaral na isinagawa ni Matutino (2008), gamit ang ‘weak compositions’ bilang paraan ng pagkuha ng datos at nang mataya ang kategorya ng sulatin kung saan nagkakamali ang mga mag-aaral, lumabas na sa kategoryang istruktural may pinakamaraming pagkakamali ang mga mag-aaral na sinundan ng gramatikal na kategorya tulad ng aspekto ng pandiwa, pagbabantas, paggamit ng malaking titik at pagbabaybay. Kaugnay nito nagbigay ang mananaliksik ng mga rekomendasyon upang mapagbuti ang kalagayan ng mga mag-aaral:

- a. dapat alamin ng mga magulang ang performans ng kanilang mga anak
- b. dapat pagbutihin ng guro ang kanilang kasanayan sa pagtuturo sa mga bahaging natukoy na kailangang pagtuunan sa pagtuturo ng pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

c. dapat magkaroon nang maayos na gawain o *worksheet* upang matugunan at mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat partikular sa istruktura, pandiwa, bantas, paggamit ng malaking titik at pagbabaybay.

Gumawa ng pag-aaral si Reyes (2002), sa mga karaniwang pagkakamali sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral sa Caloocan at kanyang natuklasan na ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral ay ang tamang paggamit ng mga salita at aspekto ng pandiwa. Sa mekanikal na aspeto, karaniwan na ang naging pagkakamali sa paggamit ng malaking titik, pagbabaybay, pagtatalata at pagbabantas.

Katulad nang kasalukuyang pananaliksik ang ang mga binanggit na pananaliksik kung saan gamit ang mga komposisyon ng mga mag-aaral ay tinukoy at sinuri ang kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang sulatin sa gramatika at mekaniks. Samantala, ang kaibahan ng mga ito sa kasalukuyang pag-aaral ay tinukoy ng mananaliksik ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at iniugnay ito sa dalas ng paggamit ng *social networking sites* bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Sa pag-aaral naman na isinagawa nina Fathema, F., Hakim, A., at Karim, S.H.S (2015), sinuri ang mga nagiging pagkakamali ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwa sa pagsulat ng sanaysay na naghahambing. Kabilang sa pag-aaral ang 36 na mga mag-aaral na nasa ikatlong antas ng EFL sa International Islamic University Chittagong, (IIUC). Batay sa pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral ay nagkakamali sa paggamit ng tamang pandiwa, nawawalang mga pandiwa, maling gamit ng aspekto ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

pandiwa at sa aspektong pangnakaraan pagkatapos sundan ng mga pawatas na salita at maling paggamit ng “*to have*” na mga pandiwa.

Si Ulla (2014), ay naglayong tukuyin ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga English majors na mag-aaral na kumukuha ng kursong BSed-English at BA-English na naka-enroll ng first sem. S.Y 2013-2014 sa Father Saturnino Urios University, Butuan City. Tatlung mag-aaral ang kabilang sa pag-aaral at halos lahat ay nasa ikatlo at ikaapat na taon na sa kani-kanilang mga programa. Batay sa resulta, kanyang natuklasan na halos lahat ng mga mag-aaral ay nagkakamali sa mga sumusunod: maling paggamit sa mga bantas at nilalaktawan ito, maling paggamit ng pronoun-antecedent agreement na pinakamataas sa bahagdan ng pagkakamali ng mga respondents. Sinundan naman ito ng maling gamit at paglaktaw sa mga pandiwa, at ang pinakahuli ay ang kamalian sa pagbabaybay.

Ang mga pag-aaral na nabanggit ay katulad ng kasalukuyang pananaliksik na naglayong matukoy ang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral, lamang ay higit na malawak ang tuon ng kasalukuyang pananaliksik na naglayong tukuyin ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks ng mga mag-aaral at tinukoy din ang antas ng kahusayan ng mga ito sa pagsulat ng komposisyon.

Layunin naman ng pag-aaral ni Al Dubib (2013), na imbestigahan ang mga kamalian ng mga mag-aaral na nasa ikaapat na antas sa sulatin sa Ingles. Error analysis ang teknik na kanyang ginamit upang matukoy at maipaliwanag ang pinagmumulan nito. Pinag-aralan nya ang mga komposisyon ng 20 babaeng mag-aaral ng EFL at Princess

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Noura University. Isinagawa ang pag-aaral upang matukoy ang problemang kinahaharap ng mga ito sa subject-verb agreement sa paggamit ng aspektong pangkasalukuyan ng pandiwang 'to be' sa kanilang mga sulatin at matukoy ang problema. Lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ng EFL at Princess Noura University, Riyadh, Saudi Arabia ay may problema sa paglalapat ng mga tuntunin ng subject-verb agreement sa kanilang pagsusulat. May kabuuang 103 na mga kamalian ang natagpuang may kinalaman sa subject-verb agreement ng pangkasalukuyang 'to be' 82 sa 'is', 17 sa 'are' at 4 sa 'am'. Ikalawa, ipinapakita lamang ng resulta na ang kahinaan o kakulangan sa tuntunin ng gramatika ang ugat ng mga pagkakamali ng mga mag-aaral na may 63.2% na kamalian. Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng problema sa paggamit ng pandiwa sa kanilang sulatin at ang kakulangan ng kaalaman sa gramatika ang pangunahing dahilan ng mga pagkakamali sa sulatin ng mga mag-aaral.

Nagsagawa ng pag-aaral si Herdiawan (2015), sa pagsulat ng akademikong sulatin na isang pangangailangan sa kanilang unibersidad. Ang pagwawasto ng mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay hindi gaanong nabibigyang-pansin ng lecturer. Kaya naman ang pag-aaral na ito naglayong tukuyin ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang sanaysay sa mekaniks, aspekto ng pandiwa, pang-ukol at subject-verb agreement. Kinakitaan ng kahirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang sanaysay sa tamang paggamit ng aspekto ng pandiwa, bantas, at pagbaybay. Natuklasan din sa pag-aaral na may kakulangan sa kaalaman sa istruktura at mekaniks ng wikang Ingles ang mga mag-aaral. Kaya naman iminungkahi ng mananaliksik na ang

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

guro ay nararapat na bumuo ng bagongistratehiya upang matukoy ang mga problema ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

Ang mga pag-aaral na nabanggit ay magkatulad sa layuning tukuyin ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon, lamang ay magkaiba ng output ang mga mananaliksik pagkat sa pagtatapos ng pag-aaral ay naglalayon itong maipaliwanag ang mga pinagmumulan ng mga pagkakamali at magmungkahi ng bagongistratehiya sa pagtuturo ng pagsulat, samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay naglayong makabuo ng kagamitang pampagtuturo upang malunasan o mabawasan ang mga pagkakamali sa komposisyon ng mga mag-aaral.

Batay sa pag-aaral na isinagawa ni Panilagao (2013), lumabas na ang lahat ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang ay limitado ang kaalaman at kasanayan sa tamang pagbabaybay ng mga salitang Ingles. Pinag-aralan naman nina Watcharapunyawong at Usaha (2013), ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat dulot ng interperensya ng wikang Thai. 40 English majors na nasa ikalawang taon ang pinasulat ng 120 salita kada talata ng sulating naratib, naglalarawan at naghahambing sa panahon ng kanilang kurso sa pagsulat. Ayon sa resulta, ang mga mag-aaral ay karaniwang nagkakamali sa paggamit ng panahunan, pagpili ng tamang salita, istruktura ng pangungusap, pantukoy at pangukol.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni dela Rosa (2013) napag-alaman na ang mga mag-aaral ay hindi na pinagtutuunang pansin ang paggamit ng mga bantas, malaking titik at palugit. Nagkakaroon ang mga ito ng kamalian sa pagbabaybay, marami rin sa mga

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

mag-aaral ang hindi na naaalala ang mga tuntunin sa gramatika at istruktura ng pangungusap kapag pinasusulat na may itinakdang oras ang guro. Ayon pa rin kay dela Rosa (2013), maaring ang mababang performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ay dulot ng limitadong kaalaman sa pagsulat ng komposisyon at pangunahing kaalaman sa gramatika at istruktura. Maaari ding nakaapekto ang bilingwalismo sa mga respondent sa pagsulat ng kanilang komposisyon. Marahil halos lahat ng guro ay gumagamit ng unang wika sa pagtuturo ng ikalawang wika o Ingles.

Ang mga pag-aaral na binanggit sa itaas ay naglayong matukoy ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang mga komposisyon katulad ng layunin nang kasalukuyang pananaliksik. Ang kaibahan sa pag-aaral na ito ay ang pagtukoy sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon at kaugnayan sa dalas ng paggamit ng *social networking sites* ng mga respondent.

Si Sawalmeh (2013), ay nagsagawa ng pag-aaral upang suriin ang mga kamalian sa mga sulatin ng 32 na mag-aaral na ang unang wika ay Arabic at nag-aaral ng Ingles. Ang mga mag-aaral na kabilang sa pag-aaral ay pawang mga lalaki na nagtapos sa Sekondarya ng Saudi at nag-enrol sa Preparatory Year Program sa University of Ha'il. Ang mga sanaysay na isinulat ng mga mag-aaral ang nagsilbing instrumento sa pag-aaral. Batay sa resulta ng pag-aaral, may sampung mga kamalian sa pagsulat ang mga mag-aaral ito ay ang mga sumusunod: aspekto ng pandiwa; pagkakasunod-sunod ng mga salita; singular/plural form; subject-verb agreement; dobleng negatibong kataga; pagbabaybay; paggamit ng malaking titik; pantukoy; bahagi ng pangungusap; at pang-

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

ukol. Mula sa resulta, nagrekomenda ang mananaliksik na magsagawa ng mas malawak na pag-aaral at pedagogikal na implikasyon na tutulong sa mga ESL/EFL na mga guro sa kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo na makapagbibigay lunas sa mga problemang kinakaharap ng mga Arabo sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

Samantala nagsagawa ng pagsusuri sa mga kamalian ng kanyang mga mag-aaral sa pagsulat si AbiSamra (2003), na binanggit ni Angeles (2012). Sinuri nya ang mga sulatin sa Ingles ng kanyang mga Arabong mag-aaral upang malaman ang pinagmumulan ng mga pagkakamali at mga dahilan ng patuloy paglitaw nito sa bawat taon at sa iba-ibang mga mag-aaral. Ninais niyang pag-aralan ang mga uri ng mga kamalian ng kanyang mga mag-aaral upang matukoy ang pagkakasunod – sunod ng aralin at bibigyang - diin sa pagtuturo na makatutulong sa mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat at maging mahusay na akademikong manunulat.

Sa pag-aaral ni Hourani (2008), tinukoy niya ang mga karaniwang kamalian sa gramatika ng mga lalaking Emirating mag-aaral sa sekondarya sa kanilang mga sanaysay. Mula sa mga sulatin, napag-alaman na ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ay tinig pasibo, aspekto ng pandiwa at anyo nito, subject-verb agreement, pagkakasunod-sunod ng salita, pang-ukol, pantukoy, plurality at mga pantulong. Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa mga lalaking mag-aaral sa sekondarya sa UAE State Schools ay nangangailangan ng maraming pagpapatibay at pagpapaunlad sa kakayahang sumulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Pinag-aralan ni Gallano (2003), ang kahinaan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Divine Word College of Legazpi sa kanilang kursong English 2 (*Writing in the Discipline*) sa nilalaman, organisasyon, talasalitaan, gamit ng wika at mekaniks. Layunin nitong makabuo ng pedagogikal na pantulong para sa epektibong pagtuturo ng kurso. Batay sa resulta ng pag-aaral, may kahinaan sa pagsulat ang mga mag-aaral sa nilalaman, kaayusan, talasalitaan, gamit ng salita at mekaniks.

Ang mga pag-aaral sa itaas ay katulad ng layunin ng kasalukuyang pananaliksik na tukuyin ang mga kamalian sa pagsulat ng komposisyon, kapwa naging pangunahing datos ng mga pag-aaral ang mga komposisyon ng mga mag-aaral at kapwa naglalayong makabuo ng panlunas sa mga kamaliang ito at mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Samantala, ang kaibahan naman ay tinukoy sa kasalukuyang pananaliksik ang antas ng kahusayan sa pagsulat at iniugnay sa dalas ng paggamit ng mga mag-aaral sa mga *social networking sites*.

Pinag-aralan ni Pagnilagao (2013), ang mga kamalian sa mga sulatin sa Ingles ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang at kanyang natuklasan na limitado lamang ang kaalaman at kasanayan ng mga ito sa tamang paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita at gramatika ng wikang Ingles. Ayon sa kanya, nararapat na pagtuunan ito ng pansin ng mga guro sa Ingles upang matulungan ang mga mag-aaral na mahasa ang kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles.

Ang pag-aaral ni Panilagao ay katulad ng kasalukuyang pag-aaral na tukuyin ang mga kamalian sa sulatin ng mga mag-aaral. Samantala, nagkakaiba naman sa proseso ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

pagsasagawa ng pananaliksik dahil tinukoy din ng kasalukuyang pag-aaral ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa *social networking sites* at iniugnay din ito sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na naging batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Ang isinagawang pag-aaral ni Veal Jr. (2001), sa Luna ukol sa mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay nagpakita ng mga sumusunod na resulta:

1. Mekanikal

a. Pagbabaybay. Ipinapakita nito na ang wikang ginagamit sa bahay ay may malaking impluwensya sa pagsulat ng komposisyon sapagkat nakabanggit sila ng mga termino mula sa wikang ginagamit sa bahay gayundin ang pagbaybay sa mga ito ayon sa wikang kinagisnan.

Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa pagbaybay ng mga salita.

b. Pagbabantas. Sa bahaging ito ipinapakita ang pagkakaroon ng kahinaan dahil hindi gaanong nabigyan ng mga mag-aaral ng pagpapahalaga sa iba't ibang gamit ng bantas na ginagamit sa loob ng pangungusap at sa hulihan ng mga ito.

c. Paggamit ng malaking letra. Ipinapakita na ang mga mag-aaral ay salat sa kaalaman sa pangngalang pantangi at pangngalang pambalana gayundin



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ang di - pagbibigay halaga sa kung kailan gagamitin at di-gagamitin ang malaking letra.

d. Pagpapasok. Sa kamaliang nakamit ng seksiyong 2,3,4, at 5 ipinakita nito ang kawalan ng sapat na kaalaman kung kailan gagamitin ang pagpapasok.

e. Paglulugit. Ipinapakita nito na ang seksiyong 2,3,4,at 5 ay hindi gaanong binibigyang halaga ang bahaging ito sapagkat para sa kanila ang mahalaga ay mayroong matatawag na komposisyon.

3. Gramatikal

a. Wastong gamit. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mahina sa wastong gamit ng mga salita gayundin ipinapakita nito ang kasalatan sa kaalaman sa mga tuntuning pang-wika na dapat sundin sa paggamit ng mga ito.

b. Pagpili ng mga salita. Sa bahaging ito, ipinapakita ang pagiging di-maingat sa pagpili ng salitang dapat isama sa mga pangungusap.

Nangangahulugan na para sa kanila ang mahalaga ay mapuno at marami ang mga salitang magagamit sa komposisyon.

c. Ayos ng mga salita. Ang mga mag-aaral na tagatugon ay di-marunong sa ayos ng pangungusap gayundin ang ayos ng mga salita sa loob nito.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

d. Kayarian ng mga salita. Ayon sa kamalian ng mga mag-aaral pinapakita nito ang kawalan ng kaalaman sa paggamit ng mga salitang payak, maylapi, inuulit at tambalan. Nangangahulugan din na hindi sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga kayarian dahil may mga pagkakataon na nilalapian, inuulit at ginagawang tambalan ang mga salita kahit hindi naman kailangan.

e. Talasalitaan. Walang sapat na bokabularyo o talasalitaan upang makasulat o makapagpahayag ng mainam at makabuluhang mensahe ang mga mag-aaral.

4. Organisasyunal

a. Kaisahan. Batay sa pagsusuri, hindi binibigyang-halaga ang kaisahan ng mga pangungusap at talata sa loob ng komposisyon. Para sa mga mag-aaral mahalaga na makabuo sila ng komposisyon kahit walang mensaheng ipinaparating.

b. Konsistensi. Ang mga mag-aaral ay di-bihasa sa pagiging konsistent sa paggamit ng mga salita sa loob ng pangungusap. Nangangahulugan ito ng pagiging salat sa kaalaman sa tuntuning pangwika na may kaugnayan sa konsistensi.

Katulad na pag-aaral ang isinagawa ni Veal, Jr., sa kasalukuyang pag-aaral na naglayong tukuyin ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral. Samantala,

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

ang kasalukuyang pag-aaral ay higit na naging malawak ang tuon, tinukoy ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites, at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon at iniugnay ang antas ng kahusayan sa dalas ng paggamit ng social networking sites.

Batay sa pag-aaral na isinagawa ni Sabado (2000), sa lebel ng mga kamalian sa pagsulat ng komposisyon sa pagitan ng mga Ilokano at Ibanag na nasa ika-apat na taon, lumabas na ang mga Ilocano at Ibanag ay may minimal pagkakamali sa pagbabaybay, pagbabantas, pagpapasok, subject-verb agreement, talasalitaan, pag-aayos ng mga salita, at kaunting kamalian sa paggamit ng malaking titik, tamang pagpili at paggamit ng salita.

Katulad na pag-aaral ang isinagawa ni Sabado sa pagtukoy ng mga kamalian ng mga mag-aaral. Samantala, nagkaiba ng respondent ang mga mananaliksik, hinati ni Sabado ang kanyang respondent sa dalawang grupo, Ibanag at Ilokano, samantala, ang respondent kasalukuyang pananaliksik ay ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa *social networking sites*.

Isang pag-aaral ang isinagawa Rosales (2000), sa pagsusuri sa mga karaniwang nagpapakita na nakararanas ng kahirapan sa pagsulat ang mga mag-aaral sa ika-apat na taon ng Sanchez Mira. Napatunayan sa kanyang isinagawang pag-aaral na ang mga mag-aaral sa ikaapat na taon ay may kakayahang sumulat at may kaunting kamalian sa mekanikal na kategorya ngunit marami sa gramatikal at structural na kategorya.

Kaugnay nito nagbigay ng ilang rekomendasyon ang mananaliksik:

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

1. Ang mga guro sa Ingles ay nararapat na magbigay ng pagsasanay sa gramatika at istruktura partikular sa *subject-verb agreement* nang makamit ang masteri.
2. Kinakailangan bigyan ng *intensive* at ekstensibong pagsasanay sa mekaniks ang mga mag-aaral upang mapanatili ang kanilang mabuting performans.
3. Ang mga guro ay nararapat magkaroon ng insidental na pagkatuto upang mapagtibay ang retensyon ng mga konsepto sa mga mag-aaral.

Batay sa pag-aaral ni Vasquez (2007), sa komposisyon na may titulong “My Life in Colombia” ng mga mag-aaral na ginamitan ng Clinical Elicitation o (CL) research, lumabas na ang mga kamalian ng mga mag-aaral ay naihanay sa apat, ito ay ang mga sumusunod; una, omisyon, ikalawa, pagdaragdag, ikatlo, pagbibigay ng maling impormasyon at ikaapat ay maling pagkakasunod sunod ng ideya.

Gumamit ng *Clinical Elicitation Research* si Vasquez, samantala ang kasalukuyang mananaliksik ay gumamit naman ng error analysis. Tinukoy ni Vasquez ang karaniwang mga kamalian ng mga mag-aaral, at ipinaliwanag ang pinagmumulan nito samantala, sa kasalukuyang pag-aaral ay naglayong matukoy ang mga kamalian at bigyan ng lunas sa pamamagitan ng pagbuo ng kagamitang pampag-aaral.

Si Darus (2009), ay nagnais na matukoy ang mga kamalian sa pagsulat ng mga estudyanteng Malay. Lahat ng mga kabilang sa pag-aaral ay hindi namulat sa wikang Ingles at hirap gamitin ito sa pakikipag-usap sa labas ng paaralan. Ginamit sa pag-aaral ang Markin Software at ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral. Tinukoy ang

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

mga kamalian at ikinategorya. Ayon sa resulta ng pag-aaral, may anim na karaniwang mga kamalian ang mga mag-aaral ito ay ang mga sumusunod: singular/plural form, aspekto ng pandiwa, pagpili ng salita, pang-ukol, subject-verb agreement at wastong pagkakasunod-sunod ng salita.

Ipinapakita lamang nito ang mga aspetong nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusulat gamit ang wikang Ingles. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito natukoy kung paano natutunan ng mga mag-aaral ang mga tuntunin sa target na wika – Ingles.

Nagbigay din ito ng impormasyon sa karaniwang trouble-spots sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral na maaring maging batayan sa paghahanda ng epektibong kagamitang pampagtuturo.

Ang kaugnay na pag-aaral ay gumamit ng *Markin Software* upang malaman ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral, samantala ang kasalukuyang mananaliksik ay gumamit ng *Error Analysis* sa pagtukoy ng mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kapwa naman naglayon ang mananaliksik at kasalukuyang mananaliksik na makabuo ng epektibong kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Magkaiba ang pagpili ng respondent mga mananaliksik, gumamit ng purposive sampling ang mananaliksik upang matukoy ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites

Ang pag-aaral na isinagawa Angeles (2012) ay tumukoy, sumuri, at nagtaya sa mga anyo ng mga kamalian sa pagsulat ng komposisyong nagsasalaysay ng mga nasa ikalimang baitang na mag-aaral ng Montessori Academy of Valenzuela, Valenzuela City.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Layunin nitong matukoy ang lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Ingles upang magkaroon ng matibay na basehan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na naglalayong hasain at paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Mula sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay sa gramatika at mekaniks. Sa gramatika, karaniwang nagkakamali ang mga mag-aaral sa pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pang-ukol, pang-ugnay, pantukoy, talasalitaan, at pangungusap. Samantala sa mekaniks ang mga karaniwang kamalian ay sa pormat, talata, bantas, pagbaybay at paggamit ng malaking titik. Matapos ang pagsusuri sa mga kamalian ay naghanda ng kagamitang pampagtuturo ang mananaliksik na magagamit bilang *remedial* sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagsusuri.

Ang kaugnay na pag-aaral ay gumamit ng *error analysis* sa mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral, katulad din ng kasalukuyang pag-aaral, ginawa nitong batayan ang mga kamalian ng mga mag-aaral upang makabuo ng isang kagamitang pampagtuturo na magagamit upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Sa kabilang dako, magkaiba ang respondent ng kasalukuyang mananaliksik ay mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa *social networking sites* at dumaan sa *purposive sampling* samantala mga mag-aaral sa ikalimang baitang naman kay Angeles. Maliban sa pagtukoy sa karaniwang kamalian tinukoy din sa kasalukuyang pananaliksik ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at iniugnay ito sa dalas ng paggamit ng kanilang mga *social networking sites* upang maging giya sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang paglinang sa kakayahan sa pagsulat ay isang mahalagang bahagi ng pamantayang pangwika sa elementarya sapagkat ang unang pagkatuto ay nakasalalay sa unang pormal na edukasyon ng isang bata (Humes, 1983 binanggit ni Veal, Jr., 2001)

Napatunayan din na ang pagtuturo sa pagsulat ay isa sa pinakamasalimuot na bahagi ng kurikulum. Bilang karagdagan, ang mabuting kurikulum sa pagtuturo ng pagsulat ay nagpapakita ng natatanging panglinggwistika at pangkultural na karanasan sa mga mag-aaral na magbibigay sa kanila ng pagkakataong magdesisyon sa kung ano ang gusto nilang isulat. Ang bawat mag-aaral ay natatangi kaya naman ang pagbibigay sa kanila ng pagkakataong mamili ng kanilang isusulat ay nagbibigay sa kanila ng mas komportableng pakiramdam sa pagsulat. Tinukoy nina Dulay et.al. banggit ni Ulla (2014), ang dalawang mahalagang layunin sa pag-aaral ng mga kamalian ng mga mag-aaral. Una, ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon mula sa hinuha tungkol sa proseso ng pagkatuto ng wika na maaring gawin. At ikalawa, nagbibigay ito ng palatandaan kung saang bahagi ng target na wika ang pinaka- pinoproblema ng mga mag-aaral at kung anong anyo ng mga kamalian ang nakakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan ng epektibo.

Sa prosesong pagdulog ng pagsulat ng teksto ni del Castillo (2010), tungo sa kanyang pagbuo ng banghay-aralin, lumabas sa pagsusuri na kulang sa kasanayan sa pagsulat ang mga bata dahil sa kanilang mga kamalian sa organisasyon, nilalaman at mekaniks. Naghanda at nagdebelop ng banghay-aralin ang mananaliksik na naglalayong lunasan ang mga problemang kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa paggamit ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

banghay-aralin na inihanda ng mananaliksik napag-alaman na epektibo ito sa mga mag-aaral sapagkat nakatulong sa mga ito ang iba't ibang gawain sa pagsulat upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat.

Ang mga kaugnay na pag-aaral ay katulad ng kasalukuyang pananaliksik na naglayong tukuyin ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral at maghanda ng kagamitang pampagtuturo upang magbigay lunas o di kaya ay maiwasan ang mga pagkakamali sa pagsulat ng komposisyon. Ang kaibahan lamang ay isinaalang-alang sa kasalukuyang pananaliksik sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ang kaugnayan ng dalas ng paggamit ng *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa pagsulat komposisyon.

Nagsagawa ng pag-aaral si Barraquiao (2006), sa sulatin ng mga mag-aaral ng Letran Calamba College na nakakuha ng markang medyo mahusay sa gramatika. Samantala sa pag-aaral ni Cabansag (2013), kanyang natuklasan na napakahusay ng mga mag-aaral sa istruktura at gramatika, ngunit hindi gaano sa mekaniks.

Ang pag-aaral na nabanggit sa itaas ay katulad ng kasalukuyang pag-aaral na naglayong tukuyin ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral. Gumamit ng *teacher-made questionnaire* si Barraquiao at *revised paragraph writng rubric* na hango mula sa internet ang ginamit ni Cabansag, samantala ang kasalukuyang pananaliksik ay gumamit ng *ESL Rubric* nina Jacobs, H.L. Hartfiel, V.F., Hughey, J.B., at Wormuth, D.R., (1981).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa paglipas ng panahon, ang mga mananaliksik at mga batikang manunulat ay nagwika na sa pagkakaroon ng oportunidad na sumulat nang may suporta mula sa guro at may holistikong nilalaman, magagamit ng bata ang kanyang kaalaman sa wika at kultura upang mahasa ang kakayahan sa kompleks na sistema ng pagsulat.

Ang pagtuturo ng pagsulat ay isang malaking hamon sa mga guro sapagkat ito'y isang napakalaking hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi masasabing matagumpay sa pagtuturo ng pagsulat kung ang mga mag-aaral ay hindi makasulat kahit isang payak na pangungusap lamang matapos nitong pag-aralan ang mga paraan ng pagsulat ng letra at dumaan sa mas mataas na lebel ng aralin sa pagsulat. Kaakibat ng pagtatamo ng husay sa pagsulat ay ang kakayahang panggramatika. Nararapat na madebelop ang kakayahan at kaalaman ng mag-aaral sa mga istruktura ng wika at gramatika nang mailapat ito sa kanyang pagsulat sapagkat ang wikang sinasalita ang simbolong inililimbag ng manunulat gamit ang panulat. Napakainam na ang manunulat ay maalam sa wikang kanyang gagamitin bilang midyum ng pagsulat upang kanyang maihatid ng tama ang anumang mensaheng kanyang nais iparating at maiwasan ang di pagkakaunawaan tungkol dito.

Nakababahala na sa kabila ng pagsulpot ng iba't ibang pamamaraan at teknik sa pagtuturo ng pagsulat ay nananatili pa ring hamon ang pagtuturo nito. Marami pa rin sa mga mag-aaral ang nagkakamali tuwing sila ay susulat ng komposisyon, hindi nawawala ang kamalian sa gramatika, mekaniks at istruktura. Hindi nga naman ito maiiwasan pagkat ito ay bahagi ng proseso ng pagkatuto ngunit isa sa mga layunin ng pagtuturo ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

pagsulat ay mabawasan, maiwasto at mawala ang mga kamalian sa mga sulatin ng mga mag-aaral. Upang matugunan ang pangangailangan sa mabisang pagkatuto ng pagsulat, ang mga dalubhasa ay patuloy sa pananaliksik upang makabuo ng isang programa o di kaya ay kagamitang pampagtuturo na makatutulong upang mapaunlad ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat.

Bilang tugon, ang pag-aaral na ito ay isinagawa ng mananaliksik upang malaman ang karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral. Layunin din ng pag-aaral ang kaugnayan ng antas ng kahusayan sa pagsulat sa dalas ng paggamit *social networking sites* upang magsilbing gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo nang malunasan o mabawasan ang mga pagkakamaling nagagawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga sulatin upang makamit ang mataas na antas ng kahusayan sa pagsulat at magkaroon ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa iba nang may kahusayan hindi lamang sa berbal na paraan kundi maging sa pasulat.

1.3 Teoretikal na Balangkas

Ang pagsulat ay isang anyo o kasanayan ng komunikasyon. Ito ay isang prosesong sosyal o panlipunan at bunga ng interaksyon ng taong sumusulat at taong tumatanggap ng mensahe mula sa ipinadalang tekstong isinulat. (Alcaraz, et.al,2005)

Ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng pagsulat ay isang pamamaraan kung saan ang wika ay tuwirang itinuturo. Pinag-aaralan kung paano makalilikha ang mga mag-aaral ng magagandang sulatin. Nagsisimula ang mga ito sa bawat bahagi patungo sa pagsulat ng buong konteksto. Sa klase, direktang itinuturo ng guro kung paano sumulat

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

ng payak patungo sa mas malawak na kasanayan ng pagsulat ng salita, parirala, pangungusap at hanggang sa makabuo ng talata. Ang pagwawasto ng sulatin sa paraang ito ay kombensyunal, guro ang nagwawasto sa bawat sulatin.

Samantala, ang proseso ng pagsulat ay paraang pupukaw sa interes ng mga batang ESL na sumulat ng kanilang sariling mensahe habang hinuhubog ang kanilang kakayahang panliterasi (Heald-Taylor, 1986). Sa prosesong ito, ang paghahatid ng mensahe ang pinakamahalaga kaya ang mga kamalian sa pagsasanay sa pagsulat, pagbaybay at gramatika ay tanggap dahil sa paniniwalang sa pamamagitan nang patuloy at regular na pagsulat ng mag-aaral inaasahang matututunan ang mga kailanganing kakayahan.

Mayroong limang yugto ang pagsulat sa prosesong ito:

Una, bago sumulat. Ito ang yugto na kung saan bubuo ng mga ideyang isusulat, maaring maglista, magbrainstorming, gumawa ng venn diagram o mga graphic organizer. Ikalawa, pagbuo ng burador, sa prosesong ito inaasahang susulat ang mag-aaral ng kanilang unang burador na siyang paghuhugutan nito ng kanyang mga ideya. Nararapat na isaalang-alang na ang target na mambabasa sa yugtong ito. Ikatlo, pagrerebisa. Sa bahaging ito, maaring baguhin ng mag-aaral ang kanyang sulatin. Maaring magbawas, magdagdag, magayos kaya'y muli itong isulat. Ikaapat, pagwawasto (proofreading) sa yugtong ito, i-eedit ng mag-aaral ang kanyang sariling sulatin gamit ang tseklist o di kaya ay may partner sa pagwawasto o pag-eedit.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang mga nabanggit na yugto ay inaasahang epektibo sa pagkatuto ng pagsulat pagkat may tiyak na prosesong pinagdadaanan upang makabuo ng isang makabuluhang sulatin.

Kaugnay nito, pinaghambing nina Freeman at Freeman (2004) ang *Traditional Writing* at *Process Writing Instruction*. Ayon sa kanila, ang traditional na pagtuturo ng pagsulat ay nakatuon sa pagkatuto at tuwirang itinuturo ang pagsulat. Samantala, ang *process writing* ay nakatuon sa pagtatamo ng kasanayan na ginagawang batayan sa produkto ng sulatin ng mag-aaral. Maaring nagkakatulad ang mga guro ngunit nagkakaiba sa maraming bagay. Una, sa layunin; sa traditional na klasrum, itinuturo kung paano bumuo ng mainam na sulatin samantala, bumubuo naman nang mainam na sulatin ang mag-aaral habang natatamo ng kaalaman sa proseso ng pagsulat ang *process writing*. Ikalawa, sa metodo; nagsisimula ang tradisyunal na klasrum sa pagtuturo ng mga bahagi ng sulatin patungo sa kabuuan nito at ang *process writing* naman ay nagsisimula sa pagbibigay ng isang mensahe at saka idedebelop ang kakayahan ng mag-aral upang makabuo ng sariling mensahe. Ikatlo, tungkulin ng guro; tungkulin ng guro sa traditional na klasrum na direktang itinuturo kung paano sumulat ng titik, salita, pangungusap at talata. Sa kabilang dako, sa *process writing* ang guro ay bumubuo ng awtentikong halimbawa saka tutulungang makapagpahayag ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat. Ikaapat, pagwawasto; kombensyunal ang pagwawasto ng guro sa mga sulatin. Guro ang tagapagwasto sa bawat sulatin ng mga mag-aaral sa tradisyunal na klasrum. Samantala, natural naman ang daloy ng sulatin mula sa imbensyon patungong

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kombensyon sa *process writing*. Kasali ang mga kamag-aral at guro sa pagwawasto ng mga burador (Jarvis, 2002).

Samakatuwid, ang traditional at *process writing* na pamamaraan sa pagtuuro ng pagsulat ay nagkakaiba ng mga pamamaraan at prinsipyo sa pagtuturo. *Teacher-centered* ang traditional pamamaraan pagkat nakasasalay sa guro ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, masasabing *Student-centered* naman ang *process writing* sapagkat mas pinagtutuunan nito ng pansin ang kakayahan ng bata at doon magsisimula upang idebelop ang iba pa nitong kakayahan habang dumadaan sa proseso ng pagsulat.

(en.wikiversity.org)

Bilang karagdagan si Hugney, et.al. (1983) banggit ni Dingsalan (2011) ay naniniwala na nakatutulong ang pagsulat sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pag-iisip, pagpapasya at paglutas ng suliranin. Napauunlad din nito ang iba pang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral gaya ng pagbabasa, pagtatala, pagtukoy ng mahahalagang detalye, pakikipagtalakayan, pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos.

Sa kabilang dako, ang produkto, proseso, konteksto at kognitibo ay naging pokus ng pagtuturo ng pagsulat sa nakaraang panahon. Mapagsasama-sama at mapag-uugnay-uugnay ang mga pananaw na ito sa tinatawag na socio-cognitive theory ni Freeman (1987).

Ang teoryang sosyo-kognitibo ay nagsasaad na ang pagkatuto ay may batayang panlipunan at ito ay isang prosesong interaktibo. (Lalunio,1990; Alcaraz, et.al, 2005).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Nangangahulugan ito na ang pag-unawa ay naaapektuhan ng maraming salik gaya ng iskema ng mga mag-aaral at ng konteksto.

Kaugnay ito, may isang modelong isinilang kaakibat ng pagbabago sa lipunang ating ginagalawan na sa kasalukuyan ay puno nang makabagong teknolohiya.

Maituturing itong isang mahalagang sangkap upang makapaghandang at makasulat ng talata o sanaysay. Ang Socio-Culture Anticipatory Recursive o SCAR ay sinasabing isang napapanahong modelo ng pagsulat. Ang mga mag-aaral ay maaring magbahagian ng kanilang mga burador na maituturing na mainam na karanasan. Presentasyon ang huling yugto ng modelong ito ng pagsulat na siyang nakapanghihikayat sa mga mag-aaral na sumulat.

Isa pang pagdulog ang Environmental - Genre Approach . Ito ay konektado sa sosyal na nilalaman at layunin ng pagsulat sa modelong SCAR. Kung matutunan ng bata na sumulat ayon sa modelong Environmental-Genre Approach, magkakaroon ito ng kamalayan sa kanyang target na mambabasa. Kaya naman sinasabing nararapat din itong ituro sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay maaring magamit ang kaalaman sa kanilang awdiyens at kontekstong sosyal upang matukoy ang direksyon ng sulatin. Ngunit ang modelong SCAR ay nakaaangat parin sa Environmental-Genre Approach dahil maari itong gamitin sa kahit na anong uri ng sulatin.

(members.tripod.com)

Mahalagang tandaan na ang bawat teorya o modelo ay may kalakasan at kahinaan. Nagagamit ng bawat isa upang maging matagumpay ang pagtuturo-pagkatuto.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Mabisa ang isang modelo o dulong kapag angkop sa kakayahan at istilo ng mga mag-aaral. Ang bawat modelo ay nagsilbing gabay ng mananaliksik sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Isa pang teorya na isinaalang sa pananaliksik na ito ang teoryang *Constructivism*. Binigyang-diin nito ang aktibong pagkatuto sa kontektwalisadong proseso nang pagbuo ng mga impormasyon. Ang kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng mga personal na karanasan at pagpapalagay sa kapaligiran ng mag-aaral. Patuloy na tinataya ang mga palagay sa pamamagitan ng mga sosyal na pakikipag-ugnayan. Bawat mag-aaral ay may kanya-kanyang paraan ng pagpapakahulugan at pagbuo ng kaalaman. Ang teoryang ito ay nagpapalagay na ang lahat ng kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng mga iskema ng mga mag-aaral. (learning-theories.com)

Sa klasrum ng mananaliksik, may mga mag-aaral na sanay sa paggamit ng iba't ibang gadget bilang gamit sa pag-aaral, libangan o di-kaya ay sa pakikipag-ugnayan. Kinakitaan ng mananaliksik na may kakayahang makabuo at makapagpahayag ang mga mag-aaral ng kanilang mga pananaw at nalalaman nang buong husay. Sa pamamagitan kaya ng mga gadget, nahahasa ang kanilang kakayahan na mag-isip at makabuo ng makabuluhang kaalaman tungo sa kanilang epektibong pag-aaral? May kaugnayan kaya ang paggamit ng mga gadyet at social networking sites sa mabisang pagkatuto? Napagtanto ng mananaliksik na maganda itong pagkakataon ito para mataya din ang husay ng mga mag-aaral na makapagpahayag sa pamamagitan ng pagsulat. Sa ganitong liwanag, ang pag-aaral na ito ay isinagawa.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Upang masiguro ang maayos na daloy ng pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang mga yugto at konsepto ng *error analysis* ni Corder (1964, 1967) banggit ni Angeles, 2012) para sa mga tiyak na hakbang sa pagsusuri ng kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat at ESL Komposisyon Rubric naman nina Jacobs, H.L. Hartfiel, V.F., Hughey, J.B., at Wormuth, D.R., (1981) sa pagtataya ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang integratibong pagdulog ang ginamit na batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo sapagkat ang dulog na ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na makita ang realidad ng buhay habang natututo; mapabuti ang kanilang mga kakayahan at matamo ang mga kasanayang kinakailangan sa tunay na buhay. Nagaganap ito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga nilalaman ng pagkatuto sa mga asignatura. Ayon kay John Dewey, banggit ni Dimalanta (n.d), ang paggamit ng iisang tema, sitwasyon at gawain sa tunay na buhay ay nagbubunsod ng makabuluhang pagkatuto. Sa kasalukuyan ang K to 12 Curriculum na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng mga workbuk na gumamit ng *multi-disciplinary* at integratibong pagdulog sa iba pang asignatura. Ang mga workbuk na ito ay naglalaman ng mga gawaing nakabatay sa tunay na buhay na naglalayong madevelop ang *21st Century skills* tulad ng *higher order thinking skills*, makabuluhang pangangatwiran, pagkamalikhain, at epektibong paggamit ng mga ito sa pamumuhay (Dimalanta, C.C n.d). Naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ang integratibong pagdulog sa pagbuo ng modyul upang maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

INPUT

- Sarbey sa social networking sites exposure ng mga mag-aaral.
- Mga sulatin ng mga mag-aaral
- Paglalapat ng teoryang constructivism sa pagsulat ng sulatin



PROSESO

- Gabay ang mga teorya ng pagsulat:
 - a. Paggamit ng integratibong pagdulog sa pagbuo ng mungkahing modyul para sa pagsulat
 - b. Process writing approach
 - c. SCAR
 - d. Socio-cognitive theory
- Pagtukoy sa social networking sites gamit ang survey questionnaire
- Pagsusuri sa mga kamalian ng mga mag-aaral sa tatlong sulatin
- Pagsusuri sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon gamit ang ESL komposisyon rubric nina Jacob et.al.,
- Pagtaya sa kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon



**Modyul
Sa Pagsulat**

Plate 1. Ang riserts paradaym



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

1.4 Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral. Sinagot ng pag-aaral na ito na ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga sumusunod:

1.1 Mekaniks: ispeleng, palabantasan, paggamit ng malaking titik, pagtatalata at margin

1.2 Gramatika: paggamit ng pandiwa, pangatnig, panghalip, pang-uri, pantukoy, pangungusap at bokabularyo

2. Ano ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng lantad at di-lantad na mga mag-aaral sa sumusunod na aspeto:

2.1 Nilalaman

2.2 Organisasyon

2.3 Bokabularyo

2.4 Gamit ng wika

2.5 Mekaniks

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

3. Sa anu-anong *social networking sites* kabilang ang mga mag-aaral at gaano kadalas ito gamitin ng mga respondent?
4. May kaugnayan ba ang dalas nang paggamit ng *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon?
5. Mula sa resulta ng mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon, anong kagamitang pampagtuturo ang maaring imungkahi?

1.5 Haypotesis

1. Walang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *social media sites* at mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

1.6 Lawak at Delimitasyon

Ang pananaliksik na ito ay naglayong matukoy ang karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Grade 7 Dahlia at Rosal sa kanilang pormal na sulatin sa Paaralang Reina Mercedes Vocational & Industrial School Taong Panuruan 2017-2018.

1.7 Mga Terminolohiyang Ginamit

Pagsulat. isang paraan ng interkomunikasyon ng tao sa pamamagitan ng arbitraryong simbolo na minamarkahan upang makabuo ng sistema. (Alcaraz, 2005)

Kahinaan. Tumutukoy sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral na salungat sa mga tuntuning pang gramatika, pagsasangkap at kayarian.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Kamalian. Sumasaklaw sa iba't ibang bagay na natagpuang sumisira sa wastong diwa ng pangungusap kaysa nangangailangan ng pagwawasto. (Santiago A.O. at Tiangco N.G., 2003)

Komposisyon. Itinuturing na pinakapayak na paraan ng pagsulat at dito hinahasa ang mga mag-aaral sa pagsulat. (Dingsalan, 2011)

Kamaliang gramatikal. Tumutukoy sa mga maling paggamit sa iba't ibang bahagi ng pananalita.

Kamaliang mekanikal. Mga pagkakamali sa pagbabaybay, pagbabantas, paggamit ng malaki at maliit na titik, pagtatalata at pagpapasok.

Kamaliang istruktural. Ito ay mga kamalian sa pagbuo ng pangungusap.

Social Networking Sites (SNSs). Ito ay mga website o application sa internet na kinabibilangan ng mga tao upang magpahayag o makipag-usap sa mga kaibigan o bahagi ng kanilang network.

Facebook. Ito ay isang social networking site na libre ang pagsali at maaring magpost ng mga larawan, status o naiisip at makipag-ugnayan sa mga tao mula sa iba't ibang lugar.

Twitter. *Social Networking Site* na maaring magpost ang miyembro ng larawan o mensahe. Maari ring i-follow ang profayl ng mga iniidolong personalidad.

Google. Isang uri ng *browser* sa internet na naglalaman ng napakaraming impormasyon ukol sa iba't ibang bagay. Mainam gamitin sa pananaliksik ng mga impormasyon.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

WhatsApp. Isang uri ng *Social Networking Site* na kung saan maaring makapagpadala ng mensahe kahit kanino ng walang bayad.

Youtube. Isang uri *Social Media Website* kung saan maaring manood at magbahagi ng sariling *video*.

Wattpad. Isang uri ng *Social Networking Site* kung saan maaring magbasa ng *e-book* at makapagbahagi ng sariling akda.

Lantad (Exposed). Ito ay terminolohiyang ginamit ng mananaliksik upang bigyan ng distinksyon ang pangkat ng mga mag-aaral na mayroong account sa internet o *Social Networking Sites* o *application* at aktibo sa mga ito.

Hindi Lantad (Not exposed). terminolohiyang ginamit ng mananaliksik sa pangkat ng mga mag-aaral na walang *account* sa *social networking sites*.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

KABANATA 2

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng proseso ng pananaliksik sa pag-aaral ito. Kakikitaan ito ng ilang presentasyon: 1. disenyo ng pananaliksik; 2. respondents na pag-aaralan; 3. instrumento sa pangangalap ng datos; 4. proseso ng pangangalap ng mga datos; at 5. kagamitang istadistikal 6. Pagsasaalang-alang sa etika

2.1 Disenyo Ng Pananaliksik

Ang disenyong palarawan ang ginamit na paraan ng mananaliksik upang masuri at mailarawan ang mga natuklasan sa pag-aaral.

Ang palarawang paraan ay ginamit upang maipaliwanag, masuri at maklasipika ang mga resulta ng pag-aaral (Fraenkel & Wallen, 2009). Ito ay isang pag-aaral na nagtatangkang ilarawan ang umiiral na kondisyon nang hindi sinusri ang relasyon ng mga baryabol. (digilib.iain-palangkaya.ac.id)

Ang mananaliksik ay nagnais na maipaliwanag at mailarawan ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa kanilang komposisyon, masuri ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at matukoy ang kaugnayan nito sa dalas ng paggamit ng **social networking sites** ng mga mag-aaral.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

2.2 Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga mag-aaral ng Reina Mercedes Vocational and Industrial School na nasa Ikapitong baitang sa klase ng Dahlia at Rosal na nakatala sa Taong Panuruan 2017-2018 ang mga kalahok ng pag-aaral. Tinukoy ng guro ang mga mag-aaral na mayroong aktibong *social networking account* at mga mag-aaral na wala nito. *Purposive sampling* ang ginamit ng mananaliskik sapagkat kinuha nitong respondent ang 30 lantad at 30 na hindi lantad sa *Social Networking Sites*. Sa kabuuan, mayroong 60 respondents ang pananaliksik. Mula sa dalawang klase, 60 lamang ang naging respondent ng pag-aaral pagkat ang ilan sa mga mag-aaral ay hindi gaanong lantad sa *Social Networking Sites*, mayroong may *account* sa *Social Networking Sites* ngunit hindi naman aktibo dito.

2.3 Instrumento sa Pangangalap ng Datos

1. Ang mga komposisyon ng mga mag-aaral ang pangunahing datos sa pag-aaral.
2. *Survey questionnaire* ang ginamit upang matukoy ang *social networking sites* na kinabibilangan ng mga mga respondent at mga kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa kanilang tahanan.
3. Upang malaman ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ang mananaliksik ay ginamit ng ESL Komposisyon Rubric nina Jacobs, H.L. Hartfiel, V.F., Hughey, J.B., at Wormuth, D.R., (1981).
4. Tinukoy ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral gamit ang tally sheet.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

2.4 Proseso sa Pangangalap ng Datos

Upang makalap ang sapat at tumpak na mga datos at masuri nang tama ang mga ito, ginamit ang konsepto at modelo ng error analysis (Corder (1964, 1967 banggit ni Angeles 2012). Ito ay binubuo ng anim na yugto: pagpapalano, pangongolekta ng mga sample o sulatin ng mga mag-aaral at subscription sa social networking sites, pagtukoy sa mga kamalian at social networking sites na kinabibilangan, paglalarawan sa mga kamalian at pagtataya ng antas ng kahusayan sa pagsulat, pagpapaliwanag sa mga kamalian, antas ng kahusayan sa pasgualt at dalas ng paggamit ng social networking sites, at ebalwasyon ng mga kamalian.

Unang Yugto: Pagpapalano

Sa panahon ng pagpapalano, tinukoy ng mananaliksik ang problemang kanyang bibigyang pansin ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon, tinukoy din ang mga baryabol na nais tayain, nagbasa rin ng mga kaugnay na literatura ang mananaliksik upang magkaroon ng ideya sa pagsasagawa ng kanyang pag-aaral at pinili ang mga mag-aaral na nasa Ikapitong Baitang ng Reina Mercedes Vocational and Industrial School para sa taong panuruang 2017-2018 bilang mga respondents ng pag-aaral.

Ikalawang Yugto: Pangongolekta ng sulatin ng mga mag-aaral at survey sa social networking sites subscription

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang mga mag-aaral ay binigyan ng tatlong sulatin; una; pinasulat sila ng isang komposisyon tungkol sa anumang paksa na ibig nila, layunin ng pagpapasulat sa mag-aaral na mataya ang kanilang kakayahan sa pagsulat at kung binibigyang pansin ba ang mga tuntunin sa pagsulat ng talata. Ikalawa, nagparinig ang guro ng musika at nagpasulat ukol sa kanilang naging impresyon sa awitin, nais ng mananaliksik na mataya ang kakayahan ng mag-aaral na makasulat ayon sa sariling pananaw o karanasan. At ikatlo, pinasulat ang mga mag-aaral tungkol sa isang tiyak na paksa ‘Ang Martial Law sa Mindanao’. Layunin ng mananaliksik na matukoy ang kakayahan ng mag-aaral na makasulat ng nakatuon sa isang paksa at kung paano niya ito bibigyang katwiran ayon sa kanyang mga nabasa o narinig mula sa iba’t ibang uri ng media o mga tao sa kanyang paligid. Ang mga komposisyon ay ipinasa sa mananaliksik para sa pagwawasto. Ang mga mag-aaral ay pinasagot sa survey upang matukoy ang social networking sites na kinabibilangan ng mga ito at dalas ng paggamit dito. Maging ang mga kagamitang pampag-aaral sa tahanan at dalas ng paggamit sa mga ito ay isinailalim sa sarbey.

Ikatlong Yugto: Pagtukoy sa social networking exposure at mga kamalian

Tinukoy ng mananaliksik ang mga *social networking sites* na kinabibilangan at tiyak na kamalian ng bawat respondent sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa sa mga komposisyon. Sa pagwawasto ng mga komposisyon, tinaya ng mananaliksik ang pagiging consistent ng mga kamalian sa tatlong sulatin na ipinasa ng mga mag-aaral upang matiyak kung ito ba tunay na nagiging kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Gumamit ng *color-coding* ang guro sa pagwawasto.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ikaapat na Yugto: Paglalarawan ng mga kamalian, antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon at eksposyur sa *social networking sites*

Pagkatapos na maiwasto ang mga komposisyon, inuri ng mananaliksik ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa dalawa: mekaniks at gramatika, gamit ang *tally sheet*. Sa pagkaklasipika ayon sa bawat kategorya, inirekord ng guro ang bawat kamalian ng mag-aaral, inilagay sa talahanayan, itinala ang bilang ng mga mag-aaral na may kamalian sa bawat kategorya. Ang mga kamalian ay iniayos mula sa pinakamataas na bilang hanggang sa pinakamababang bilang ng mga kamalian ng mga mag-aaral. Ang bahagdan ang ginamit sa pagsasaayos ng mga kamalian at nang matukoy ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral. Tinaya din ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang *ESL composition Rubric* nina Jacobs et.al. (1981) bilang gabay. Sa yugtong ito, ang mananaliksik ay nagbigay ng detalyadong paglalarawan ng karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at nagpakita rin ng mga halimbawa. Inilarawan din ng mananaliksik ang social networking sites na pinakamaraming bilang ng account ang mga mag-aaral.

Ikalimang Yugto: Pagpapaliwanag sa mga Kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon at SNSs.

Sa yugtong ito, ang mga natukoy na mga kamalian sa pagsulat komposisyon, antas ng kahusayam sa pagsulat at ang *Social Networking Sites* na kinabibilangan ng mga mag-aaral ay inilarawan.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ika-anim na Yugto: Ebalwasyon ng mga Kamalian, antas ng kahusayan sa pagsulat at ugnayan ng dalas ng paggamit ng social networking sites

Ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay sinuri ayon upang makapagbigay ng tamang desisyon sa pagpapababa o pagbibigay-lunas sa paulit-ulit na pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa hinaharap. Ang mga kamaliang ito ay tutulong sa mananaliksik upang makabuo ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong upang malunasan o mabawasan ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang komposisyon.

2.5 Kagamitang Estadistikal sa Pagsusuri ng Datos

Upang malaman ang mga uri ng mga kamaliang nagawa ng mga mag-aaral na respondent, ang mga sumusunod na estadistikong kagamitan ang ginamit.

1. Sa pagtuklas ng mga karaniwang kahinaan ng mga mag-aaral sa isinulat na komposisyon ang simpleng bahagdan at paghahanay sa talahanayan (frequency distribution) ang ginamit.

Pormula sa Bahagdan

$$\text{Bahagdan} = \frac{\text{Bilang ng sampol}}{\text{Bilang ng Tagatugon}} \times 100$$

2. Ang mga datos ay dumaan sa proseso ng SPSS o Satistikal Package Social Sciences.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

3. Ang ESL Komposisyon Rubrik nina Jacobs, et.al., ay ginamit upang tukuyin ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga mga sumusunod na iskala ay ginamit upang markahan ang mga sulatin ng mga respondent.

Nilalaman

Antas

30-27	- Napakahusay
26-22	- Mahusay
21-17	- Medyo Mahusay
16-13	- Napakahina

Organisasyon

Antas

20-18	- Napakahusay
17-14	- Mahusay
13-10	- Medyo Mahusay
9-7	- Napakahina

Bokabularyo

Antas

20-18	- Napakahusay
17-14	- Mahusay
13-10	- Medyo Mahusay
9-7	- Napakahina

Gamit ng Wika

Antas

25-22	- Napakahusay
21-18	- Mahusay
17-11	- Medyo Mahusay
10-5	- Napakahina

Mekaniks

Antas

5	- Napakahusay
4	- Mahusay
3	- Medyo Mahusay
2	- Napakahina



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

4. Sa pagtukoy ng antas ng kahusayan sa pagsulat ang pagkuha ng mean iskor at standard deviation ay ginamit.
5. Upang patukoy ang kaibahan ng kahusayan sa pagsulat ng mga lantás (exposed) at di-lantad (di-exposed) sa social networking sites ay gumamit ng Levene's Test of equality of Variances at t-test.
6. Gumamit ng pagpipilian sa pagtukoy sa dalas ng paggamit ng social networking sites at kagamitang pampag-aaral.

Dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa loob ng isang linggo at limang araw na may klase.

Scale	Deskripsyon
5 -	5 araw
4 -	4 araw
3 -	3 araw
2 -	2-1 araw
1 -	0 o wala

Dalas ng paggamit ng social networking sites ng mga respondents

Scale	Deskripsyon
5 –	Napakadalás
4 –	Madalas
3 –	Madalang
2 -	Napakadalang
1 –	Hindi kailanman

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

2.6 Pagsasaalang-alang sa etika

Upang maiwasan ang mga posibleng problema habang isinasagawa ang pag-aaral ang mananaliksik ay siniguro ang mga sumusunod: Una, iniwasang magdulot ng pinsala sa mga partisipant hangga't maari. Ikalawa, pinanatili ang *privacy* ng mga kasali sa pag-aaral. Upang mapangalagaan ito, ang mananaliksik ay humingi ng permiso sa mga respondent bago mangolekta ng impormasyon tungkol sa kanila. Ikatlo, pinangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga respondent. Upang mapangalagaan ito ang mga respondent ay pinayagan ng mananaliksik na sumagot nang hindi naglalagay ng anumang pagkakakilanlan. Ikaapat, tiniyak ang *confidentiality*. Ang mga mananaliksik ay may mataas na moral at propesyunal na pananagutan na panatilihing kompidensyal ang mga impormasyon at datos na nakuha mula sa pag-aaral. At panglima, ang kalahok ay may kalayaang magdesisyon kung makikibahagi o hindi sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik. Binigyan sila ng *consent letter* upang makapagpasya.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

KABANATA 3**PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS**

Ang kabanatang ito ay kakikitaan ng presentasyon, analisis at interpretasyon ng mga datos batay sa nakalap na impormasyon sa mga talatanungang sinagutan at komposisyong isinulat ng mga respondent.

A. Karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na lantad (exposed) at di – lantad (not exposed) sa *social media*.

Ang mga sumusunod na talahanayan ay tumatalakay sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon.

Mga Mag-aaral na lantad (exposed) sa Social Networking Sites

Matutunghayan sa talahanayan 3.1, ang pinakaraniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon na exposed sa social media ay ang maling paggamit ng panghalip na may average na 70 %, maling aspekto ng pandiwa, maling gamit ng pangatnig at kompleks at magulong diwa ng pangungusap na may 66. 67 %. Samantala, pangatlo ang maling paggamit ng pantukoy na may 33%, sumunod ang bokabularyo na may average na 26.67 % at pinakakaunti naman ang mga pagkakamali sa pang-uri na may average na 13. 33%.

Kaugnay nito, karaniwang kamalian naman ng mga mag-aaral sa mekaniks ay ang maling paggamit ng malaking titik at pagbabaybay o ispelang na may average na 83.33 %



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

samantala, pangalawa ang hindi pagmamargin at mali o di-paggamit ng bantas na may average 66.67 % at panghuli ang maling pagtatalata na may average na 46. 67 %.

Ang mga sumusunod na ilustrasyon ay pagpapakita ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na lantad sa *social networking sites*. Ang hanay ng orihinal ay nagpapakita ng mga halimbawa ng mga kamalian ng mga ito at ang hanay ng tama ay ang mga itinamang pahayag, pangungusap at salita.

ORIHINAL**TAMA****A. Paulit-ulit at maling gamit ng panghalip**

... sana makapagtapos daw ako nang pag-aaral *ko*...

... sana makapagtapos daw ako ng aking pag-aaral...

... lagi kaming may kaka sama lagi *kaming* nagkukulitan..

... lagi kaming magkakasama at nagkukulitan...

... dahil gusto kong protektahan ang aking mga pamilya at *aking* bayan

... dahil gusto kong protektahan ang aking pamilya at bayan

...sya ang aking inspirasyon sa buhay upang ako ay makapagtapos ng pag-aaral upang ang aking pangarap ay *aking* matupad at sana *ikaw* rin ay makapagtapos ng pag-aaral at matupad *mo* rin sana ang *iyong* pangarap sa buhay...

...siya ang aking inspirasyon. Sana'y matupad ko ang aking pangarap at sana matupad rin niya ang kanyang pangarap.

B. Maling aspekto ng Pandiwa

... nasa ibang bansa siya anak *maghahanap-buhay* para maibigay naming ang pangangailangan mo...

... nasa ibang bansa siya anak naghahanapbuhay nang maibigay namin ang pangangailangan mo...

...Palagi na akong *Nagtrabaho* sa bahay...

...Palagi akong tumutulong sa gawaing bahay...



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

...kung madaling araw ng Sabado ay
nag-ehersisyo ako...

... tuwing madaling araw ng sabado
ay *nag-eehersisyo* ako...

C. Pangatnig (maling gamit ng ng at nang)

... dahil sinabi *nang* mama ko...

... dahil sinabi ng mama ko...

...laki kasi *nang* sahod *nang*
doctor...

... mataas kasi ang sweldo ng
doctor...

... hindi na ako nag-kacrush *ng* kahit
sino...

... hindi na ako nagkacrush sa kahit na
sino...

At ngayong malaki na ako gagawin ko
ang lahat para makapagtapos ako at
mag-aaral ako *ng* mabuti...

Ngayong ako'y malaki na, gagawin ko
ang lahat para makapagtapos ako,
mag-aaral ako nang mabuti...

D. Pangungusap (Magulo ang diwa at kompleks na pangungusap)

Ang aking papa ay isang farmer siya ay isang masipag na farmer at tuwing kami ng aking mag mga kapatid nag-aaway kami ay pinapagalitan at pinagsasabihan

Ang aking ama ay masipag na magsasaka. Tuwing mag-aaway kaming magkakapatid ay pinagsasabihan niya kami.

Ang aking pangarap ay isang magiting at magaling na police dahil gusto kung mahuli ang mga masamang tao at matulungan ang aking bansa at ang aking bayan gusto kung maging inspirasyon ako ng aking pamilya, bansa, bayan, kabataan upang silarin ay maging katulad ko at matupad ang kanikanilang pangarap.

Ang aking pangarap ay maging isang magiting at magaling na pulis. Gusto kong mahuli ang masasamang tao at makatulong sa ating bayan. Gusto ko ring maging inspirasyon at magsilbing halimbawa sa para sa lahat.

E. Maling paggamit ng pantukoy

... lagi kaming nag-kukulitan at pag min
san ay *ang* mga kaibigan minsan e sila
ay nag aawayan...

... lagi kaming nagkukulitan at
minsan ay humahantong sa away...



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Hindi ko sasayangin ang pagod at pawis na binigay saakin *ni* mama at papa.

Hindi ko sasayangin ang sakripisyo nina mama at papa.

F. Bokabularyo (Impormal)

Meron

Mayroon

Kase

Kasi

'wag

Huwag

Sahod

Suweldo

G. Pang-uri (Maling anyo ng pang-uri)

Ang aking mga kaibigan ay mababait *magalang* at *matapang*.

Ang aking mga kaibigan ay mababait, *magagalang* at *matatapang*.

MEKANIKS

A. Maling gamit malaking titik

Ang *Aking Pamilya* ang aking inspirasyon ...

Ang aking pamilya ang aking inspirasyon...

B. Maling gamit ng malaking titik

noon batapaako lagilaging tinuturuan naako ng aking ama na magluto at maglaba...

Noong bata pa ako ay palagi na akong tinuturuan ng aking ama na magluto at maglaba...

saudi

Saudi

...Pag uwian na ay saka na kami mag *Hiwa Hiwalay*...

...kapag uwian na, saka lang kami maghihiwa-hiwalay...

C. Bantas (maling gamit o di-paggamit ng bantas)

ANG AKING CRUSH AY *SI?* SYA

Ang aking crush ay maputi,



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

AY MAPUTI_ MATANGKAD AT
MABAIT

... magpapakain ako ng mga baboy_
manok at baka...



...tatay maraming salamat po na
tinuruan mopo ako na mag luto at mag
laba_ at kabukasan noong gisingin ko
ang aking ama para kumain ng
almusal_ at biglanalang ako nagulat ng
sinabi ng aking kapatid na patay na ang
aking ama

matangkad at mabait.

...magpapakain ako ng mga baboy,
manok at baka...

... tatay maraming salamat at tinuruan
mo po akong magluto at maglaba.
Kinabukasan, nang gigisingin ko ang
aking ama upang mag-almusal,
nagulat ako nang sabihin ng aking
kapatid na patay na ang aming ama.

D. Pagtatalata







PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

E. Margin



Ang mga parilala, salita o pangungusap na nasa kolum na orihinal at tama ay nagpapakita ng mga halimbawa ng mga kamalian sa kayariang gramatikal at mekaniks. Pinakakaraniwang nagkakamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng panghalip na sinundan ng maling gamit ng aspekto pandiwa, pangatnig at pagbuo ng pangungusap. Sa panghalip, karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral ang paulit-ulit na paggamit nito sa loob ng pangungusap na hindi naman kinakailangan. Gayundin ang tamang gamit ng aspekto ng pandiwa na karaniwang hindi naisasaalang-alang sa pagsulat ng komposisyon. Halimbawa ang kilos ay kasalukuyang isinasagawa ngunit ang pandiwang ginamit ay panghinaharap “*maghahanapbuhay*” sa halip na “*naghahanapbuhay*.” Karaniwan ding kamalian ng mga mag-aaral ang paggamit ng pangatnig na *ng* at *nang* halimbawa ay “*ang laki kasi nang sahod ng doctor*” sa halip na “*mataas ang suweldo ng doctor*”. Sa kabilang dako, nagkakamali rin ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap, sa

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

halip na gumamit ng bantas na tuldok ay “at” ang ginagamit kadalasan, magulo ang mga pangungusap o kulang ang diwa nito.

Sa madaling salita, napagtitibay nito ang naging resulta sa pag-aaral ni Angeles (2011) na ang karaniwang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong gramatikal ay pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-ukol, pang-ugnay, pantukoy, talasalitaan, at pangungusap.

Kaparehong resulta rin ang ipinakita ng pag-aaral ni Sawalmeh (2013), na may sampung kamalian sa pagsulat ang mga mag-aaral at ito ay ang mga sumusunod: aspekto ng pandiwa; pagkakasunod-sunod ng mga salita; pagbabaybay; paggamit ng malaking titik; pantukoy; bahagi ng pangungusap; at pang-ukol.

Mahalaga ring pagtuunan ng pansin ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa mekaniks sapagkat ito’y mahalagang bahagi ng sulatin. Batay sa resulta, karaniwang nagkakamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng malaking titik, karaniwan sa pagsisimula ng bagong pangungusap, paggamit ng malaking titik sa loob ng pangungusap na hindi kinakailangan at paggamit ng maliit na titik sa mga pangngalang pantangi. Halimbawa ay “*saudi*” sa halip na “*Saudi*”. Hindi rin gaanong pinagtutuunan ng pansin ng mga mag-aaral ang wastong pagtatalata at paglalaan ng margin sa kanilang mag sulatin.

Tumutugma ang resulta nito sa pag-aaral ni Reyes (2002) sa mga karaniwang pagkakamali sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral sa Caloocan. Kanyang natuklasan na ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa mekaniks ay pagkakamali

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

sa paggamit ng malaking titik, ispeling, pagtatalata at pagbabantas. Maging sa pag-aaral ni Angeles (2011) ay natuklasan ang karaniwang kamalian ng mga mag-aara sa pagsulat ng komposisyon sa mekaniks ay ang mga sumusunod: pormat, talata, bantas, pagbaybay at paggamit ng malaking titik.

Samakatwid, hindi gaanong pinapansin ng mga mag-aaral ang tamang paggamit ng malaking titik at ispeling sa pagsusulat ng kanilang komposisyon.

Batay sa resulta, makikitang may kahinaan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon sa kayariang gramatikal at mekaniks sapagkat hindi nila alintana ang mga tuntunin sa pagsulat ng komposisyon.

Mga Mag-aaral na hindi lantad (not exposed) sa social media

Sa kabilang dako, ang mga mag-aaral na di-lantad sa social networking sites ay nagkaroon ng mga kamalian sa kayariang gramatikal at mekaniks, ang pinakakaraniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ay ang panghalip na may average na 83.33%. Karaniwang ang kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng panghalip ay ang paulit-ulit at di-kailangang panghalip sa loob ng pangungusap. Sinundan ng magulo o di kumpletong diwa ng pangungusap na may average 80%, pangatlo ang maling aspekto ng pandiwa at maling gamit ng pangatnig na may 60%, samantala, 76.67% naman ang naging pagkakamali sa pantukoy at 26.67% naman ang bokabularyo at panghuli ang pang-uri na may average na 6.67 %. Inihuhudyat ng resulta na may kaalaman na ang mga mag-aaral sa paggamit ng pang-uri.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Kaugnay nito, ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral na di-lantad sa mekaniks ay ang maling baybay o ispeleng na may average na 96.67% at sinundan naman ng margin na may 86.67 %, nawawalang bantas na may 83.33%, paggamit ng malaking titik 70% at panghuli ang maling pagtatalata na may 40%.

Karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ang maling ispeleng, inihuhudyat nito na hindi pinapansin ng mga mag-aaral ang kanilang ispeleng sa pagsulat ng komposisyon. Halimbawa na lamang ang salitang “*daker*” sa halip na “day care” at “*Esabela*” sa halip na “*Isabela*.” Ipinapakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa pagsulat.

Pinatunayan nito ang pag-aaral na isinagawa ni dela Rosa (2013) kung saan natuklasang hindi na pinagtutuunang pansin ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga bantas, malaking titik at palugit sa pagsusulat. Nagkakaroon ng mga kamalian sa pagbabaybay at marami sa mga mag-aaral ang hindi na naaalala ang mga tuntunin sa gramatika at istruktura ng pangungusap kapag pinasusulat na ng guro na may itinakdang oras.

Kaugnay nito, ang resulta pag-aaral ni Ulla (2014) ay nagpakita ng kamalian sa pagbabaybay ang pinakakaunti ang pagkakamali. Nagkakamali rin ang mga mag-aaral sa maling gamit ng mga bantas at nilalaktawan ito, maling gamit at paglaktaw sa mga pandiwa at ang pinakamataas na bahagdan ng pagkakamali ay ang maling paggamit ng panghalip.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Maging sa pag-aaral ni Herdiawan (2015), ay kinakitaan ng kahirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang sanaysay sa tamang paggamit ng aspekto ng pandiwa, bantas at pagbabaybay.

Ang mga kaugnay na pag-aaral ay mga patunay na ang mga mag-aaral ay nagkakamali sa kanilang pagsulat. Kapwa nagkakamali sa kanilang sulatin ang mga lantad at di-lantad na mag-aaral sa *social networking sites*. Ayon sa resulta, ang pagkakamali sa paggamit ng panghalip at pagbabaybay ang karaniwang kamalian at kapwa rin pinakakaunti ang mga kamalian sa pang-uri.

Samakatwid, pareho ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon lantad man o hindi lantad sa *social networking sites*.

Ibig sabihin kapwa may kahinaan ang sa pagsulat ng komposisyon ang mga mag-aaral may *social media account* man o wala.

Nangangahulugan ito na nangangailangan ng interbensyon ang mga mag-aaral nang mapaghusay ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng komposisyon.

Samantala ang mga sumusunod na ilustrasyon ay nagpapakita ng mga kamalian ng mga mag-aaral na hindi lantad sa *social networking sites*.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ORIHINAL

TAMA

A. Panghalip (maling gamit o paulit-ulit)

... ako ay nag-iigib at naghuhugas ng pinggan at nagdidilig ng halaman at naglalaba *ako* ng mga damit at tumutulong *ako* nagwalis ng bahay at naglilinis *ako* sa kapaligiran namin

Sila ang inspirasyon ko sa buhay *ko*.

Gusto ko makatulong sa pamilya *ko* para maiahon *ko* sila sa kahirapan

...nagpapasalamat ako sa papa *Ko* dahil pinapaaral nayi ako *kong* matopag ang aking pangarap

... ako ay nag-iigib, naghuhugas ng pinggan, nagdidilig ng halaman, naglalaba, nagwawalis at naglilinis sa aming kapaligiran

Sila ang inspirasyon ko sa buhay.

Gusto kong makatulong sa aking pamilya at maiahon sila sa kahirapan.

...nagpapasalamat ako kay papa dahil pinapag-aral niya ako nang matupad ang aking pangarap...

B. Pangungusap (kompleks at magulo ang diwa)

...at wala pang asawa si papa ay lahat ng gusto ko ay gusto ni mama at ni papa at ang pinsan ko ay masungit at makulit ay gustong – gusto ko parin kasi kamag-anak parin siya.

Ako ay isang bata pa sana matupag ang aking pangarap na maging magaling na bata at para kung ako'y maging matanda ay matutulungan ko ang aking mga anak para sila ay maging katulad ko na magaling na bata at kung sila ay matanda ay matutulungan nila ang kanilang mga anak na bata at nagpapasalamat ako

Wala pang ibang asawa si papa. Lahat ng gusto ko ay ibinibigay nina papa at mama. Mayroon akong masungit at makulit na pinsan pero kahit ganon ay mahal ko pa rin siya.

Pangarap kong maitaguyod ang aking magiging pamilya. Pangarap ko ring maging modelo sa aking magiging anak. Kaya naman nagpapasalamat ako sa aking mga magulang dahil ako'y pinag-aaral at di pinapabayaan. Sana ay maabot ko



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

*sa aking magulang kasi ako ay di
pinabayaan at pinagaral ako ng mabuti
para maging magaling na bata kaya
ngayon sana matupad ang aking
pangarap para maging magaling na
bata.*

ang aking pangarap.

**C.Pandiwa (maling aspekto ng
pandiwa)**

... kung walang pasok ay *tumulong* ako
sa gawaing bahay *at tutulungan* kong
magputol ng mga kahoy sa gubat *at
pinupunta* namin ng lolo ko sa bahay ng
anti ko.

...tuwing wlang pasok ay
tumululong ako sa mga gawaing
bahay *at tinutulungan* kong si lolo
na mangahoy sa gubat *at dadalhin*
namin sa bahay ng tiyahin ko.

Lagi ko silang *tutulungan* sa lahat ng
trabaho sa bahay para masuklian ang
ibinigay nila sa akin.

Palagi ko silang tinutulungan sa
gawaing bahay nang masuklian ko
ang lahat ng sakripisyo nila para
sa akin.

...nung kame ay *umuwina* na parang
gusto ko pang pumunta sa *naglaroan*
namin...

... nang makauwi na kami parang
gusto kong bumalik sa
pinaglaruan namin...

**D. Pangatnig (maling gamit ng *ng* at
nang, *paulit-ulit na at*.)**

Kaya mag-aaral ako *ng* mabuti upang
maabot ko ang aking pangarap.

Kaya mag-aaral ako *nang* mabuti
upang maabot ko ang aking
pangarap.

mero parin kaming pagkain *at* sana
hindi kami magkakasakit *at* sana
masaya parin kami kahit na wala
kaming pera masaya parin kami *at sana*
makapagtapos kami ng pag-aaral...

palagi kaming may pagkain, hindi
kami magkasakit *at* sana ay palagi
kaming masaya kahit walang pera.
Sana'y makapagtapos kami ng
pag-aaral...

E. Pantukoy

...ok lang sa akin *ang* naghiwalay *ang*

...okey lang sa akin na naghiwalay



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

magulang ko...

ang mga magulang ko...

Ang trabaho *ng* nanay ko at *ang* tatay ko ay sa bukid tulad ng nagtatanim ng mais at namimitas o ng gulay.

Magsasaka ang mga magulang ko.

Ginagawa *ni* tatay at nanay *ay* lahat para sa aming dalawa para sa pag-aaral namin para makamit naming ang pangarap naming dalawa.

Ginagawa nina tatay at nanay ang lahat para sa amin nang makamit namin ang aming mga pangarap.

Ang kuya ay malapit ng makapagtapos *na* pag-aaral...

Si kuya ay malapit nang makapagtapos ng pag-aaral...

F. Bokabularyo (Katutubong-Kulay)

Pag-mumula ng mais

Pagtatanim ng mais

Masubadan

Mabayaran

Anti

Tiyahin

G. Pang-uri

Ang aming pamilya ay *masayahin*...

Masaya ang aming pamilya...

MEKANIKS

A. Maling baybay o Ispeling

Triscles

Tricycle

pracyek

Proyekto o project

tityer



Titser



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

A. Margin



B. Bantas

Ang nais ko sa aking pamilya ay sana mero parin kaming pagkain_ at sana hindi kami magkakasakit at sana masaya parin kami kahit na wala kaming pera masaya parin kami_

Ako ay isang bata pa sana matupag ang aking pangarap na maging magaling na bata_ at para kung ako'y maging matanda ay matutulungan ko ang aking mga anak para sila ay maging katulad ko na magaling na bata_ at kung sila ay matanda ay matutulungan nila ang kanilang mga anak na bata_

C. Maling gamit ng malaking titik

kaya nila ginagawa yon dahil mahal nila ako ayaw nila akong gumawa ng masama.

... para hindi ako maHuli sa Pag-awit ng Pambansang awit.


Ipinapanalangin kong sana ay palagi kaming may pagkain. Sana ay hindi kami magkasakit at sana ay palagi kaming masaya kahit walang pera.

Pangarap kong maitaguyod ang aking magiging pamilya.

Pangarap ko ring maging modelo sa aking magiging anak.

Kaya nila ginagawa iyon ay gusto nila akong mapabuti.

... para hindi ako mahuli sa flag ceremony.



... tuwing Sabado ay naglalaro kami...

Name: _____ Section: _____ Date: _____

Mung' alang may record na ang grade 6 may magaling along
lalo ang lalo to can ang high-jump at muna also ako may mag
naranan na bulawan ang maging second lang ako pero may long
bata baramo ko ang mga magulang ko at ang mga kapatid ko
may can na ang tatay may natatlo along laban may can
ay tumawag na panging gusto ko pang pumunta sa maglalaran
namin para balangin ako ng mga magulang ko na ang alaga
sa mga mabibig bulagat alagat sa kung nala baramo along
gawagan sa bulagat may baramo na kung may ay muna ang
kilatag magaling ng mga balaman at may can ng mga malikom
bata young may ko can baramo sa magaling magtatatlo para
yung magaling sa magaling bulagat may baramo ang magaling
ng mga can ko sa bulagat kung muna baramo natatagpuan
ko yang gusto ko para mag along grade 7 na angan laban
magaling ng magaling ko ay angan ko rin at natatagpuan
ko ay ay na mga can can sa bulagat at sa mga magaling
magaling baramo ang magaling ko

THE END

kinda mas gumamit ng bata.

Nedjo magulo



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.1. *Karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites.*

Aspeto ng Komposisyon	Lantad			Di – lantad		
	<i>f</i>	%	Rank	<i>f</i>	%	Rank
A. GRAMATIKA						
1. Panghalip	21	70.00	1	25	83.33	1
2. Pandiwa	20	66.67	3	18	60.00	3.5
3. Pangatnig	20	66.67	3	18	60.00	3.5
4. Pangungusap	20	66.67	3	24	80.00	2
5. Pantukoy/Articles	10	33.33	4	11	36.67	5
6. Bokabularyo	8	26.67	5	8	26.67	6
7. Pang-uri	4	13.33	3	2	6.67	7
B. MEKANIKS						
1. Maling baybay (Ispeling)	25	83.33	1.5	29	96.67	1
2. Paggamit ng malaking titik	25	83.33	1.5	21	70.00	4
3. Bantas	20	66.67	3.5	25	83.33	3
4. Margin	20	66.67	3.5	26	86.67	2
5. Pagtatalata	14	46.67	5	12	40.00	5

Matutunghayan sa talahanayan 3.2 na ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa *social media* ay parehong nasa iisang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon. Batay sa *mean* ng nilalaman para sa lantad ay 20.67 at 19.17 sa di-lantad ay parehong nasa hanay na medyo mahusay. Samantala, gayon din ang *mean* na 19.53 sa lantad at 9.6 sa di-lantad sa organisasyon ay nasa hanay na medyo mahusay. Kaugnay din nito ang bokabularyo na may *mean* na 15.37 at 15.30 sa mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa *social media* na nasa hanay rin na medyo mahusay. Ang *mean* na nakuha ng dalawang grupo ay parehong nasa antas na medyo mahusay sapagkat ang lantad ay nakakuha ng 14.83 at 14.56 naman sa mga di- lantad. Ang *mean* naman sa mekaniks ay 2.9 at 2.93 at parehong nasa hanay ng medyo mahusay.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Malinaw na ipinapakita ng mga datos na hindi nagkakalayo ang *mean score* ng dalawang grupo at kapwa nasa hanay na medyo mahusay. Sa madaling salita, katamtaman ang husay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Karaniwang limitado ang paksa sa sulatin, may ideya ngunit hindi masyadong napaunlad ang nilalaman, may kahinaan din sa pagbuo ng pangungusap at hindi nasusunod ang mga tuntunin sa pagsulat ng talata.

Tumutugma ang resulta nito sa pag-aaral ni Barraquiao (2006), sa mga mag-aaral ng Letran Calamba College na nakakuha ng markang medyo mahusay sa gramatika. Gayundin ang resulta ng pag-aaral ni Panilagao (2013) medyo mahusay sa kaalaman, at pagbabaybay ng mga salitang ingles.

Samantala sa pag-aaral ni Cabansag (2013), kanyang natuklasan na napakahusay ng mga mag-aaral sa istruktura at gramatika, ngunit hindi gaano sa mekaniks.

Batay sa mga resulta, ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral ay may medyo mahusay, na nangangahulugang kailangan ng mas malawak at mas mahigpit na pagtuturo ng pagsulat.

B. Ang susunod na talahanayan ay nagpapakita ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.2. *Antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng lantad at di – lantad sa social networking sites.*

Antas ng Kahusayan sa Pagsulat	Mean	Lantad Interpretasyon	Di – Lantad Mean	Di – Lantad Interpretasyon
Nilalaman	20.67	Medyo Mahusay	19.17	Medyo Mahusay
Organisasyon	10.53	Medyo Mahusay	9.60	Medyo Mahusay
Bokabularyo	15.37	Medyo Mahusay	15.30	Medyo Mahusay
Gamit ng Wika	14.83	Medyo Mahusay	14.57	Medyo Mahusay
Mekaniks	2.90	Medyo Mahusay	2.93	Medyo Mahusay
KABUUAN	12.86	Medyo mahusay	12.31	Medyo Mahusay

C. Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga *social networking sites* na kinabibilangan ng mga lantad na mag-aaral at kanilang mga kagamitang matatagpuan sa kanilang tahanan.

Matutunghayan sa talahanayan 3.3 na ang *facebook* ang may pinakamaraming bilang ng mga may *account* at may *average* na 100%. Samantala, pinakamababa naman ang *LinkedIn* na may 30% lamang. Ipinakikita ng resulta na ang mga mag-aaral ay aktibo sa social media lalo na sa facebook.

Tugma ang resulta sa sarbey na isinagawa ng Mastrodicasa at Kepic (2005), kung saan 85% ng mga mag-aaral sa isang malaking *research university* ay may *account* sa *facebook* na pinakapopular sa lahat ng *social networking site*. Sinasang-ayunan din nito ang resulta ng sarbey na isinagawa ng Trackmaven at Pew Internet (2017) na ang *facebook* ang pinakapopular at nangunguna sa lahat ng social media mula taong 2010 hanggang 2016.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.3. *Social media sites na kinabibilangan ng mga lantad na mag-aaral.*

Social Networking Sites	Kabilang		Di -Kabilang	
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%
Google	27	90	3	10
Facebook	30	100	0	0
Twitter	9	30	21	70
Instagram	15	50	15	50
LinkedIn	3	30	27	70
Youtube	26	86.67	4	13.33
Wattpad	16	53.33	14	46.67
WhatsApp	10	33.33	20	66.67

Matutunghayan sa talahanayan 3.4 ang social media na ang pinakamadalas gamitin ng mga mag-aaral ay *facebook* na may average na 46.7% halos hindi naman ginagamit ang *LinkedIn* na may average 93.3%.

Ipinapakita lamang nito na ang mga mag-aaral ay mahilig sa pagbisita sa kanilang *facebook account*. Tumutugma ang resultang ito sa pag-aaral na isinagawa ng ComScore (2016) na ang *Facebook* ang pinakamadalas gamitin sa lahat ng *social media application*. Nag-ulatdin ang (HERI) Higher Education Research Institute (2007), na 94% umano ng mga nasa unang taon ng kolehiyo ay gumagamit ng *social networking websites*.

Sa katunayan, ayon din sa pag-aaral ng Pew Research Center (2017), kabilang ang Pilipinas sa mga nangunguna sa paggamit ng *facebook* sa Asya.

Ang *facebook* ang pinakagamiting *social media application* sa mga kabataan dahil dito sila nakapagpapahayag ng kanilang mga saloobin, naiisip at nadarama.

Nakakapagpost ng mga larawan na naghahayag ng mga pangyayari sa kanilang buhay. Sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pamamagitan din ng *application* na ito maaring kumonekta ang isang tao sa kaniyang mga kaibigan at makipag-usap sa mga ito.

Talahanayan 3.4. *Dalas ng paggamit sa mga social networking sites.*

Social Networking sites	Dalas ng paggamit									
	Napakadalas		Madalas		Madalang		Napakadalang		Hindi kailanman	
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%
Google	9	30.00	15	50.00	1	3.33	2	6.67	3	10.00
Facebook	14	46.67	12	40.00	4	13.33	0	0	0	0
Twitter	0	0	4	13.33	1	3.33	1	3.33	24	80.00
Instagram	0	0	3	10.00	7	23.33	4	13.33	16	53.33
LinkedIn	0	0	0	0	0	0	2	6.67	28	93.33
Youtube	13	43.33	8	26.67	5	16.67	1	3.33	3	10.00
Wattpad	6	20.00	5	16.67	3	10.00	2	6.67	14	46.67
WhatsApp	1	3.33	0	0	3	10.00	3	10.00	23	76.67

Batay sa talahanayan 3.5, telebisyon ang nangungunang kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga lantad sa *social networking sites* na may 100 %.

Samantala, *cellphone* ang ikalawa na may 96.67 % at pinakakaunti ang may *encyclopedia* sa tahanan na may average na 43.33%.

Ang karaniwang kagamitang matatagpuan sa bahay ng mga mag-aaral na hindi lantad sa *social networking sites* ay aklat na may 100%. Sumunod ang telebisyon at diksyunaryo na may 90%, samantala, pinakakaunti naman ang *encyclopedia* na may average 6.67%. Samantala, ayon sa survey, walang *cellphone*, *tablet* o *computer* sa tahanan ang mga mag-aaral, sa isinagawang ng *focus group interview* ng mananaliksik kung bakit wala silang *cellphone* o *tablet*, karaniwan sa mga sagot ng mga mag-aaral ay

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

ang mga sumusunod: walang pambili; ayaw ibili dahil baka makasagabal sa pag-aaral; at ang iba naman ay pinangakuan umanong ibibili sa pagtatapos ng taong panuruan kung magiging maganda ang performans sa eskwela.

Sa madaling salita, ang telebisyon ay isa sa mga karaniwang gamit na matatagpuan sa tahanan, pinakakaunti naman ang *encyclopedia*.

Ipinahihiwatig lamang nito na lahat ng tahanan sa kasalukuyan ay may telebisyon na at halos lahat ng mga mag-aaral ay may kanya-kanya na ring *cellphone*.

Inaayunan ng resultang ito ang isinagawang survey noong 2016 ng Kantar Media at lumabas na ang telebisyon pa din ang pinakanangungunang paraan media platform na naabot sa bansa (Bautista, 2017).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.5. *Mga kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	Lantad		Di- lantad	
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%
TV	30	100.00	27	90.00
Radio	23	76.67	21	70.00
Cellphone	29	96.67	0	0
Tablet	23	76.67	0	0
Newspaper	16	53.33	17	56.67
Magazine	16	53.33	16	53.33
Aklat	28	93.33	30	100.00
Diksyunaryo	26	86.67	27	90.00
Encyclopedia	13	43.33	2	6.67
Computer	15	50.00	0	0
Internet	20	66.67	0	0

Matutunghayan sa talahanayan 3.6, ang pinakakaraniwang ginagamit ng mga mag-aaral na kagamitang pampag-aaral ay ang telebisyon na may average na 80% sinundan naman ito ng cellphone na may 73.33%. Samantala, ang kagamitang hindi karaniwang ginagamit ay ang magazine na may 20%.

Ibig sabihin lamang nito ay may telebisyon na halos sa lahat ng tahanan at ito ang pinakapangunahing libangan ng bawat pamilya. Kinatakatigan ng resultang ito ang survey na isinagawa ng Kantar Media noong 2016, kung saan lumabas sa survey na 96.6 ng mga Pilipino ang nanonood ng TV araw – araw. Batay sa sarbey na isinagawa ng Pew Internet at American life project noong 2010, lumabas na 75% ng mga bata na nasa edad na 12 hanggang 17 ay may *cellphone*. Samantala, ayon sa sarbey na isinagawa ng Pew Internet at American Life Project noong 2010, 75% ng mga bata na nasa edad na 12



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

hanggang 17 ay may cellphone na. Sa katunayan, 77% ng mga teenager ay may cellphone (Edudemic, 2013; dela Mora, 2014)

Tugma ang resulta nito sa isinagawang interbyu sa mga mag-aaral, lumabas na karamihan ay binilhan ng cellphone ng kanilang mga magulang sa edad na 11-12. Ibig sabihin, karamihan sa mga mag-aaral ay may kanya-kanya na ring cellphone na ginagamit.

Talahanayan 3.6. *Dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa tahanan ng mga lantad sa social networking sites.*

Mga kagamitang pampag-aaral	Bilang ng Araw ng Paggamit									
	5		4		3		2-1		0 o wala	
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%
TV	24	80.00	1	3.33	4	13.33	2	6.67	1	3.33
Radio	4	13.33	1	3.33	8	26.67	8	26.67	5	16.67
Cellphone	22	73.33		0.00	4	13.33	4	13.33		0.00
Tablet	14	46.67	3	10.00	3	10.00	3	10.00		0.00
Newspaper		0.00	1	3.33	1	3.33	9	30.00	5	16.67
Magazine		0.00		0.00	4	13.33	6	20.00	6	20.00
Aklat	11	36.67	8	26.67	6	20.00	2	6.67	1	3.33
Diksyunaryo	4	13.33	6	20.00	9	30.00	6	20.00	3	10.00
Encyclopedia		0.00	1	3.33	3	10.00	4	13.33	4	13.33
Computer	4	13.33	4	13.33	1	3.33	5	16.67	1	3.33
Internet	11	36.67	1	3.33	2	6.67	4	13.33	0	0.00


PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Samantala, matutunghayan sa talahanayan 3.7, na ang telebisyon na may average na 53.33% ang kagamitang pinakamadalas gamitin ng mga mag-aaral na di-lantad sa social networking sites.

Samantala, hindi ginagamit o hindi naglalaan ng araw ang karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral ay ang magazine na may average na 23.33%.

Tumutugma ito sa pahayag ni Palani (2012), na sa kasalukuyan matanda man o bata ay nakatutok sa telebisyon. Karamihan sa mga respondent ay karaniwang may telebisyon na sa bahay. (Acheaw, 2014)

Samakatuwid, karaniwang libangan ng mga Pilipino ay ang panonood ng telebisyon bata man o matanda.

Talahanayan 3.7. *Dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampag-aaral sa tahanan ng mga mag-aaral na di-lantad sa social networking sites.*

Mga kagamitang pampag-aaral	Bilang ng Araw ng paggamit									
	5		4		3		2-1		0 o wala	
	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%	<i>f</i>	%
TV	16	53.33	7	23.33	3	10.00	2	6.67	0	0.00
Radio	4	13.33	2	6.67	5	16.67	7	23.33	2	6.67
Newspaper	1	3.33	1	3.33	3	10.00	8	26.67	4	13.33
Magazine	0	0.00	2	6.67	1	3.33	4	13.33	7	23.33
Aklat	10	33.33	4	13.33	8	26.67	7	23.33	1	3.33
Diksyunaryo	3	10.00	3	10.00	5	16.67	8	26.67	6	20.00
Encyclopedia	0	0.00	0	0.00	1	3.33	1	3.33	1	3.33



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

D. Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng kaugnayan ng paggamit ng social networking sites at mga kagamitang pampag-aaral ng mga mag-aaral na lantad sa social networking sites.

Dalas ng paggamit sa Social Networking Sites

Makikita sa talahanayan 3.8 na mayroong negatibong ugnayan ang dalas ng paggamit ng social networking sites sa antas ng kahusayan ng pagsulat sa nilalaman, lumabas ang negatibong resulta sa *facebook* (r-value -.219), *Twitter* (r-value -.247), *LinkedIn* (r-value -.308), *Youtube* (r-value -.049), *Wattpad* (r-value -.053), at *WhatsApp* (r-value -.178), nangangahulugan na habang dumadalas ang paggamit ng mga *social networking sites* na ito ay lalong bumababa ang antas ng kahusayan sa pagsulat. Samantala, positibo naman ang ugnayan ng dalas ng paggamit sa kanilang kahusayan sa pagsulat sa nilalaman ang *Google* (r-value .261) sapagkat ang *google* ay isang *site* o *website* kung saan maaring makapangalap ng mga datos na kinakailangan tungkol sa isang paksa, nangangahulugan na nakatutulong ito sa pagpapalawak ng nilalaman ng sulatin.

Kaugnay nito, batay sa .05 level of significance, may makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *LinkedIn* (sig.value .049) sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga respondent.

Samakatuwid, ang negatibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng *LinkedIn* ay may makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Pinapabulaanan nito ang pahayag nina Stewart at Grover (2010) sa pagpapatibay ng bunga ng pag-aaral, ang *LinkedIn* at iba pang *social networking* na kagamitan ay



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

maaring gamitin upang mapataas ang pakikiisa, pakikilahok at pagiging aktibo sa klase at maging pagkatapos nito sa kadahilanang makakakonekta ang mag-aaral sa *LinkedIn* sa isang pindot lamang (Cooper at Naatus, 2014).

Gayon din ang pahayag nina Cooper at Naatus (2014), nakatutulong umano ang *LinkedIn* sa pagbuo ng mga mag-aaral sa kanilang personal na pagkakakilanlan at pinapayagan silang sumulat ng mensahe na kanilang i-sesend na ayon sa kanilang kagustuhan.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng datos sa kaugnayan ng antas ng kahusayan sa pagsulat sa dalas ng paggamit ng *social networking sites* sa aspetong nilalaman.

Talahanayan 3.8. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sites ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Social Networking Sites	NILALAMAN		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretatsyon
Google	.261	.081	Walang makabuluhang kaugnayan
Facebook	-.219	.122	Walang makabuluhang kaugnayan
Twitter	-.247	.094	Walang makabuluhang kaugnayan
Instagram	.000	.500	Walang makabuluhang kaugnayan
LinkedIn	-.308*	.049	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Youtube	-.049	.398	Walang makabuluhang kaugnayan
Wattpad	-.053	.391	Walang makabuluhang kaugnayan
WhatsApp	-.178	.173	Walang makabuluhang kaugnayan

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Matutunghayan sa talahanayan 3.9, ang positibo at negatibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng paggamit sa *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa organisasyon sa pagsulat. Positibo ang ugnayan sa *Google* (r-value .064), *Instagram* (r-value .191), *Youtube* (r-value .006) at *WhatsApp* (r-value .025). Ibig sabihin, nakabubuti ang dalas ng paggamit ng mga respondent sa pagpapabuti ng kanilang sulatin. Samantala, negatibo naman sa *Facebook* (r-value .039), *Twitter* (r-value .199), *LinkedIn* (r-value -.285), *Wattpad* (r-value -.093). Nangangahulugan naman ito na bumababa ang antas ng kahusayan sa organisasyon ng mga respondent sa dalas ng paggamit.

Sa kabilang dako, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa pagsulat sa aspeto ng organisasyon.

Samakatuwid, may negatibo at positibo itong epekto sa mga mag-aaral, ang dalas ng paggamit ng *social networking sites* sa kanilang pagsusulat. Kaya nararapat na piliin ng guro ang mga *social networking sites* na gagamitin sa pagtuturo.

Tumutugma naman ang resulta ng pag-aaral ni Kamnoestin (2014), kanyang natuklasan na habang mas madalas na sumulat ang mga mag-aaral gamit ng *facebook*, mas maraming uri ng pagkakamali ang kanilang nagagawa kaysa sa pagsulat nila sa loob ng klasrum. Samantala, salungat dito ang resulta sa pag-aaral ni Woullven na tinukoy ni Stern (2013), sa mga pagkakataong binibigyan niya ang mga mag-aaral ng takdang-aralin at nalalaman nilang maaari itong ibahagi sa *twitter*, ay mas lalo nila itong pinagbubuti. Kaugnay nito, natuklasan ni Ciampa (2012), na tinukoy ni Fox (2014), na ang pagbabasa ng *e-book* ay nagreresulta ng mas mataas na motibasyon na magbasa at magsulat tuwing magbabasa ang mga ito gamit ang *e-book*.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.9. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sites ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Social Networking Sites	ORGANISASYON		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretatsyon
Google	.064	.368	Walang makabuluhang kaugnayan
Facebook	-.039	.419	Walang makabuluhang kaugnayan
Twitter	-.199	.146	Walang makabuluhang kaugnayan
Instagram	.191	.155	Walang makabuluhang kaugnayan
LinkedIn	-.285	.064	Walang makabuluhang kaugnayan
Youtube	.006	.488	Walang makabuluhang kaugnayan
Wattpad	-.093	.313	Walang makabuluhang kaugnayan
WhatsApp	.025	.449	Walang makabuluhang kaugnayan

Ipinapakita ng talahanayan 3.10, na ang dalas ng paggamit ng *social networking sites* ay may positibong ugnayan sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat sa aspeto ng bokabularyo, lumabas ang resulta ng *r-value* sa *Google* (.035), *facebook* (.115), *Twitter* (.021), *Instagram* (.253), at *Wattpad* (.062). Nangangahulugan lamang na habang tumatagal ang paggamit sa mga *social networking sites* ay lalong nadadagdagan ang kanilang bokabularyo sa pamamagitan ng kanilang mga nababasa at kanila rin susubukang gamitin. Samantala, negatibo ang ugnayan sa *LinkedIn* (*r-value* -.285), *Youtube* (*r-value* -.117), at *WhatsApp* (*r-value*. 013).

Batay sa .05 level of significance, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga *social networking sites* sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat sa aspeto ng bokabularyo.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Samakatuwid, ang pag-unlad ng bokabularyo ng mga respondent ay may positibong ugnayan sa dalas ng paggamit ng mga social networking sites ngunit wala itong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat.

Sinasalungat naman ito ng pag-aaral nina Ariana at Mirabela (*nd*), kung saan lumalabas na mayroong makabuluhang kaugnayan ang pagpapaunlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral na lantad sa *facebook*. Nagresulta rin ang pag-aaral na isinagawa ni Kelly (2015), na epektibong kagamitan sa paglinang ng bokabularyo ang *Instagram*. Gayundin ang naging resulta ng pag-aaral ni Kabooha at Elyas (2015), na ang mga mag-aaral na lantad sa *Youtube* ay mas mahusay sa bokabularyo kaysa sa mga hindi lantad. Lumabas din sa resulta na may makabuluhang istatistikal na kaugnayan sa pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral ang paggamit ng youtube. Nagresulta rin ang pag-aaral na isinagawa ni Kelly (2015), na epektibong kagamitan sa paglinang ng bokabularyo at kawastuhan sa gramatika ang *Instagram*.

Talahanayan 3.10. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sites ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Social Networking Sites	BOKABULARYO		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
Google	.035	.427	Walang makabuluhang kaugnayan
Facebook	.115	.273	Walang makabuluhang kaugnayan
Twitter	.021	.455	Walang makabuluhang kaugnayan
Instagram	.253	.088	Walang makabuluhang kaugnayan
LinkedIn	-.165	.192	Walang makabuluhang kaugnayan
Youtube	-.117	.269	Walang makabuluhang kaugnayan
Wattpad	.062	.373	Walang makabuluhang kaugnayan
WhatsApp	-.013	.474	Walang makabuluhang kaugnayan

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Matutunghayan sa talahanayan 3.11, ang negatibong ugnayan ng paggamit ng *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa gamit ng wika sa pagsulat ng mga respondent. Batay sa r-value, ang lumabas na resulta ay ang mga sumusunod: *Google* (-.012), *Facebook* (-.038) *Twitter* (-.004), *Instagram* (-.011), *LinkedIn* (-.215), *Youtube* (-.180), *Wattpad* (-.089), *WhatsApp* (r-value -.061). Ibig sabihin, hindi nakabubuti ang dalas ng paggamit sa *social networking sites* sa pagpapataas ng antas ng kahusayan sa pagsulat. Kaya naman nararapat na alamin ng guro ang istratohiyang gagamitin sa pagtuturo ng pagsusulat.

Kaugnay nito, lumabas na walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *social networking sites* sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Samakutwid, mayroong negatibong ugnayan sa dalas ng paggamit ng mga *social networking sites* ngunit wala naman itong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Samantala, salungat ditto ang resulta ng pag-aaral nina Suwantarathip at Wichadee (2013), na ang mga mag-aaral na gumamit ng *google docs* ay nakakuha ng mas mataas *mean* iskor kaysa sa mga pangkatang gawain sa loob ng klasrum. Samantala, ayon sa pidbak ng mga mag-aaral ang *Facebook* ay positibong nagresulta habang pinagtitiyay nito ang motibasyon ng mag-aaral at ipagpatuloy ang aktibong pakikilahok sa proseso ng akwisasyon ng wika (Modern English Teacher Vol.22 #3. 2013). Mula naman sa pahayag nina Thurairaj et.al (2012), ang *twitter* ay nagbibigay ng positibong pagkatuto .

Napapaunlad nito ang kakayahan ng mag-aaral sa wika at maging kakayahan sa pagsulat.

Salungat din ang resultang ito sa pag-aaral nina Yadegarfar at Simin (2016) na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

nagresultang ang paggamit ng *Instagram* ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng may kawastuhan sa gramatika. Maging ang pag-aaral ni Awada (2016), ay nagresulta na ang paggamit ng *WhatsApp* ay epektibo sa pagtuturo sa pagpapabuti ng kahusayan sa pagsulat ng pagsusuri ng mga mag-aaral at nakadaragdag din sa kanilang motibasyon sa pag-aaral.

Ayon pa kay Fox (2014), habang ang mga mag-aaral ay may positibong karanasan sa pagbabasa at pagsusulat sa tahanan, ang kanilang kakayahang panliterasi ay maaring mapaunlad.

Talahanayan 3.11. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sites sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Social Networking Sites	GAMIT NG WIKA		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretatsyon
Google	-.012	.420	Walang makabuluhang kaugnayan
Facebook	-.038	.420	Walang makabuluhang kaugnayan
Twitter	-.004	.492	Walang makabuluhang kaugnayan
Instagram	-.011	.477	Walang makabuluhang kaugnayan
LinkedIn	-.215	.127	Walang makabuluhang kaugnayan
Youtube	-.180	.171	Walang makabuluhang kaugnayan
Wattpad	-.089	.321	Walang makabuluhang kaugnayan
WhatsApp	-.061	.467	Walang makabuluhang kaugnayan

Matutunghayan sa talahanayan 3.12, ang negatibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng social networking sites sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa mekaniks batay sa resulta ng *r-value* sa *Google* (-.229), *Facebook* (-.159), *Instagram* (-.134), *LinkedIn* (-.356), *Wattpad* (-.425) at *WhatsApp* (-.085) bagamat positibo naman sa *Twitter* (*r-value* .158) at *Youtube* (*r-value* .061).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, may makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng *LinkedIn* (.027) at *Wattpad* (.010) sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

Samakatuwid, mayroon itong negatibo at makabuluhang kaugnayan sa kahusayan ng mga respondent sa kanilang pagsulat sa aspetong mekaniks. Nangangahulugan lamang na hindi nararapat dumepende sa mga *social networking sites* upang mapaghusay ang kakayahan sa pagsulat kundi ito’y nangangailangan ng masusing pag-aaral at pagtuturo.

Sang-ayon sa resulta ang pag-aaral ni Espeleta (2016), kanyang natuklasan na may negatibong impluwensya sa pagbabaybay, paggamit ng malaki at maliit na titik, pagbabantas ang tagal at dalas ng pagbabasa ng *wattpad*.

Samantala, salungat naman ang pahayag nina Stewart at Grover (2010) sa pagpapatibay ng bunga ng pag-aaral, ang *LinkedIn* at iba pang social networking na kagamitan ay maaring gamitin upang mapataas ang pakikiisa, pakikilahok at pagiging aktibo sa klase at maging pagkatapos nito sa kadahilanang makakakonekta ang mag-aaral sa *LinkedIn* sa isang pindot lamang (Cooper at Naatus, 2014)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.12. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng mga social networking sites ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Social Networking Sites	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	MEKANIKS Interpretatsyon
Google	-.229	.112	Walang makabuluhang kaugnayan
Facebook	-.159	.209	Walang makabuluhang kaugnayan
Twitter	.158	.203	Walang makabuluhang kaugnayan
Instagram	-.134	.240	Walang makabuluhang kaugnayan
LinkedIn	-.356*	.027	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Youtube	.061	.374	Walang makabuluhang kaugnayan
Wattpad	-.425**	.010	Mayroong makabuluhang kaugnayan
WhatsApp	-.085	.328	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

M

Makikita sa talahanayan 3.13, ang positibo at negatibong ugnayan sa dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng mga limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Positibo ang ugnayan ng dalas ng paggamit ng TV (r-value .237), computer (r-value .386) at Internet (r-value .386); negatibo naman ang ugnayan sa radyo (r-value -.090), cellphone (r-value -.017), tablet (r-value -.033), diyaryo (r-value .286), aklat (r-value .043), diksyunaryo (r-value .011), encyclopedia (r-value .030) at negatibo naman sa magazine (r-value -.151). Nangangahulugan lamang na habang gumagamit ng TV, Computer, Internet at nagbabasa ang mga respondent ay napagyayaman ang kanilang kaalaman.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Samantala, batay sa *.05 level of significance* mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng computer sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent.

Samakatuwid, mayroong positibong ugnayan at makabuluhang ugnayan ang dalas ng paggamit ng *computer* sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Ibig sabihin nito ay maaaring maghanda ang guro ng mga gawain sa pagsulat na gagamit ng *computer* ang mga mag-aaral.

Ayon sa pananaliksik na isinagawa ni Moritz (2016), kanyang napatunayan na sa kabila ng mga negatibong ulat sa epekto ng teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nakita pa rin ang mabuting dulot nito sa pagkatuto sa pagsulat dahil ayon sa kanyang mga mag-aaral mas nagiging madali para sa kanila na ma-access ang kanilang sulatin at ma-edit at mapagbuti pa ito. Tumutugma ang resultang ito sa pag-aaral ni Goldberg et.al., (2002), lumabas na ang *significance mean* ng mga *computer* ay may positibong epekto sa dami at kalidad ng kanilang sulatin.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.13. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Kagamitang Pampag-aaral	NILALAMAN		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
A. Multimedia			
TV	.237	.207	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	-.090	.637	Walang makabuluhang kaugnayan
Cellphone	-.017	.928	Walang makabuluhang kaugnayan
Tablet	-.033	.861	Walang makabuluhang kaugnayan
Computer	.386*	.035	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Internet	.289	.121	Walang makabuluhang kaugnayan
B. Limbag na Teksto			
Diyaryo	.286	.125	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.151	.427	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	.043	.820	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.011	.954	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.030	.873	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Matutunghayan sa talahanayan 3.14, ang positibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at mga limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat. Batay sa resulta ng *r-value* sa TV (.391), *cellphone* (.175), *tablet* (.284), *computer* (.523) at internet (.218), diyaryo (.172), aklat (.084), at *encyclopedia* (.016). Nangangahulugan lamang na nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-oorganisa ng mga kaisipang nais isatitik. Samantala negatibo naman ang ugnayan ng pagbabasa ng magazine (*r-value* -.008) at diksyunaryo (*r-value* -.009) sa dalas ng paggamit dito at sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng TV (sig. value .033) at computer (sig. value .003) sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Samakatuwid, mayroong positibo at makabuluhang kaugnayan ang dalas ng panonood ng telebisyon at paggamit ng computer sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga respondent. Nangangahulugan lamang ito na maaring magamit ng guro ang mga *multimedia* na ito sa paglinang ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Inaayunan ng resulta ang naging pag-aaral ni Zanussa (2015), na mayroong makabuluhang kaugnayan ang TV sa kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Sumasang-ayon naman ang naging resulta ng pag-aaral ng *The Reporter Project* kung saan ginamit ang multimedia upang pataasin ang kasanayan sa pangangalap ng impormasyon at kasanayan sa pagsulat ng mga nasa Ikaanim na Baitang at batay sa resulta na sa loob ng dalawang taon, kinakitaan ng ang mga mag-aaral ng istatistikal na kaugnayan ang pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat gamit ang mga elemento tulad ng pangunahing ideya, mga detalye at sanhi at bunga. (O' Hara at Pritchard, 2017)

Kinumpirma ng mga mananaliksik na ang kompyuter ay naglalaan ng maraming pagkakaton sa mga mag-aaral na makabuo at maiayos ang kanilang mga personal na kaalaman sa pamamagitan ng mayamang karanasang kayang ibigay ng teknolohiya (O' Hara at Pritchard, 2017)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.14. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Kagamitang Pampag-aaral	ORGANISASYON		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
A. Multimedia			
TV	.391*	.033	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Radio	-.359	.051	Walang makabuluhang kaugnayan
Cellphone	.175	.354	Walang makabuluhang kaugnayan
Tablet	.284	.128	Walang makabuluhang kaugnayan
Computer	.523**	.003	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Internet	.218	.247	Walang makabuluhang kaugnayan
B. Limbag na teksto			
Diyaryo	.172	.364	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.008	.968	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	.084	.659	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	-.009	.964	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.016	.935	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Ipinapakita ng talahanayan 3.15 ang positibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng mga multimedia sa antas ng kahusayan sa bokabularyo sa pagsulat ng komposisyon. Lumabaas sa resulta ng *r-value* na positibo ang ugnayan sa TV (.233), *cellphone* (.356), *tablet* (.170), *computer* (.361), *internet* (.280), *diyaryo* (.228), *magazine* (.249), *diksyunaryo* (.092). Samantala, negatibo naman ang ugnayan nito sa *radio* (*r-value* – .461), *aklat* (*r-value*). Nangangahulugan lamang na nakatutulong sa pagpapaunlad ng bokabularyo ang *multimedia* at ang pagbabasa ng mga limbag na teksto.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng pakikinig sa radio (sig.value .010) at paggamit ng computer (sig. value .050).

Samakatuwid, negatibo at mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng pakikinig ng radio. Samantala, mayroong positibong at makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng computer sa antas ng kahusayan sa bokabularyo sa pagsulat ng komposisyon. Ibig sabihin, nakatutulong ang paggamit ng computer sa paglinang ng bokabularyo ng mga respondent.

Sinasalungat nito ang resulta ng pag-aaral ni Gowon (2009) na nagsasabing walang epekto ang radio sa kanilang kahusayan sa pagsulat. Sinasalungat din ito ng resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Lalima (2013), pagkatapos ng tatlong taon ng mga leksyon sa radio, ang mga mag-aaral sa rural sa Class 7 ay hindi lamang nakapagsasalita nang mahusay sa wikang Ingles kundi nakasusulat din nang mahusay kaysa sa mga mag-aaral sa rural sa Class 9 na hindi lantad sa mga programa sa radio.

Samantala, sinasang-ayunan naman ang pag-aaral na isinagawa ni Zhao (2005), na sa malawak na paraan ng pangangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng *digital multimedia* katulad ng mga *video*, mga larawan, tunog at teksto ay kayang makabuo nang mas matibay na memorya kaysa sa mga binabasa lamang ng mga mag-aaral. (O' Hara at Pritchard, 2017)

Ibig sabihin, tumatatak sa utak ng mga mag-aaral ang mga bagay na kanilang napapanuod, napapakinggan at nababasa gamit ang teknolohiya kaysa sa mga limbag na teksto. Gayundin sa mga pag-aaral na isinagawa ng mga mananaliksik, na nagsagawa ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

reading comprehension at vocabulary development. Ang Pearson et.al (2005) ay nagbigay ng konklusyon na ang malawak saklaw ng *digital tools* ay nakapagpapataas ng kakayahan sa *reading comprehension* at bokabularyo sa pamamagitan ng paglalaan sa mga mag-aaral na ma-access ang tamang bigkas sa mga salita at kahulugan nito, mga impormasyong kontekstuwal na magpapaangat ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa (O'Hara at Pritchard, 2017)

Nangangahulugan na may ambag ang teknolohiya sa paglinang ng bokabularyo ng mag-aaral. Kung gayon, mainam na gamitin ng guro sa kanyang pagtuturo o mungkahing kagamitang pampag-tuturo ang computer bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.15. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Kagamitang Pampag-aaral	BOKABULARYO		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
A. Multimedia			
TV	.233	.216	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	-.461*	.010	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Cellphone	.356	.054	Walang makabuluhang kaugnayan
Tablet	.170	.368	Walang makabuluhang kaugnayan
Computer	.361*	.050	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Internet	.280	.135	Walang makabuluhang kaugnayan
B. Limbag na Teksto			
Diyaryo	.288	.226	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	.249	.185	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.048	.803	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.092	.628	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	-.183	.333	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Ang talahanayan 3.16 ay nagpapakita ng positibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng mga limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa gramatika sa pagsulat. Batay sa nakalkulang *r-value* sa TV(.083), *cellphone* (.056), *tablet* (.156), *computer* (.383), *internet* (.500), *diyaryo* (.082), *magazine* (.004), *aklat* (.098), at *diksyunaryo* (.092) ibig sabihin positibo ang epekto ng madalas na paggamit ng mga mag-aaral sa mga kagamitang pampag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa gamit ng wika. Samantala, negatibo naman ang lumabas na ugnayan sa resulta ng dalas ng pakikinig ng radio (-.431) at pagbabasa ng encyclopedia (-.198).

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Kaugnay nito, batay sa *.05 level of significance* mayroong makabuluhang kaugnayan ang radio (sig. value .016), computer (sig.value .037) at internet (sig. value .005).

Samakatuwid, mayroong negatibong ugnayan at makabuluhang kaugnayan ang dalas ng pakikinig ng radio sa antas ng kahusayan sa gamit ng wika sa pagsulat ng mga respondent. Samantala, positibong ugnayan at makabuluhang kaugnayan naman sa dalas ng paggamit ng computer at internet. Nangangahulugan lamang ito na ang computer at internet ay mainam na alternatibong paraan sa pagtuturo ng gramatika sa pagpapaulad ng kanilang kahusayan. Kaya naman, nararapat umisip na gawain at mgaistratehiya sa pagtuturo na makapagpapaunlad ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa tulong ng computer at internet.

Kasalungat nito ang resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Lalima (2013), pagkatapos ng tatlong taon ng mga leksyon sa radio, ang mga mag-aaral sa rural sa Class 7 ay hindi lamang nakapagsasalita nang mahusay sa wikang Ingles kundi nakasusulat din nang mahusay kaysa sa mga mag-aaral sa rural sa Class 9 na hindi lantad sa mga programa sa radio. Ang sumusunod na mga pahayag naman ay sumusuporta sa positibong ugnayan ng paggamit ng Internet. Ayon kina Sefton- Green 2004, ang internet ay may malaking tungkulin sa buhay ng mga kabataan sa kasalukuyan. Ang mga mag-aaral na ito ay gumagamit ng mga online tools sa loob at labas man ng klasrum. (Brandstrom, 2011)

Tumutugma ang resultang ito sa pag-aaral ni Goldberg et.al. (2002), lumabas na ang significance mean ng mga computer ay may positibong epekto sa dami at kalidad ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

kanilang sulatin. Kaugnay din nito, sa meta-analysis sa sulatin na isinagawa nina Graham and Perin (2007), sa mga grade 4 hanggang grade 12, kanilang natuklasan na ang mga respondents ay nakakuha na ng mas mataas na kalidad ng sulatin nang gumamit sila ng *word processors* kaysa sa pamamagitan ng papel at panulat. Nakagaganyak sa mga mag-aaral na sumulat kapag alam nilang ang kanilang mga sulatin ay maaring mabasa ng buong mundo sa pamamagitan ng internet (Cunningham & Anderson 1997; Karchmer 2001; Brandstrom 2011). Samantala sa isinagawang pag-aaral ng *The Project Reporter* ang mga mag-aaral na kanilang ginamitan ng *multimedia* sa pagtuturo ay kinakitaan ng istatistikal na makabuluhang kaugnayan sa pag-unlad sa kanilang sulatin. Natuklasan din sa pag-aaral na mas kohesib ang kanilang mga sulatin kaysa sa mga kontroladong grupo na dumaan din sa kaparehong proseso ng pagtuturo ngunit hindi ginamitan ng teknolohiya (O'Hara at Pritchard, 2017)

Ibig sabihin tunay na nakatutulong ang computer at internet sa pagpapabuti ng kalidad at kahusayan sa pagsulat (Algraini, 2014)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.16. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Kagamitang Pampag-aaral	GAMIT NG WIKA		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
A. Multimedia			
TV	.083	.664	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	-.431*	.016	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Cellphone	.056	.768	Walang makabuluhang kaugnayan
Tablet	.156	.411	Walang makabuluhang kaugnayan
Computer	.383*	.037	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Internet	.500**	.005	Mayroong makabuluhang kaugnayan
B.Mga Limbag na Teksto			
Diyaryo	.082	.666	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	.004	.984	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	.098	.608	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.119	.532	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	-.198	.293	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Ipinapakita ng talahanayan 3.17, ang positibo at negatibong ugnayan sa paggamit ng *multimedia* at mga limbag na teksto sa dalas ng paggamit at antas ng kahusayan sa mekaniks sa pagsulat ng komposisyon. Batay sa nakalkulang *r-value* positibo ang ugnayan sa TV (.547), *Cellphone* (.082), *Tablet* (.160), computer (.184), Internet (.056) at encyclopedia (.041) samantala negatibo naman ang ugnayan sa radio (-.352), diyaryo (-.093), magazine (-.093), aklat (-.241) at diksyunaryo (-.018). Ibig sabihin, higit ang pagkatuto sa pagsulat ng mga respondent gamit ang multimedia. Kaya naman nararapat

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

na gumamit ng multimedia sa pagtuturo ang guro upang lalong mapagbuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, tanging ang TV lamang ang may makabuluhang kaugnayan sa dalas ng paggamit at antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, may positibo at makabuluhang kaugnayan ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent sa dalas ng panonood ng telebisyon. Sa kasalukuyan, matatagpuan na rin ang mga telebisyon sa paaralan kaya naman napakainam na ito'y magamit din ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

Samantala, inaayunan naman ng resulta ang naging pag-aaral ni Zanussa (2015), na mayroong makabuluhang kaugnayan ang TV sa kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Sinasalungat naman nito ang resulta ng pag-aaral ni Gowon (2009) na nagsasabing walang epekto TV sa kanilang kahusayan sa pagsulat.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.17. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.*

Kagamitang Pampag-aaral	MEKANIKS		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
A. Multimedia			
TV	.547**	.002	Mayroong makabuluhang kaugnayan
Radio	-.352	.057	Walang makabuluhang kaugnayan
Cellphone	.082	.666	Walang makabuluhang kaugnayan
Tablet	.160	.399	Walang makabuluhang kaugnayan
Computer	.184	.330	Walang makabuluhang kaugnayan
Internet	.056	.770	Walang makabuluhang kaugnayan
B. Limbag na Teksto			
Diyaryo	-.093	.626	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.093	.626	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.241	.199	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	-.018	.926	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.041	.828	Walang makabuluhang kaugnayan

Note: ** correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)

* correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)

Matutunghayan sa talahanayan 3.18, ang negatibong ugnayan sa pagbabasa ng mga limbag na teksto sa dalas ng paggamit at antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na hindi lantad sa paggamit ng mga social networking sites. Batay sa resulta ng *r-value* negatibo ang ugnayan sa diyaryo (-.248), magazine (-.137), aklat (-.208), diksyunaryo (-.066) at encyclopedia (-.113) samantala positibo naman sa TV (.037) at radio (.048). Nangangahulugan na nakatutulong ang multimedia sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panonood sa telebisyon at pakikinig sa radio.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabilang dako, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent.

Samantala salungat ito sa artikulo ni Galiardi (nd), kung saan, kanyang ipinahayag na ang mga magazine na pambata ay mainam na karagdagang kagamitan sa pagtuturo. Ang mga panitikang magazine ay puno ng mga akdang susuporta sa mga batang mambabasa sa pag-unlad ng literasi at nagaganyak ang kanilang pagmamahal sa pagbabasa. Ang mga maikling babasahin ay maaaring gamitin sa pagtuturo at pagpapaunlad ng mga kakayahang panliterasi.

Salungat din ang resulta nito sa kinalabasan ng pag-aaral ni Barrientes (2015), kung saan malaki ang maitutulong ng sanayang aklat upang mapataas ang antas ng pag-unawa, kakayahang mapagana ang ideya, damdamin at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral kung ang mga wastong hakbang o proseso sa pagsulat ay maituturo nang maayos gamit ang angkop na kagamitan na makatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral. Pinabubulaanan din ito ng pag-aaral nina Al-Amin at El-Sayed (2014) na nagpahayag na ang diksyunaryo ay makabuluhang kagamitan para sa mga mag-aaral na may kahinaan ngunit may kakayahang mag-aaral dahil maari nilang ipagpatuloy ang pagtuklas at pagkatuto habang umuunlad naman ang kanilang kaalaman sa wika. (banggit ni East, 2007)

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.18. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa Social Networking Sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	NILALAMAN		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
TV	.037	.848	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	.048	.802	Walang makabuluhang kaugnayan
Diyaryo	-.248	.187	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.137	.431	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.208	.270	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	-.066	.728	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	-.113	.552	Walang makabuluhang kaugnayan

Ipinapakita ng talahanayan 20 ang positibong ugnayan ng dalas ng paggamit ng kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa organisasyon sa pagsulat ng mga respondent. Ang nakalkulang *r-value* ay ang mga sumusunod: TV (.193), Radio (.066), diksyunaryo (.099), at encyclopedia (.025) samantala, negatibo ang mga sumusunod na resulta ng *r-value* sa diyaryo (-.129), magazine (-.251) at aklat (-.263). Nangangahulugan lamang ito na ang TV, radio, diksyunaryo at encyclopedia ay mainam na kasangkapan sa pagtuturo ng pagsulat.

Sa kabilang dako, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga ito sa antas ng kahusayan ng respondent sa pagsulat.

Samakatuwid, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sinasalungat ito ng resulta ng pag-aaral ni Zanussa (2015), kung saan lumabas na mayroong makabuluhang kaugnayan ang TV sa kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Samantala, sumasalungat ang resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Lalima (2013), pagkatapos ng tatlong taon ng mga leksyon sa radio, ang mga mag-aaral sa rural sa Class 7 ay hindi lamang nakapagsasalita ng mahusay sa wikang Ingles kundi nakasusulat din ng mahusay kaysa sa mga mag-aaral sa rural sa Class 9 na hindi exposed sa mga programa sa radio.

Kaugnay nito, napapalawak ng pahayagan ang kurikulum na mayaman sa mga impormasyon na magagamit bilang lunsaran sa mga gawain. (Newspaper Association of America Foundation).

Samantala, kinakatigan nito ang kinalabasan ng pag-aaral ni East (2007), na ang paggamit ng bilingual na diksyunaryo ay walang makabuluhang ugnayan sa mga iskor na nakuha ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pagsulat. Ngunit pinapabulaanan naman ito ng pahayag ng Nation 2001, na ang paggamit ng diksyunaryo ay mainam o nakatutulong kung nais sumulat sa ibang wika tulad ng Ingles.

Ibig sabihin, hindi man kinakitaan ng istatistikal kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral, mayroon pa rin itong positibong epekto sa pagkatuto ng mag-aaral.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.19. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa Social Networking sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	ORGANISASYON		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
TV	.193	.307	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	.066	.729	Walang makabuluhang kaugnayan
Diyaryo	-.129	.495	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.251	.181	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.263	.160	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.099	.061	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.025	.896	Walang makabuluhang kaugnayan

Makikita sa talahanayan 3. 20, ang negatibong ugnayan ng dalas ng paggamit mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa bokabularyo sa pagsulat. Batay sa nakalkulang *r-value* negatibo ang ugnayan sa radio (-.032), diyaryo (-.141), magazine (-.106), aklat (-.255) at diksyunaryo (-.055) at positibong ugnayan naman sa TV (.177) at encyclopedia (.005).

Kaugnay nito, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Nangangahulugan lamang na isang masusing pag-aaral ang pagkatuto sa pagsulat at hindi ito basta lamang natututunan. Kaya naman nararapat na bumuo o magsagawa ang guro ng mga masusing pagtuturo ukol sa pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sang-ayon dito ang resulta ng pag-aaral ni Gowon (2009), na nagsasabing walang epekto ang TV sa kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kabilang dako, ayon kay Brown (2017), binabasa ng tao ang encyclopedia upang mapalawak ang kaalaman ukol sa mga bagay na nakakukuha ng kanilang interes. Ipinahayag din nina Zainal at Husin (nd) sa kanilang pag-aaral, ang pagbabasa ay may positibong epekto sa mga sulatin ng mga mag-aaral. Kaya naman habang nagbabasa ang isang tao ay maari siyang makakuha ng kaalaman na maari niyang gamitin sa kanyang pagsusulat. Ibig sabihin lamang na napagyyayaman ang bokabularyo ng isang tao sa tuwing magbabasa ito.

Talahanayan 3. 20. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa Social Networking Sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	BOKABULARYO		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
TV	.177	.350	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	-.032	.865	Walang makabuluhang kaugnayan
Diyaryo	-.141	.457	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	-.106	.576	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.255	.174	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	-.055	.774	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.005	.979	Walang makabuluhang kaugnayan

Matutunghayan sa talahanayan 3.21, ang positibong ugnayan ng dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa gramatika sa pagsulat. Batay sa nakalkulang r-value positibo ang ugnayan sa radio (r-value .073), diyaryo (r-value .134), magazine (r-value .021), diksyunaryo (.072) at encyclopedia (r-

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

value .026) samantala ang mga sumusunod ay negatibo ang uganyan TV (r-value -.144.) at aklat (r-value .260).

Inihuhudyat nito na ang mga kagamitang pampag-aaral ay nakatutulong sa paglinang ng kaalaman sa gamit ng wika ng mga mag-aaral na magagamit sa pagsulat.

Kaugnay nito, batay sa resulta ng sig. value walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

Samakatuwid, walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent. Negatibo ang ugnayan ng dalas ng panonood ng TV at pagbabasa ng aklat sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

Sinasang-ayunan nito ang resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Gowon (2009) na nagsasabing walang epekto ang TV at radyo sa kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Salungat naman ang pahayag nina Zaira at Husin (nd), na ang pagbabasa ay may positibong epekto sa sulatin ng mga mag-aaral.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.21. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa Social Networking Sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	GAMIT NG WIKA		
	<i>r – value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
TV	-.144	.548	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	.073	.702	Walang makabuluhang kaugnayan
Diyaryo	.134	.480	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	.021	.914	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.260	.166	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.072	.706	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.026	.892	Walang makabuluhang kaugnayan

Ang talahanayan 3.22, ay nagpapakita ng positibong ugnayan sa dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa mekaniks sa pagsulat. Batay sa nakalkulang *r-value*, lumabas na positibo ang ugnayan sa TV (.241), radio (.168), diyaryo (.053), magazine (.127), diksyunaryo (.084) at encyclopedia (.068) at negatibo sa aklat (-.319). Nangangahulugan lamang na mainam ang dulot ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat.

Samantala, batay sa *.05 level of significance* walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.


PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Samakatuwid, mayroong postibong kaugnayan ang dalas ng paggamit ng mga kagamitang pampag-aaral maliban sa aklat, bagamat wala itong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral.

Salungat ito sa resulta sa pag-aaral na isinagawa nina Zainal at Husin (nd), na nagresultang ang pagbabasa ay may positibong epekto sa mga sulatin ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito ang pahayag nina Isa et.al., (2012), *“Laws die but book never”*. Ibig sabihin, ang mga aklat ang pinaka-akmang midyum kung saan ang mga kaalaman ay naililipat sa iba’t ibang henerasyon. Kaugnay din nito ang pahayag ni Gallo (2007) *“books, yield their best to you, if you read them at the age at which particular masterpiece can ideally be chewed and digested”*. Ibig sabihin ang mga aklat ay naghahatid ng mga kaalaman na kung pag-aaralan ang mga ito ay tunay na makatutulong (Acheaw, 2014).

Talahanayan 3.22. *Kaugnayan ng dalas ng paggamit ng multimedia at pagbabasa ng limbag na teksto sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga di-lantad sa Social Networking Sites.*

Kagamitang Pampag-aaral	MEKANIKS		
	<i>r-value</i>	<i>sig.value</i>	Interpretasyon
TV	.241	.200	Walang makabuluhang kaugnayan
Radio	.168	.375	Walang makabuluhang kaugnayan
Diyaryo	.053	.780	Walang makabuluhang kaugnayan
Magazine	.127	.503	Walang makabuluhang kaugnayan
Aklat	-.319	.086	Walang makabuluhang kaugnayan
Diksyunaryo	.084	.660	Walang makabuluhang kaugnayan
Encyclopedia	.068	.723	Walang makabuluhang kaugnayan

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Batay sa talahanayan 3.23, ang nilalaman sa Levene's Test for Equality of Variance ay may p-value na .616, mas mataas ito kaysa sa inaasahang *level of significance* na .05. Kaya naman ang variances sa pagitan ng dalawang mean ay pantay. Dagdag pa rito ang t-test ay may p-value na .055 na mas mataas sa .05 kaya naman ibig sabihin nito walang istatistikal na kaugnayan ang pagiging lantad at di-lantad sa *social networking sites* sa kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Sa kabilang dako, ang organisasyon ayon a Levene's Test for Equality of Variance na may p-value na .335, mas mataas ito kaysa sa .05 *level significance* kaya naman, masasabing pantay ang variance ng dalawang grupo. Samantala ang t-test ay may p-value na .207 ay mas malaki kaysa sa .05. Samakatuwid, walang makabuluhang kaugnayan ang exposure ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Batay sa Levene' test for Equality of Variance, ang resulta ng p-value sa bokabularyo ay .207, mataas sa inasahang *significance level* na .05 kaya naman masasabing pantay ang variances ng dalawang grupo. Mataas din ang p-value na .898 sa level of significance na .05. sa t-test. Ibig sabihin, walang istatistikal na kaugnayan ang exposure ng mga mag-aaral sa *social networking sites* sa kanilang kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Mataas din ang p-value ng gamit wika na .842 sa inaasahang .05 na *level of significance*, sa Levene's Test for Equality of Variance, nangangahulugan lamang ito na pantay ang variances ng dalawang grupo. Kaugnay nito mataas din ang resulta ng p-value

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

ay .809 higit na mataas sa .05 na *level of significance* sa t-test. Samakatuwid, walang makabuluhang istatistikal na kaugnayan ang pagiging lantad at di-lantad ng mga mag-aaral sa social networking sites sa kanilang husay sa pagsusulat.

Sa kabilang dako, ang resulta ng p-value ng mekaniks sa Levene's test for Equality of Variance ay .358, mas mataas kaysa sa .05 *level of significance* kaya naman, nangangahulugan ito na pantay ang variance ng dalawang grupo. Samantala, batay sa t-test, ang p-value ng mekaniks ay .647, malinaw lamang na ipinakikita nito na walang istatistikal na kaugnayan ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa kanilang exposure sa *social networking sites*.

Samakatuwid, pantay ang variances ng dalawang grupo sa *Levene's test for Equality of variances* at wala ring makabuluhang kaugnayan ang pagiging lantad at di-lantad ng mga mag-aaral sa *social networking sites* sa kanilang kahusayan sa pagsulat.

Nangangahulugan na walang kinalaman ang social networking sites sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral kaya naman ang kapwa nangangailangan ng interbensyon sa pagsulat.

Sinusuportahan naman ito ng naging resulta ng pag-aaral nina Ariana at Mirabela (nd), kung saan kanilang natuklasan na walang kaugnayan ang paggamit ng facebook sa pagpapaunlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Kabaligtaran naman ito ng resulta ng pag-aaral ni Algraini (2014), kung saan kinakitaan ng makabuluhang istatistikal na kaibahan ang mean iskor ng dalawang grupo na experimental na gumamit ng Padlet sa pagsulat habang kontroladong grupo ay hindi at sumulat naman ng harapan sa loob ng

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

klasrum. Pabor ang resulta ng post-test sa experimental na grupo dahil nakakuha sila ng mas mataas na puntos. Batay sa pagsusuri ng datos, mabisa ang Padlet sa pagpapabuti sa kakayahan sa pagsulat ng mga respondent. Gayundin ang naging resulta ng pag-aaral ninaYadegarfar, at Simin (2016), lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang performans sa kawastuhan sa gramatika sa mga bahagi ng pananalita sa grupo ng mga mag-aaral na tinuruan gamit ang Instagram at grupong tinuruan sa tradisyunal na paraan. Ayon sa resulta mas mataas ang iskor ng mga mag-aaral na nasa experimental na grupo. Kaparehong resulta naman ang lumabas sa naging pag-aaral nina Suwantarathip at Wichadee (2014) kung saan napatunayang may makabuluhang kaibahan sa performans sa mga mag-aaral na gumagamit ng Google Docs at mga mag-aaral na nag-aaral ng harapan sa paaralan. Higit na mataas ang mean iskor na nakuha ng mga mag-aaral na gumamit ng Google Docs sa kanilang mga sulatin. Ibig sabihin, maaring nakatutulong ang mga social networking sites sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ngunit maari rin naming maging kabaligtaran kung ito ay di-gagamitin nang wasto.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.23. *Kaugnayan ng antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon na lantad at di-lantad sa social networking sites.*

Aspeto ng sulatin		Levene's Test for Equality of Variances	
		<i>f</i>	<i>p-value</i>
Nilalaman	Equal variances assumed	.254	.616
	Equal variances not assumed		
Organisasyon	Equal variances assumed	.944	.335
	Equal variances not assumed		
Bokabularyo	Equal variances assumed	1.627	.207
	Equal variances not assumed		
Gamit ng wika	Equal variances assumed	.040	.842
	Equal variances not assumed		
Mekaniks	Equal variances assumed	.858	.358
	Equal variances not assumed		

Batay sa resulta ng mga datos, ang mga respondent na lantad at di-lantad sa *social networking sites* ay may kahinaan sa pagsulat ng komposisyon kaya nararapat na gumamit ng inihandang kagamitang pampagtuturo dahil kapwa nangangailangan ng tulong ang mga respondent sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang mananaliksik ay bumuo ng mungkahing kagamitang pampagtuturo upang mabigyang lunas o di-kaya ay mabawasan ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon.

Rasyunal ng Pagbuo ng mga Modyul sa Pagsulat

Ang wika ang daluyan ng kaisipan ng bawat nilalang upang maipahayag ang kanilang naiisip at nadarama. Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay naipapahayag ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap. Kaya naman napakahalagang mahubog sa isang tao ang kasanayan sa pagsulat nang sa ganoon ay hindi mapigil ang likas na kalikasan ng tao na makapagpahayag.

Kaya inihanda ang modyul upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat. Sa pagtatapos ng modyul, inaasahang ang mag-aaral ay makasusulat na ng mabisang komposisyon. Ipapaalala ang kahalagahan ng pagsunod sa mga tuntunin sa pagsulat ng isang komposisyon sa mekaniks. Malilinig ang kakayahan sa gramatika. Masusing pag-aaralan ang panghalip, aspekto ng pandiwa, pangatnig, pantukoy, at pagbuo ng pangungusap. Pagkatapos pag-aralan ang mga ito, ang mag-aaral ay inaasahang makasusulat na ng isang komposisyon. Mapatutunayan na ang pagsunod sa tuntunin sa pagsulat ng komposisyon ay mahalaga sa ikagaganda at ikaaayos ng sulatin. Makikita rin ang kaibahan ng kasanayan sa paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita sa pagsulat.

Ang inihandang modyul ay may iba't ibang yugto ng pagkatuto na gagabay at tutulong sapaglalakbay sa mundo ng kaalaman.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

1. Panimula- ito ay tumutukoy sa pangkalahatang impormasyon sa iyong mga dapat matutunan sa aralin. Nagsisilbing giya din ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na direksyon sa tunguhin ng paksa.

2. Mga Layunin – ito ay bahagi kung saan inilalahad ang mga inaasahang bunga ng iyong pagkatuto pagkatapos ng aralin.

3. Yugto ng Pagkatuto – ito ay tumutukoy sa mga gawain o mga araling inaayos sa bawat yugto upang mapadali ang iyong pagkatuto. Ang bawat yugto ay ang mga sumusunod:

A. Tuklasin – ito ay mga gawain o babasahin upang mataya ang inyong iskema sa aralin at ihanda ka sa mas mataas na yugto ng pagkatuto

B. Linangin - sa bahaging ito, inilalahad ang akdang pag-aaralan o mga gawaing maghahatid saiyo upang mkapangalap ng mga bagong kaalaman at karunungan.

C. Pagsasanib ng Wika at Gramatika – sa bahaging ito, pinapagtibay ang iyong kakayahang gramatikal upang iyo itong magamit hindi lamang sa pagpapahayag kundi mabisa itong magamit.

D. Pagnilayan at Unawain - sa bahaging ito ng aralin, inaasahang makabubuo ng sariling konsepto at pagpapahalaga sa aralin sa tulong ng mga graphic organizer.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

E. Ilipat – ito ay gawain na nagbibigay ng pagkakataon sa iyo na magamit ang iyong natutuhan sa mga aralin. Ito ang magsisilbing patunay ng iyong natutunan sa mga gawain at aralin.

Modyul 1 – ito’y ay naglalayong mahasa ang kasanayan sa paggamit ng mga tuntunin sa pagsulat (mekaniks). Kaugnay nito, inilapat ng mananaliksik ang sosyo-kognitibong teorya sa pagsulat upang, mataya kung gaano ang pagkatuto ng mag-aaral habang siya ay nakikisalamuha. Makikita ang mga ito sa bahagi matrix na pamamaraan at ebalwasyon.

Modyul 2 – ito ay nakatuon sa pagkatuto ng mag-aaral sa pagbuo ng iba’ibang uri ng pangungusap ayon sa kayarian at sa mensahe ng maikling kuwento. Ginamit ng mananaliksik ang Socio-Culture Anticipatory Recursive upang magkaroon ng pagkakataon na maibahagi ang kanilang mga sulatin, at makapagpalahad din ng output.

Modyul 3 - ito ay nakatuon sa kwentong bayan at tamang paggamit ng aspekto ng pandiwa. Gumamit ng writing process ang mananaliksik sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Modyul 4 – ito ay naglalayong mahasa ang kasanayan sa paggamit ng panghalip at pantukoy ng mga mag-aaral. Ginamit ng mananaliksik ang sosyo-kognitibong teorya sa pagsulat upang mahasa ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Pangkalahatang kompetensi	Kamali-an	Modyul	Layunin	Pamamaraan	Ebalwasyon
Naipapamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, upang isulong ang wikang Filipino PA1Af: Nakapagpa-hayag ng damdamin tungkol sa mga tauhan sa akda PA1Bb: Nakapagbibigay – puna sa mga ginawa at desisyon ng mga tauhan sa akda PU1Ba: Natutukoy ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng	Aspektong mekaniks a. Maling pagbaybay b. Maling paggamit ng malaking titik c. Pagbambantas d. Paglala gay ng margin at e. Pagtatala	Modyu 1. Aralin Panitikan: Ang Anak Ko ay Lalake Ni: Gonzalo K. Flores Gramatika at Retorika: Tuntunin sa pagsulat (Mekaniks) Uri ng teksto: Nagsasalaysay Sanggunian: Gangsa, Interaktibong aklat sa Filipino I, Anvil Publishing	a. Nagagamit nang wasto ang malaking titik at mga bantas b. Nakagaganap sa mga gawaing inihanda sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon c. Nakabubuo ng mga bagong salita gamit ang isang salita d. Nasasagot nang wasto ang mga tanong tungkol sa akda	Tuklasin G.1. Paglalarawan ng pamilya Linangin G.2. Paglalarawan ng katangian ng isang ina, ama at anak gamit ang graphic organizer G.3. Pagbuo ng panibagong salita mula sa salitang may salungguhit G.4. Pagsusuri sa mga katangian ng mga tauhan gamit ang organizer G. 5. Pagsagot sa mga	Sumulat ng isang talata ukol sa bullying, paano ba ito dapat harapin ng isang kabataan? Magpakita rin ng isang palabas sa pamamagitan ng movie maker upang maging makabuluhan ang talumpati.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

mabisang talata (Mekaniks) PU1DA: Nakasusulat ng isang simpleng talata PU1Ca: Nakasusulat ng damdamin, opinion, mensahe at ideya		Inc., 2003 Learning Competencies for Grade 7		katanungan at pagbibigay ng sariling kuru-kuro. Pagsasanib ng gramatika at retorika Pag-aralan ang ilang tuntunin sa pagsulat ng talata. Pagsagot sa mga pagsasanay na susukat ng kakayanan sa paggamit ng tamang bantas, pagbabaybay at pagsulat ng talata.	
Naipapamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, upang isulong ang wikang	Magulo o kulang ang diwa ng pangu-ngusap. Kompleks na pangu-ngusap.	Modyul 2 Aralin Panitikan: Isang Basong Gatas (Maikling Kuwento) Gramatika at Retorika:	a. Naipoproceso ang mga impormasyon sa aralin na iyong nabasa o narinig b. Nakagaganap sa mga gawaing inihanda sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon	Tuklasin G1. Pagbibigay ng sariling kuro-kuro ukol sa mensahe ng salawikain. G2. Paglalahad	Pagbuo ng isang plano kung paano makatutulong sa kapwa mag-aaral na hindi kailangang gumastos. Ipakita ang inyong plano



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Filipino PA1Ba: Nakapagpapa-hayag ng damdamin tungkol sa mga tauhan sa akda PA1Bb: Nakapagbibigay –puna sa mga ginawa at deisyon ng mga tauhan sa akda PU1Ca: Nakasusulat ng damdamin, opinion mensahe at ideya		Pangungusap at uri nito ayon sa kayarian Uri ng teksto: Nagsasalaysay Sanggunian: Learning Competencies para sa Grade 7 at http://buklat.blogspot.com/2017/12	c. Natutukoy ang kasingkahulugan ng mga salita d. Nasasagot nang wasto ang mga tanong tungkol sa akda e. Natutukoy ang uri ng pangungusap ayon sa kayarian f. Nakasusulat ng isang simpleng talata gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa kayarian g. Naihahambing ang teksto sa iba pang kuwento sa pamamagitan ng tema at mga pangyayari	ng maaring maging hakbang sa mga sitwasyon. Linangin Pagbabasa ng maikling kuwento G3. Ibigay ang kasingkahulugan nng mga salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. G4. Pagsagot sa mga katanungan sa ukol sa mga pangyayari kuwento. G5. Naipahahayag ang sariling kurokuro. G6. Nakapaghahambing ng isang	sa pamamagitan ng matrix. Maaring gawin ito sa computer
--	--	---	---	--	---



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

				kwentong nabasa na may kaparehong tema gamit ang venn diagram. Pagsasanib ng gramatika at retorika. Mga pagsasanay P. 1 Natutukoy ang uri ng mga pangungusap ayon sa kayarian. P2. Mula sa binuong venn diagram sa Gawain 6. Bubuo ng mga pangungusap ayon sa naging paghahambing sa dalawang kuwento. P3. Pagbuo ng islogan na	
--	--	--	--	--	--



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

				nanghihikayat sa pagtulong sa kapwa. Ipapaskil ito sa pisara.	
Naipapamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, upang isulong ang wikang Filipino PA1Ba: Nakapagpapahayag ng damdamin tungkol sa mga tauhan sa akda PA1Bb: Nakapagbibigay –puna sa mga ginawa at deisyon ng mga tauhan sa akda PU1Ca: Nakasusulat ng	Maling paggamit ng aspekto ng pandiwa	Modyul 3 Aralin 3 Panitikan Si Mariang Mapangarapin (Kwentong Bayan) Gramatika at Retorika: Aspekto ng Pandiwa Uri ng Teksto: Nagsasalaysay Sanggunian: Panitikangpnoy.blogspot.com/p/ LC para sa Grade 7	a. Nakagaganap sa mga gawaing inihanda sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon b. Naipaliliwanag ang tema o mensahe ng akda c. Nasasagot nang wasto ang mga tanong tungkol sa akda d. Natutukoy ang pandiwa at aspekto nito e. Nagagamit ang pandiwa sa pagsulat	Tuklasin G1. Paglalahad ng pananawukol sa mga kasabihan na maaring maging tanglaw sa buhay. G2. Nakapagbabahagi ng kuwento, napanood o nabasa na naging matagumpay ang pangunahing tauhan. Gamit ang ilustrasyon. G3. Nagagamit ang tamang anyo ng pandiwa sa pangungusap.	#road to success Sumulat ng tiyak na plano kung paano maaabot ang iyong pangarap. Ilahad ang mga hakbang na gagawin patungo sa iyong pangarap.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

damdamin, opinion mensahe at ideya				Linangin Pagbabasa ng akda G4. Nasasagot ang mag katanugan ukol sa akda. G5. Pagpapalalim Pagbibigay ng sariling opinion G6. Pagbuo ng sariling timeline sa pag-abot ng inyong mga pangarap. Gamit ang computer at internet, maari ring humanap ng iba pang halimbawa timeline. Pagsasanib ng gramatika at retorika P1. Pagsasanay sa paggamit	
---	--	--	--	---	--



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

				ng wastong aspekto ng pandiwa. P2. Pagkumpleto sa mga aspekto ng pandiwa ayon sa dayagram. P3. Pagbabahagi ng sariling karanasan, at pagsasalaysay dito gamit ang wastong aspekto ng pandiwa.	
Naipapamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, upang isulong ang wikang Filipino PA1Ba: Nakapagpapahayag ng damdamin	Maling gamit ng pantukoy at panghalip	Modyul 4 Aralin 4. Panitikan: Bakit Babae ang Naghuhu-gas ng Pinggan Pagsasanib ng Gramatika at Retorika: Tamang Paggamit ng Pang-ukol at panghalip	a. Nakapagbabahagi ng iyong iskema ukol sa aralin b. Naipoproso ang mga impormasyon sa aralin na iyong nabasa o narinig c. Nakagaganap sa mga gawaing inihanda sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon d. Naipaliliwanag ang tema o	Tuklasin G1. Natataya ang kakayahan sa paggamit ng tamang pantukoy upang mabuo ang diwa ng pangungusap. G2. Nakapagtatala ng mga gawaing kayang gawin ng bawat	Pagbuo ng iskrip at pagtatanghal ng isang payak na dula—dulaan ukol sa kultura ng pamilyang Pilipino. Gumamit ng computer sa pagsulat ng script. Sundin ang sumusunod na panuntunan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

tungkol sa mga tauhan sa akda PA1Bb: Nakapagbibigay –puna sa mga ginawa at desisyon ng mga tauhan sa akda PU1C: Nagpapahayag ng damdamin, ideya, opinion, at mensahe gamit ang malilina na pangungusap PU1D: Nakasusulat ng simple at organisadong talata		Sanggunian: LC para sa Grade7	mensahe ng akda e. Nasasagot nang wasto ang mga tanong tungkol sa akda f. Natutukoy ang pantukoy at panghalip g. Natutukoy ang tamang gamit ng pantukoy at panghalip h. Nagagamit nang wasto ang pantukoy at panghalip sa pagbuo ng pangungusap	kasarian. G3. Nakasusulat ng talatang naglalahad ng mga gawaing bahay na inaayawan at napangangatwiran kung bakit. Linangin Pagbabasa ng dula. G4. Nasasagot ang mga katanungan ukol sa mga akda. G5. Nakabubuo ng posibleng wakas ng akda Pagsasanib ng gramatika at Retorika Pagtalakay sa wastong gamit ng pantukoy	Size 8”X12.5” Margin 1” Font style at size Cambria 12
--	--	--	--	--	---



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

				P1. Paggamit ng wastong pantukoy upang mabuo ang pangungusap. P2. Pagbuo ng sariling pangungusap na kakikitaan ng tamang gamit ng pantukoy. Talakayan ukol,sa panghalip panao P3. Nagagamit ang wastong panghalip sa mga pahayag upang mabuo ang diwa ng talata. P4. Natutukoy ang pantukoy at panghalip na ginamit sa pangugusap.	
--	--	--	--	--	--

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

KABANATA IV

LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Layunin ng pananaliksik na alamin ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga respondent sa Grade 7 class Dahlia at Rosal ng paaralang Reina Mercedes Vocational and Industrial School. Ang mga tiyak na katanungang tinangkang sagutin ay ang mga sumusunod:

4.1 Natuklasan sa Pag-aaral

Batay sa pagsusuri sa mga datos ang mga sumusunod ay natuklasan:

1. Ano-ano ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino ng mga mag-aaral na lantad at di – lantad sa *social networking sites* sa mga sumusunod:

1.1 Mekaniks: ispelang, palabantasan, paggamit ng malaking titik, indensyon at

Margin

1.2 Gramatika: paggamit ng panghalip, pandiwa, pang-uri, pangatnig, pantukoy, bokabularyo at pangungusap.

Ang mga mag-aaral ay hinati sa dalawang grupo, ang mga mag-aaral na lantad sa social media at mag-aaral na hindi lantad o walang account sa kahit na anong social networking sites.

Mga mag-aaral na lantad (exposed) sa social networking sites

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Sa kabuuan ang karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral na lantad sa social networking sites ay ang maling paggamit ng panghalip na may average na 70%, maling aspekto ng pandiwa, maling gamit ng pangatnig, kompleks at magulong diwa ng pangungusap na may 66.67%. Pangatlo ang maling paggamit ng pantukoy na may 33%. Pang-apat ang bokabularyo na may 26.67% at panghuli ang pagkakamali sa pang-uri na may 13.33%. Karaniwang kamalian rin ng mga mag-aaral na lantad sa *social networking sites* ang maling paggamit ng malaking titik at pagbabaybay na may average na 83.33% pangalawa naman ang hindi pagmamargin at mali o di paggamit ng bantas na may 66.67% at pangatlo ang pagtatalata.

Karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa mekaniks ay ang maling paggamit ng malaking titik at pagbabaybay o ispeleng na may average na 83.33 % samantala, pangalawa ang hindi pagmamargin at mali o di-paggamit ng bantas na may average 66.67 % at panghuli ang maling pagtatalata na may average na 46.67 %.

Mga mag-aaral na di-lantad (di-exposed) sa social networking sites

Samantala, ang karaniwang kamalian sa sulatin ng mga mag-aaral na hindi lantad sa *social networking sites* ay ang maling paggamit panghalip na may average na 83.33%. Sinundan ng magulo o di-kumpletong diwa ng pangungusap na may average 80%, pangatlo ang maling aspekto ng pandiwa at maling gamit ng pangatnig na may 60%, samantala, 76.67% naman ang naging pagkakamali sa pantukoy at 26.67% naman ang bokabularyo at panghuli ang pang-uri na may average na 6.67 %.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa mekaniks ay ang maling baybay o ispeleng na may average na 96.67% at sinundan naman ng margin na may 86.67 %, nawawalang bantas na may 83.33%, paggamit ng malaking titik 70% at panghuli ang maling pagtatalata na may 40%.

2. Ano ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng lantad at di-lantad na mga mag-aaral sa sumusunod na aspeto:

- a. Nilalaman b. Organisasyon c. Bokabularyo
- d. Gamit ng wika e. Mekaniks

Gamit ang ESL rubric nina Jacobs, H.L. Hartfiel, V.F., Hughey, J.B., at Wormuth, D.R., (1981), tinaya ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at natuklasan na ang mga mag-aaral na lantad sa *social networking sites* ay medyo mahusay sa pagsulat ng komposisyon ayon sa ipinakikitang *mean* nito sa nilalaman na 20.67, organisasyon na may *mean* iskor na 10.53, bokabularyo na may *mean* iskor na 15.37, Gamit ng wika na may *mean* na 14.83 at mekaniks na may *mean* na 2.9. Lahat ng *mean* iskor na nakuha ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang medyo mahusay. Ganoon din ang mga mag-aaral na hindi lantad, ang *mean* iskor ng nilalaman ay 19.17, ang organisasyon naman ay may *mean* iskor na 9.6, 15.3 naman ang *mean* iskor ng bokabularyo, samantala ang gamit ng wika ay may *mean* iskor na 14.57 at ang mekaniks ay 2.93. Ang mga *mean* iskor na nakuha ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang medyo mahusay. Ibig sabihin ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad ay kapwa medyo mahusay ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

3. Anu-anong social networking sites kabilang at gaano kadalas ito gamitin ng mga mag-aaral na lantad sa *social networking sites*?

Ang pinakakaraniwang *social networking site* na kinabibilangan ng mga mag-aaral ay ang *Facebook* na may 100% na aktibong account dito. Sinundan ito ng *google* na may 90%, at pangatlo naman ang *youtube* na may 86.7%, pang-apat ang *Wattpad* na may 53.33%, *Instagram* na may 50%, *WhatsApp* na may 33.3%, *Twitter* na may 30% at panghuli ang *LinkedIn* na may 10%. Samantala ang social networking site na *pinakamadalas* gamitin o bisitahin ng mga mag-aaral ay ang *Facebook* na may 46.7 % sinundan naman ng *Youtube* na may average na 43.3% at pangatlo naman ang *Google* na may 30%, pang-apat ang *Wattpad* na may 20%, at panghuli naman ang *WhatsApp* na may 3.3%. Madalas naman gamitin ng mga mag-aaral ang *Google* na may 50%, *Facebook* na may 40%, *Youtube* na may 26.7%, *Wattpad* na may 16.7%, *Twitter* na may 13.3%. Madalang naman gamitin ang *Instagram* na may 23.3%, *Youtube* na may 16.7 % *Facebook* na may 13.3%, *Wattpad* at *WhatsApp* na may 10% at *Twitter* at *Google* na may 3.3 %. Napakadalang naman gamitin ng mga respondent ang *Instagram* na may 13.3%, *WhatsApp* na may 10%, *Wattpad*, *LinkedIn*, at *Google* na may 6.7% , *Twitter* at *Youtube* na may 3.3%. Samantala *Hindi Kailanman* ginamit ng mga respondents ang mga sumusunod *LinkedIn* 93.3%, *Twitter* 80%, *WhatsApp* 76.7%, *Instagram* 53.3%, *Wattpad* 46.7% , panghuli ang *Youtube* at *Google* na may 10%. Natuklasan sa datos na ang pinakaginagamit ng mga mag-aaral ay ang *Facebook* at *Youtube*.

4.Mga kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites at gaano nila ito kadalas gamitin?

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Ang kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga mag-aaral na exposed sa social networking sites ay ang TV 100%, Cellphone 96.7%, aklat 93.3%, Diksyunaryo 86.7%, Tablet at Radio 76.7%, Newspaper at Magazine 53.3%, Computer 50%, at Encyclopedia 43.3%. Samantala ang mga kagamitang pampag-aaral na matatagpuan sa tahanan ng mga mag-aaral na di – lantad sa social media ay Aklat 100%, Diksyunaryo at TV 90%, Radio 70%, Newspaper 56.67%, Magazine 53.3% at Encyclopedia 6.67%.

Ang mga kagamitang pampag-aaral na ginagamit sa loob ng limang araw na may klase ang mga mag-aaral ay TV 80%, Cellphone 73.33%, Tablet 46.67%, Aklat at Internet 36.67%, at panghuli ang Radio, Diksyunaryo, at Computer na may 13.33%. Apat na araw naman kung gamitin sa loob ng limang araw na may klase ang mga mag-aaral ang Aklat 26.67%, Diksyunaryo 20%, Computer 13.33%, Tablet 10%, samantala ang TV, Radio, Newspaper, Encyclopedia at Internet ay 3.33%. Tatlong araw naman kung gamitin ng mga mag-aaral sa loob ng limang araw na may klase ang Diksyunaryo 30%, Radio 26.67% Aklat 20%, ang TV, Cellphone, at Magazine 13.33%, sumunod ang Internet na may 6.67% at panghuli ang Computer, at Newspaper na may 3.33%. Dalawa hanggang isang beses lamang sa loob ng limang araw na may klase ang mga bata ang paggamit ng mga mag-aaral sa sumusunod: Newspaper 30%, Magazine at Diksyunaryo 20%, Computer 16.67%, Internet, Encyclopedia, at Cellphone 13.33%, Tablet 10%, at panghuli ang TV at Aklat na 6.67%. Samantala hindi naman ginagamit ng mga mag-aaral ang mga sumusunod: Magazine 20%, Radio at Newspaper 16.67%, Encyclopedia 13.33%, Diksyunaryo

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

10%, at panghuli ang Computer, Aklat, at TV na 3.33%. Makikita sa resulta na ang pinakaginagamit ng mga mag-aaral na exposed sa social networking sites ay ang TV at cellphone.

Ang mga kagamitang pampag-aaral na ginagamit ng mga mag-aaral na hindi lantad sa *social networking sites* sa loob ng limang araw na may klase ay ang mga sumusunod: TV 53.33%, Aklat 33.33%, Radio 13.33%, Diksyunaryo 10% at Newspaper 3.33%. ang mga kagamitang pampag-aaral na ginagamit naman ng apat na araw ay TV 23.33%, Aklat 13.33%, Diksyunaryo 10%, Radio at Magazine 6.67% at Newspaper 6.67%. Taltlong araw naman ang inilalaan ng mga mag-aaral sa mga sumusunod: Aklat 26.67%, Radio at Diksyunaryo 16.67%, TV at Newspaper 10%, at panghuli ang Encyclopedia at Magazine 3.33%. Samantala hindi naman ginagamit ng mga mag-aaral ang mga sumusunod sa loob ng mga araw na may klase ang mga sumusunod: Magazine 23.33%, Diksyunaryo 20%, Newspaper 13.33, Radio 6.67% at panghuli ang Encyclopedia at Aklat na 3.33%.

4. May makabuluhang kaugnayan ba ang dalas nang paggamit ng social networking sites at kagamitang pampag-aaral sa karaniwang kamalian at antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ang mga mag-aaral na lantad at di-lantad sa social networking sites?

Ang mga sumusunod ay pagsusuri sa datos ng *Pearson correlation at significant value* ng dalas ng paggamit ng mga mag-aaral sa mga *social media networking sites* at mga kagamitang pampag-aaral.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Google

Mayroong positibong ugnayan ang dalas ng paggamit ng google ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang komposisyon sa aspetong nilalaman (r-value, .261), Organisasyon (r-value .064), bokabularyo (r-value .035), ngunit may negatibong epekto naman sa kanilang gamit ng wika (r-value -.012) at Mekaniks (r-value -.229). Sa kabuuan, batay sa .05 level of significance, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng google sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon.

Facebook

Negatibo ang ugnayan ng dalas ng paggamit ng *facebook* sa aspeto ng nilalaman (r-value -.219), organisasyon (r-value -.039), gamit ng wika (r-value -.038), at mekaniks (r-value -.159) maliban sa bokabularyo (r-value .115).

Sa kabuuan, ayon sa .05 level of signifance, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit sa *facebook* ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Twitter

Ang resulta ng r-value ng dalas ng paggamit ng *twitter* ay may negatibong ugnayan sa kanilang kahusayan sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong nilalaman (.-247), organisasyon (-.199), at gamit ng wika (-.004) at nagpositibo naman sa bokabulayro

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

(.021) at mekaniks (.158). Sa kabuuan, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng twitter sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Instagram

Ang dalas ng paggamit sa *Instagram* ay may positibong ugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa nilalaman (r-value .000), organisasyon (r-value .191), at bokabularyo (r-value .253) at negatibong ugnayan naman sa gamit ng wika (r-value -.011) at mekaniks (r-value -.134). Sa kabuuan, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng Instagram sa husay ng mga mag-aaral sa pagsulat.

LinkedIn

Ang dalas ng paggamit ng *LinkedIn* ay mayroong negatibong ugnayan sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral kung saan matutunhayan ang r-value ng nilalaman na (-.308), organisasyon (-.285), bokabularyo (-.165), gamit ng wika (-.215), at mekaniks (.356). sa kabuuan, batay sa .05 level of significance mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng LinkedIn sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa nilalaman (.049) at mekaniks (.027).

Youtube

Ang dalas ng panonood ng Youtube ay ay may negatibong ugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong nilalaman (r-value -.049), bokabularyo (r-value .117) at gamit ng wika (-.180) at positibong ugnayan naman sa aspetong Organisasyon (r-value .006), at mekaniks (r-value .061). Batay sa .05 level of

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

significance, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas nang panonood ng Youtube sa kanilang kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Wattpad

Negatibong ugnayan ang resulta ng nakalkulang r-value sa dalas pagbabasa ng wattpad sa antas ng kahusayan sa pagsulat sa aspetong nilalaman (-.053), organisasyon (-.093), gamit ng wika (-.089) at mekaniks (-.425) at nagpositibo naman sa bokabularyo (.062). Samantala, ang mekaniks (sig. value .010) ay mayroong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa dalas ng pagbabasa ng wattpad.

WhatsApp

Ang dalas ng paggamit ng WhatsApp ay mayroong negatibong ugnayan sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon batay sa nakalkulang r-value sa nilalaman (-.178), organisasyon (-.025), bokabularyo (-.013) gamit ng wika (-.016) at mekaniks (-.085). Batay naman sa *.05 level of significance*, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng WhatsApp sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Kaugnayan ng dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampag-aaral ng mga mag-aaral exposed sa social networking sites

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

TV

Mayroong positibong ugnayan ang dalas ng panonood ng telebisyon sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon batay sa nakalkulang r -value ang nilalaman may (.237); organisasyon (.391); bokabularyo (.233); gamit ng wika (.083); at mekaniks (.547). Kaugnay nito, batay sa .05 level of significance, mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng panonood ng telebisyon sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong nilalaman (.207) at mekaniks (.002).

Radyo

Sa kabilang dako, ang dalas nang pakikinig sa radio ay may negatibong ugnayan sa kanilang kahusayan sa pagsulat ng komposisyon batay sa nakalkulang r -value sa nilalaman (-.090), organisasyon (-.359), bokabularyo (-.461), gamit ng wika (-.431), at mekaniks (-.352).

Batay sa .05 level of significance, mayroong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga respondent sa aspetong bokabularyo (-.010) at mekaniks (.016).

Cellphone

Samantala, ang dalas ng paggamit ng cellphone ay may positibong ugnayan sa antas ng kahusayan sa aspetong organisasyon (.175), bokabularyo (.356), gamit ng wika (.056), mekaniks (.082) at nagnegatibo naman sa aspetong nilalaman (-.017). Lumabas

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

naman sa .05 level of significance na walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng cellphone sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat.

Tablet (android/ios)

Sa kabilang banda, ang dalas ng paggamit ng tablet ay may positibong ugnayan sa kanilang antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong organisasyon (.284), bokabularyo (.170), gamit ng wika (.156), at mekaniks (.160) ngunit negatibo naman ang ugnayan nito sa nilalaman (-.033). Sa kabuuan, walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng tablet sa kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aalayon sa nakalkulang level of significance nito.

Pahayagan / Newspaper

Sa kabilang dako, mayroon ding positibong ugnayan ang dalas ng pagbabasa ng pahayagan sa kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral batay sa nakalkulang r-value nito sa nilalaman (.286), organisasyon (.172), bokabularyo (.228), at gamit ng wika (.082), ngunit negatibo naman sa aspetong mekaniks (-.093). Batay sa .05 level of significance, wala itong makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan ng mga respondents sa pagsulat.

Magazine

Negatibo naman ang ugnayan ng dalas nang pagbabasa ng magazine ng mga mag-aaral sa antas ng kahusayan sa pagsulat sa aspetong nilalaman (r-value -.151); organisasyon (-.008); at mekaniks (-.093); positibo naman ang ugnayan nito sa aspetong

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

bokabularyo (.249) at gamit ng wika (.004). Kaugnay nito, ang resulta ng sig. value ay nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan sa dalas nang pagbabasa ng magazine ang kahusayan sa pagsusulat ng mga respondent.

Aklat

Batay sa datos, ang dalas nang pagbabasa ng aklat ay mayroong positibong ugnayan sa aspetong nilalaman (r-value .043); organisasyon (r-value .084); at gamit ng wika (r-value .098). Sa kabilang dako, negatibo naman ang ugnayan ng bokabularyo (r-value -.048) at mekaniks (r-value (r-value -.241) sa dalas ng pagababsa ng aklat. Sa kabuuan, batay sa nakalkulang sig. value wlang makabuluhang kaugnaya ang dalas nang pagbabasa ng aklat sa kahusayan sa pagsusulat.

Diksyunaryo

Ang dalas nang paggamit ng diksyunaryo ay may positibong kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent sa aspetong nilalaman (r-value .011); bokabularyo (r-value .092); at gamit ng wika (r-value .119). Negatibo naman ang ugnayan nito sa aspetong organisasyon (r-value -.009) at mekaniks (r-value -.018). Samantala, sa datos ng sig. value malinaw na ipinakikita na walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng diksyunaryo sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Encyclopedia

Samantala, ang dalas nang paggamit ng encyclopedia ay mayroong positibong kaugnayan sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat sa aspetong nilalaman (r -value .030); organisasyon (r -value .016); at mekaniks (r -value .041). Negatibo naman ang ugnayan nito sa aspetong bokabularyo (r -value -.183) at gamit ng wika (-.198). Batay sa resulta ng .05 level of significance, walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ang dalas ng pagbabasa ng encyclopedia ng mga respondent.

Computer

Sa kabilang banda, ang dalas nang paggamit ng computer ay mayroong positibong ugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon ng mga respondents batay sa nakalkulang r -value, nilalaman (.386), organisasyon (.523); bokabularyo (.361); gamit ng wika (.383) at mekaniks (.184). Bukod dito, batay sa nakalkulang sig. value mayroong makabuluhang kaugnayan ang dalas ng paggamit ng computer sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon sa aspetong nilalaman (.035); organisasyon (.003); bokabularyo (.050); at gamit ng wika (.037).

Internet

Bilang karagdagan, ang dalas ng paggamit ng internet ay mayroon ding positibong ugnayan sa kahusayan sa pagsulat ng mga respondent batay resulta ng r -value ng nilalaman (.289), organisasyon (.218), bokabularyo (.280), gamit ng wika (.500) at

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

mekaniks (.056). Batay sa resulta ng sig.value, mayroong kaugnayan ang dalas ng paggamit ng internet sa aspetong gamit ng wika (.005) sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Kaugnayan ng dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampag-aaral ng mga mag-aaral di – lantad sa social networking sites.

TV

Batay sa resulta ng r-value mayroong positibong ugnayan ang dalas ng panonood ng telebisyon sa antas ng kahusayan ng pagsulat ng mga respondent sa nilalaman (.037); organisasyon (.193); bokabularyo (.177); at mekaniks (.241). Negatibo naman ang ugnayan nito sa aspetong gamit ng wika (-.114). Samantala, batay sa nakalkulang sig. value walang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng panonood sa telebisyon sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon.

Radyo

Karagdagan dito, ang pakikinig sa radio ay mayroong positibong kaugnayan sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga respondent batay sa nakalkulang r-value ng nilalaman (.048); organisasyon (.066); gamit ng wika (.073); at mekaniks (.168); samantala negatibo naman ito sa bokabularyo (-.032). Wala namang makabuluhang kaugnayan ang dalas ng pakikinig ng radio sa antas ng kahusayan sa pagsulat ng komposisyon batay sa resulta ng sig. value.

**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY**

The National Center for Teacher Education

Pahayagan

